



Malugod na pagdating
sa komunidad.

Pinagsamang Ebidensya ng Pagsakop
at Form ng Pagsisiwalat

California

Medi-Cal



UnitedHealthcare Community Plan complies with Federal civil rights laws. UnitedHealthcare Community Plan does not exclude people or treat them differently because of race, color, national origin, age, disability, or sex.

UnitedHealthcare Community Plan:

- Provides free aids and services to people with disabilities to help you communicate with us, such as:
 - Qualified sign language interpreters
 - Written information in other formats (large print, audio, accessible electronic formats, other formats)
- Provides free language services to people whose first language is not English, such as:
 - Qualified interpreters
 - Information written in other languages

If you need these services, please call the toll-free member phone number listed on your member ID card.

If you believe that UnitedHealthcare Community Plan has not given you these services or treated you differently because of race, color, national origin, age, disability, or sex, you can file a grievance with Civil Rights Coordinator by:

- Mail: Civil Rights Coordinator
UnitedHealthcare Civil Rights Grievance
P.O. Box 30608
Salt Lake City, UTAH 84130
- Email: **UHC_Civil_Rights@uhc.com**

You can also file a civil rights complaint with the U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights by:

- Web: Office for Civil Rights Complaint Portal at
<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>
- Mail: U.S. Dept. of Health and Human Services
200 Independence Avenue SW
Room 509F, HHH Building, Washington, D.C. 20201
- Phone: Toll-free 1-800-868-1019, 1-800-537-7697 (TDD).

We provide free services to help you communicate with us. Such as, letters in other languages or large print. Or, you can ask for an interpreter. To ask for help, please call the toll-free member phone number on your health plan member ID card, TTY 711, Monday through Friday, 7:00 a.m. to 7:00 p.m.

English

ATTENTION: If you do not speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call **1-866-270-5785, TTY: 711**.

Spanish

ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al **1-866-270-5785, TTY 711**.

Vietnamese

LƯU Ý: Nếu quý vị nói Tiếng Việt, chúng tôi có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí cho quý vị. Vui lòng gọi số **1-866-270-5785, TTY 711**.

Tagalog

ATENSYON: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, may magagamit kang mga serbisyo ng pantulong sa wika, nang walang bayad. Tumawag sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Korean

참고: 한국어를 하시는 경우, 통역 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. **1-866-270-5785, TTY 711** 로 전화하십시오.

Traditional Chinese

注意：如果您說中文，您可獲得免費語言協助服務。請致電 **1-866-270-5785**，或聽障專線 **TTY 711**。

Armenian

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե հայերեն էք խոսում, Ձեզ տրամադրվում են անվճար թարգմանչական ծառայություններ: Ձանգահարեք **1-866-270-5785** հեռախոսահամարով, **TTY. 711**.

Russian

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите по-русски, вы можете воспользоваться бесплатными услугами переводчика. Звоните по тел. **1-866-270-5785, TTY 711**.

Farsi

توجه: اگر به فارسی صحبت می کنید، خدمات ترجمه به صورت رایگان در اختیارتان قرار می گیرد. با **1-866-270-5785 (TTY 711)** تماس بگیرید.

Japanese

ご注意：日本語をお話しになる場合は、言語支援サービスを無料でご利用いただけます。電話番号 **1-866-270-5785**、または **TTY 711** (聴覚障害者・難聴者の方用) までご連絡ください。

Mon-Khmer

បំរុងប្រយ័ត្ន៖ ប្រសិនបើលោកអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ លោកអ្នកអាចរកបានសេវាកម្មជំនួយផ្នែកភាសាដោយឥតគិតថ្លៃបាន។ សូមទូរស័ព្ទមកលេខ **1-866-270-5785, TTY: 711**។

Hmong

CEEB TOOM: Yog koj hais Lus Hmoob, muaj kev pab txhais lus pub dawb rau koj. Thov hu rau **1-866-270-5785, TTY 711**.

Punjabi

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। **1-866-270-5785, TTY: 711** ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

Arabic

تنبيه: إذا كنت تتحدث العربية، تتوفر لك خدمات المساعدة اللغوية مجاناً. اتصل على الرقم **1-866-270-5785**، الهاتف النصي **711**.

Hindi

ध्यान दें: यदि आप हिन्दी भाषा बोलते हैं तो भाषा सहायता सेवाएं आपके लिए निःशुल्क उपलब्ध हैं।
कॉल करें **1-866-270-5785, TTY 711.**

Thai

โปรดทราบ : หากท่านพูดภาษาไทย จะมีบริการให้ความช่วยเหลือด้านภาษาแก่ท่านฟรีโดยไม่มีค่าใช้จ่าย
โทร **1-866-270-5785, TTY: 711**

Maligayang Pagdating.

Maligayang Pagdating sa UnitedHealthcare Community Plan.

Mangyaring maglaan ng ilang minuto para repasuhin ang Handbook ng Miyembrong ito. Handa kaming sagutin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon ka. Makakahanap ka ng mga sagot sa karamihan ng mga tanong sa **myuhc.com/CommunityPlan**. O matatawagan mo ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**, 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Buod ng Plano.

Ang pinagsamang katibayan ng coverage at pagsisiwalat ay bumubuo lamang ng buod ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Dapat mong repasuhin ang kontrata na mayroon ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa California Department of Health Care Services upang matukoy ang eksaktong mga tuntunin at mga kondisyon ng coverage.

Kung nais mo ng kopya ng kontrata ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., mangyaring tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**.



Website myuhc.com/CommunityPlan



Address UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
4365 Executive Drive, Suite 500, San Diego, CA 92121
8880 Cal Center Drive, Suite, 300, Sacramento, CA 95826

Mahahalagang Numero ng Telepono

24/7 NurseLineSM **1-866-270-5785**

(maaaring tawagan 24-oras isang araw, 7 araw sa isang linggo)

TTY 711

Americans Disabilities Act (ADA) Information **1-800-514-0301**

TDD 1-800-514-0383

California Children's Services (CCS) **1-800-288-4584**

Child Health and Disability Prevention (CHDP) **1-800-993-2437**

Department of Health Care Services (DHCS) **1-916-445-4171**

DHCS Ombudsman Office **1-888-452-8609**

Department of Managed Health Care (DMHC) **1-888-466-2219**

TDD 1-877-688-9891

Department of Social Services **1-800-952-5253**

TTY 1-800-952-8349

Mga Opsyon sa Pag-aalaga ng Kalusugan:

Ingles 1-800-430-4263

Espanyol 1-800-430-3003

Mga Serbisyo para sa Miyembro

7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. (Pacific Standard Time) Lunes hanggang Biyernes. 1-866-270-5785

TTY (Hirap sa pagdinig)

Sacramento County Department of Human Assistance **1-888-747-1222**

Sacramento County Mental Health Crisis Line: **1-916-732-3637**

Sacramento County Adult Access (Mga dulugan para sa kalusugan ng pag-iisip)..... **1-916-875-1055**

San Diego County Department of Health and Human Services **1-866-262-9881**

San Diego County Mental Health Plan 24 oras na Access at Crisis Line **1-888-724-7240**

U.S. Behavioral Health Care Services, California **1-866-270-5785**

Ang Iyong Mga Tagabigay-Pangangalaga sa Kalusugan

Pangalan: _____ Telepono: _____

Pangalan: _____ Telepono: _____

Pangalan: _____ Telepono: _____

Emergency Room: _____ Telepono: _____

Botika/Parmasya: _____ Telepono: _____

Kung may mga tanong kayo tungkol sa plano sa kalusugan, mangyaring tawagan kami.

Ang aming numero ng telepono ng Mga Serbisyonang Pangmiyembro na libre ang tawag ay 1-866-270-5785;

(TTY 711, para sa hirap sa pagdinig).

Pagsisimula.

Maligayang Pagdating sa Komunidad.

Nasisiyahan kaming maging bagong miyembro ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang una naming prayoridad ay ang kalusugan mo. Ipinapaliwanag ng handbook na ito kung paano masusulit ang bago mong planong pangkalusugan. Para tumulong, gawin ang checklist na ito para sa bagong miyembro. Ito ang siyang magdadala sa inyo at sa inyong pamilya sa daan patungo sa magandang kalusugan.

1

Repasuhin ang ID Card ng Miyembro.

Ilang araw ang nakalipas, kumuha ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ID card (ID card ng Plano). Kung wala sa iyo ang iyong ID card ng Plano, owede kang mag-print ng isa sa myuhc.com/CommunityPlan. Ang card mo ay may logo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ito ang inyong member ID card ng Plano. Dapat kayong makatanggap ng hiwalay na ID card ng Plano para sa bawat miyembro ng inyong pamilya na naka-enrol sa aming plano.

Dalhin ang iyong ID card ng Plano kapag ikaw ay pumupunta sa doktor o kumukuha ng reseta. Ang card ay para lamang sa tao na nakapangalan sa card. Huwag ibibigay ang iyong card kahit kanino upang gamitin, kahit na sa pamilya mo. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang seksiyon ng **Mga ID Card ng Miyembro** ng handbook na ito.

2

Kumpirmahin o Pumili ng isang Pangunahing Tagapaglaan ng Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP).

Ang iyong ID card ng Plano ay maaaring mayroong pangalan ng doktor. Kung nakapagpatingin ka na sa doktor na ito at dusto mong patuloy na magpatingin sa doktor na ito, wala kang ibang kailangang gawin. Ito ang pangunahin mong doktor para sa lahat ng pangangailangan mo sa kalusugan. Gamitin ang card na ito para sa lahat ng benepisyo mo sa Medi-Cal. Kung mayroon ka ring Medicare, kailangan mong gamitin ang iyong Medicare ID Card para sa benepisyo mo na sakop sa ilalim ng Medicare.

Kung may pangalan ng doktor sa card mo ay hindi yung pinupuntahan mo, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro. Kung ang inyong card ay may nakasulat na **“Please call to select a PCP;”** mangyaring tumawag nang toll-free sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Tutulungan ka naming pumili ng doktor sa lugar mo. Kung may doktor ka na, sabihin sa kanila ang pangalan ng doktor mo. Kung nasa network namin ang doktor, maaari kang patuloy na magpatingin sa kanila.

3

Kumpletong Pagtatas sa Panganib sa Kalusugan.

Ikaw ay makakatanggap ng welcome na tawag mula sa amin. Tatawag kami upang talakayin ang lahat ng inyong mga benepisyo. Sisiguruhin namin na mayroon kang PCP. Tutulungan rin namin kayong gawin ang survey tungkol sa inyong kalusugan. Makakatulong ito sa amin na maunawaan ang inyong mga pangangailang pangkalusugan upang amin kayong mahusay na mapaglinkuran. Kung nais mo, maaari kang tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng libre sa **1-866-270-5785, TTY 711**, sa oras na pinakamahusay para sa iyo.

4

Mag-schedule muna ng appointment sa doktor mo.

Mahalagang magkaroon ng regular na mga wellness visit. Makipag-appointment ngayon sa inyong doktor. I-schedule ang eksaminasyon mo sa iyong tagapaglaan. Mahalagang magpa-eksamin sa loob ng 120 araw mula maging miyembro. Sa unang pagbisita mo, kukumpletuhin ng iyong PCP ang inisyal na Pagtatas ng Kalusugan. Tutulungan ng pagtatasang ito ang doktor na matukoy ang mga kasalukuyan mong pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan at pang-iwas na kalusugan.

5

Basahin ang Handbook ng Miyembro.

Matapos na iyong mapili ang iyong doktor at maisaayos ang iyong unang pagbisita, basahin ang handbook na ito. Sinasabi nito ang tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga programa para panatiliin kang malusog. Sinasabi din nito sa iyo ang inyong mga karapatan at mga responsibilidad.

vii

Talaan Ng Mga Nilalaman

Mahalagang Numero ng Teleponovi
Ang Iyong Mga Tagabigay-Pangangalaga sa Kalusuganvi
Pagsisimula	vii
Repasuhin ang ID Card ng Miyembro.	vii
Kumpirmahin o Pumili ng isang Pangunahing Tagapaglaan ng Pangangalaga (PPrimary Care Provider, PCP).	vii
Kumpletong Pagtatasa sa Panganib sa Kalusugan.	vii
Mag-schedule muna ng appointment sa doktor mo.	vii
Basahin ang Handbook ng Miyembro.	vii
Maligayang Pagdating sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.	1
Maligayang Pagdating.	1
Welcome na tawag.	1
Pag-enroll sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.	1
Mga Member ID card	2
Ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC card).	2
Tumutulong sa Iyo at Umaalalay	3
Tulong sa wika.	3
Mga Ibang Singil	3
Online na I-access ang Impormasyon Mo	4
Pamahalaan ang iyong impormasyon sa pag-aalaga ng kalusugan ng 24/7 sa myuhc.com.	4
Magagaling na dahilan para gamitin ang myuhc.com:	4
Pagkuha ng Pag-aalaga (Pagpili sa Mga Doktor at Mga Tagapaglaan; Pasilidad)	5
Nasa-Loob-ng-Network at Nasa-Labas-ng-Network na Mga Tagapaglaan	5
Ang Iyong Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga (PCP)	7
Pagpili ng Sertipikadong Nurse Practitioner o Sertipikadong Nurse Midwife bilang iyong PCP.	7
Pagpili ng Pederal na Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan o Federally Qualified Health Center (FQHC) bilang iyong PCP.	8
Pagpapalit ng Iyong PCP.	8
Pakikipag-appointment sa iyong PCP.	8
NurseLine SM – Ang iyong 24-Oras na Dulugan para sa Pangkalusugang Impormasyon	10

Hindi sigurado kung anong uri ng pag-aalaga ang kailangan mo?	10
Ano ang mga serbisyong NurseLine?	11
Pagpapatingin sa Espesyalista	12
Mga Umiiral na Referral sa isang Espesyalista.	12
Mga Espesyalista sa Kalusugan ng Kababaihan.	12
Mga Pangalawang Opinyon	13
Pagkuha ng Mga Serbisyong Pang-emergency na Pag-aalaga at Agarang Pag-aalaga. . 13	
Pang-emergency na pag-aalaga sa labas ng Lugar ng Serbisyo namin.	14
Mga emergency sa labas ng Estados Unidos.	15
Pag-aalaga Habang Buntis 15	
Programa sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga 15	
Pagpapatuloy sa Pag-aalaga 16	
Kapag umalis ang doktor mo sa aming network.	16
Kung bago ka sa aming planong pangkalusugan.	16
Mga kundisyon:	16
Ano ang Nasasakupan? Anong Pag-aalaga sa Kalusugan ang Makukuha Ko Mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.? 17	
Mga Serbisyong Acupuncture	19
Pag-abuso sa Alkohol/Droga.	19
Mga Serbisyo sa Hika.	19
Paggagamot sa Kalusugan sa Pag-uugali (BHT) para sa Autism Spectrum Disorder	19
Kalusugan Hinggil sa Pag-uugali	20
Mga Klinikal na Pagsubok para sa Kanser.	20
Pagsusuri sa Kanser.	20
Community-Based Adult Services (CBAS).	21
Mga Serbisyong Chiropractic	21
Mga Serbisyong Diabetiko.	21
Mga Pagbisita sa Tanggapan ng Doktor.	22
Mga Gamot at Medikasyon.	22
Durable Medical Equipment (DME).	22
Mga serbisyong Maaga at Panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggagamot (EPSDT)	23
Mga Serbisyong Pang-Emergency na Pag-aalaga.	23
Mga Produktong Nutrisyong Enteral.	23
Mga Serbisyong para sa Pagpapalano ng Pamilya.	23
Pagsusuri at Pagpapayo sa HIV.	25
Mga Serbisyo para sa Kalusugan sa Tahanan.	25
Pag-aalaga sa Hospisyo.	26
Pag-aalaga sa Ospital.	26
Mga Imunisasyon	27
Mga Serbisyo ng Laboratoryo (Lab).	27
Mastectomy.	27

Maternity na Pag-aalaga.	27
Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad.	28
Pag-aalaga sa Bagong Panganak.	28
Obstetrical/Gynecological (OB/GYN) na Pag-aalaga.	29
Occupational Therapy.	29
Physical Therapy.	29
Mga Serbisyo sa Pangangalaga at Paggagamot ng Paa.	29
Pangangalaga Bago Manganak.	30
Pang-iwas na Pag-aalaga	30
Mga Serbisyong Reconstructive Surgery.	30
Mga serbisyo para sa Seksuwal na Nakakahawang Sakit (STD).	30
Mga Serbisyong Skilled Nursing Facility (SNF).	31
Speech Therapy.	31
Mga Serbisyo ng Transportasyon.	31
Mga Serbisyo Para sa Mata.	33
Mga X-Ray na Serbisyo.	34
Mga ibang serbisyo na makukuha mo sa pamamagitan ng	
Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal	34
Mga serbisyo para sa ngipin	34
Kung nakatira ka sa Sacramento County: Pang-institusyong pangmatagalang pag-aalaga	34
Mga Karagdagang Benepisyo at Serbisyong Maaaring Magamit Mo	35
Mga American Indian – Mga Espesyal na Serbisyo	35
California Children’s Services (CCS).	35
Child Health and Disability Prevention (CHDP).	35
Pagsusuri sa Pagkalason sa Lead ng Bata.	35
Mga Kapansanang Developmental.	36
Programang Early Start.	36
Mga Pagtatasang Serbisyo ng Local Education Agency (LEA).	36
Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip.	36
Mga Organ Transplant – Pangunahing Organ Transplant, Hindi Kasama ang Kidney at Cornea.	37
Pediatric na Pang-araw na Pag-aalaga ng Kalusugan.	37
Paggamot sa Pamamagitan ng Pagdarasal.	37
Mga Serbisyo sa Lab ng Programang Pagsusuri ng Serum Alphafetoprotein.	38
Mga Serbisyong Targeted Case Management (TCM).	38
Tuberkulosis – Direktang Inobserbahang Therapy na Paggamot.	38
Programa para sa Mga Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata (Women, Infants, and Children (WIC)).	38
Mga Serbisyong Hindi Namin Nasasaklawan o ng Medi-Cal	40
Saklaw ng Inireresetang Gamot	40
Aming Formulary	41

Mga gamot na wala sa Formulary.	41
Mga gamot na inalis mula sa Formulary.	42
Maaaring saklawan ng mga ibang programa ng estado ang mga gamot mo.	42
Mga Specialty na Parmasyang Medikasyon	43
Ano ang specialty na medikasyon?	43
Ano ang specialty na parmasya? Bakit ko kailangang gumamit nito?	43
Ano ang Specialty na Programa ng Parmasya?	43
Mga Serbisyon Pang-Emergency na Pag-aalaga at Agaran na Pag-aalaga.	43
Hindi-emergency na pag-aalaga	44
Pang-emergency na pag-aalaga sa labas ng Lugar ng Serbisyo namin.	45
Mga emergency sa labas ng Estados Unidos.	45
Mga Serbisyo para sa Pangangalagang Agaran	45
Mga Serbisyo ng Tagapagsaling-Wika	46
Moral na Pagtangga	46
Mga Karapatan at Responsibilidad Mo	46
Komite ng Pamublikong Polisiya/Komite ng Pagpayo sa Mamimili,	
Mga Pagbabago sa Polisiya, at Pagkuha ng Mga Kopya	48
Komite ng Pamublikong Polisiya/Komite ng Pagpayo sa Mamimili.	48
Mga pagbabago sa polisiya.	48
Mga kopya ng mga polisiya.	48
Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado	48
Ano ang Isang Hinaing?	48
Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong isang hinaing?	49
Ano ang isang Apela?	49
Paano ako magsasampa ng apela sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.?	50
Pagpapatuloy sa pag-aalaga.	50
Pinabilis na apela — Ano ang magagawa ko kung kailangan ko ng agarang pag-aalaga? . . .	50
Department of Managed Health Care (DMHC)	50
Independiyenteng Medikal na Pagrepaso ng Mga Hinaing	51
Kailan magsasampa ng IMR.	52
Mga hindi agarang kaso.	52
Mga hindi agarang kaso.	53
Panlabas na Independiyenteng Pagrepaso (EIR)	53
Paano Ako Magsasampa ng Hiling sa Pagdinig ng Estado?	54
Mga Pagdining ng Estado	54
Pinabilis na Pagdinig ng Estado.	54

Kung Makatanggap ka ng Medical Bill	55
Workers' Compensation	56
Pananagutan ng Ikatlong Partido.	56
Pagpali ng Iyong Planong Pangkalusugan.	56
Hindi boluntaryong pag-alis sa pag-enroll.	57
Napabatid na Pahintulot	57
Mga habilin ng isang nabubuhay.	57
Isang matatag na kapangyarihan ng abogado para sa pag-aalagang pangakalusugan.	58
Americans with Disabilities Act	58
Patakaran sa Walang Diskriminasyon	58
Glosaryo/Mga Mahahalang Termino	59
Mga Pabatid ng Planong Pangkalusugan ukol sa mga Gawing may kaugnayan sa Pagkapribado	61
Pagpapalabas ng Protektadong Impormasyon	66
Form ng Hinaing at Apela.	67
Narito Kami Para sa Iyo	69

Maligayang Pagdating sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Maligayang Pagdating.

Maligayang pagdating sa komunidad. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay isang planong pangkalusugan na kalahok sa Medi-Cal. Nagbibigay kami ng pangkalusugang pagsaklaw sa pakikipagtulungan sa California Department of HealthCare Services (DHCS). Sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., makukuha mo lahat ng mga regular mong benepisyo at higit pang serbisyo nang wala kang gagastusin.

Ang handbook na ito ay nagbibigay ng impormasyon na may kaugnayan sa iyong pagsakop sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, na kinabibilangan rin ng iyong mga karapatan, mga responsibilidad at mga benepisyo bilang isang Miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Mangyaring basahin ang handbook na ito at itabi para sanggunian sa hinaharap.

Welcome na tawag.

Makakatanggap ka ng welcome na tawag mula sa isang kasapi ng aming team. Sasabihi namin sa iyo ang tungkol sa mga benepisyo mo. Ikokonekta ka namin sa doktor. Tutulungan rin namin kayong gawin ang survey tungkol sa inyong kalusugan. Matutulungan nito kaming malaman ang mga pangangailangan mo sa kalusugan para mas mabuti kang mapagsilbihan.

Maaaring may tanong ka bago mo makuha ang tawag namin. Matutulungan ka ng aming Mga Serbisyo para sa Miyembro. Masasagot namin ang inyong mga tanong at matutulungan kang makakuha ng pangangalaga. Maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro nang libre sa **1-866-270-5785 (TTY 711 para sa hirap sa pagdinig)**.

Ang oras ng aming Mga Serbisyo para sa Miyembro ay mula 7:00 a.m. – 7:00 p.m. (Pacific Standard Time) Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opsyal ng estado. Kung tumawag ka makalipas ang oras ng opisina, ang tawag mo ay sasagutin ng voicemail. Tatawagan ka ng kinatawan makalipas ang isang araw ng negosyo.

Pag-enroll sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Kung nararapat ka sa mga benepisyo ng Medi-Cal at gusto mong mag-enroll sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., maaari mong punan ang form ng pag-enroll. Makukuha mo ang form na ito mula sa Health Care Options. Ang Health Care Options ay sangay ng California Department of Health Care Services, at tinutulungan ang mga miyembro ng Medi-Cal na mag-enroll sa Medi-Cal Managed Care Health Plan. Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring pumili mula sa listahan ng mga planong pangkalusugan, kabilang ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang proseso ng pag-enroll ay maaaring abutin ng hanggang 45 days araw bago ka maging miyembro ng planong pangkalusugan.

Mga Member ID card

Dapat kang makatanggap ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ID card (ID card ng Plano) para sa bawat miyembro ng pamilya mong nasasakupan ng Medi-Cal at naka-enroll sa amin.

Repasuhin ang impormasyon sa bawat ID card ng Plano para masiguro na tama lahat. Kung hindi mo natanggap ang iyong ID card ng Plano, kung ang impormasyon ng iyong ID card ng Plano ay mali, kung mawala mo ang iyong ID card ng Plano, o kung may mga tanong ka, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro nang toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari mo ring tingnan at i-print ang iyong ID card ng Plano online sa **myuhc.com/CommunityPlan**.

Dalhin ang ID card ng Plano mo kapag pumunta ka sa doktor, ospital o parmasya at kapag kailangan mo ng Emergency ng Pag-aalaga o Agarang Pag-aalaga. **Kung hindi mo dala ang iyong ID card ng Plano, makakakuha ka pa rin ng mga serbisyo. Matatawagan kami ng iyong doktor, ospital, parmasya o ibang tagapaglaan ng pag-aalaga para makakuha ka ng pag-aalaga.**

Ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC card).

Noong naging miyembro ka ng Medi-Cal, pinadalhan ka ng Estado ng California ng ibang ID card. Ang card na ito ay tinatawag na Medi-Cal Benefits Identification Card, o “BIC card.” Huwag itapon ang iyong BIC card. Kailangan mo pa rin ang iyong BIC card. Nakakatanggap ka ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa amin at sa mga ibang pinagmulan, tulad ng mga ibang ahensiya ng pamahalaan ng estado. Tinatalakay ang mga serbisyong ito sa seksiyon ng Mga Karagdagang Benepisyo at Serbisyong Magagamit Mo sa handbook na ito. Kailangan mong ipakita ang iyong BIC card kung nais mong makuha ang mga benepisyo at serbisyong magagamit mo na hindi namin nasasakupan. Kung nawala mo o itinapon mo ang iyong BIC card, makipag-ugnay sa San Diego County Department of Health and Human Services o sa Sacramento County Department of Human Assistance sa numerong nakalista sa seksiyon ng Mahahalagang Numero ng Telepono ng handbook na ito. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Huwag kailanman ibigay ang iyong ID card ng Plano o ang iyong BIC card kanino mang iba. Huwag kailanman ipagamit ang iyong ID card ng Plano o ang iyong BIC card kanino mang iba. Kapag ginawa mo ito, maaaring panloloko ito. Maaari kang mawalan ng mga benepisyo mong Medi-Cal kapag pinahintulutan mo ang ibang taong gumamit ng mga ID card mo para makakuha ng pag-aalaga. Kapag mawalan ka ng mga benepisyong Medi-Cal, hindi ka namin mabibigyan ng pag-aalaga.

Tumutulong sa Iyo at Umaalalay

Maaari kang tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro anumang oras, anumang araw para sa tulong nang libre sa **1-866-270-5785 (TTY 711 para sa hirap sa pagdinig)**. Ang oras ng aming Mga Serbisyo para sa Miyembro ay mula 7:00 a.m. – 7:00 p.m. (Pacific Standard Time) Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opsiyal ng estado. Kung tumawag ka makalipas ang oras ng opisina, ang tawag mo ay sasagutin ng voicemail. Tatawagan ka ng kinatawan makalipas ang isang araw ng negosyo.

Tutulongan kayo ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa kahit anumang kaugnay sa inyong plano. Halimbawa, maaari nilang:

- Ipaliwanag ang iyong plano, mga opsyon at mga pagpipilian.
- Sagutin ang mga tanong tungkol sa kung paano makakakuha ng pag-aalaga.
- Tulungan ka sa anumang mga problema na mayroon ka sa iyong pangangangalagang pangkalusugan.
- Tulungan kang makapag-ayos ng masasakyan papunta at pabalik sa opisina ng iyong doktor o ospital.
- Tulungan kang makahanap ng Tagapaglaan ng Pangunahing Pag-aalaga (PCP) o baguhin ang iyong PCP kung kailangan mo ng bagong PCP para sa anumang kadahilanan.
- Tulungan kang magsampa ng hinaing o humingi ng Pagdinig ng Estado.

Kung kayo ay mayroong emergency, tumawag sa 911 para sa tulong, o pumunta sa pinakamalapit na emergency room upang kayo ay matingnan.

Tulong sa wika.

Maaari ka namin bigyan ng materyales sa isang wika o anyo na madali mong maunawaan. Mayroon kaming mga tagapagsaling-wika kung ang iyong doktor ay hindi nagsasalita ng iyong wika. Libre ito kapag nakipag-usap ka sa amin, sa iyong mga doktor, iyong parmasyotiko o mga ibang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan.

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Iuugnay kayo nila sa isang tagapagsaling-wika.

Kung ikaw ay nahihirapang makarinig, maaaring makatulong ang Telecommunications Relay Service (TRS). Pinahihintulutan nito ang mga taong may problema sa pagdinig o pananalita na makatawag sa telepono. Ang serbisyong ito ay libre. Tumawag sa 711 at ibigay sa kanilan ang toll free na numero ng telepono ng aming Mga Serbisyo para sa Miyembro na **1-866-270-5785, TTY 711**. At iuugnay ka nila sa amin.

Kung kailangan mo ng impormasyon sa ibang wika, tumawag sa aming Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari rin kayong makakuha ng impormasyon sa malalaking titik, Braille o mga audio tape. Para sa tulong na isalin o maunawaan ito, tumawag sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Mga Ibang Singil

Walang mga premium, prepayment na bayad, o pana-panahong pagbabayad: Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., hindi ka aatasang magbayad ng anumang mga premium, prepayment na bayad, o mga pana-panahong bayad.

Walang mga kabahagi sa bayad, kabahagi sa insurance, o maikakaltas para sa mga nasasakop na serbisyo: Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., hindi ka aatasang

magbayad ng anumang mga kabahagi sa bayad, kabahagi sa insurance o maikakaltas para sa mga nasasaklawang serbisyo sa ilalim ng UnitedHealthcare Community Plan.

Mga singil na Nasa-Labas-ng-Network: Kung makakuha ka ng pag-aalaga nang walang pahintulot mula sa mga doktor na wala sa aming network, maaaring kailangan mong bayaran ang bill. Kapag hindi namin binayaran ang mga serbisyong nilaan para sa tagapaglaang Nasa-Labas-ng-Networkk maaaring managot ka sa tagapaglaang iyon para sa gastusin sa mga serbisyo. Mangyaring maingat na repasuhin ang Nasa-Loob-ng-Network at Nasa-Labas-ng-Network na Tagapaglaan na seksiyon ng handbook na ito.

Walang mga pananagutan para sa mga sumang utang ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.: Ayon sa batas, ang bawat kontrata sa pagitan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at tagapaglaan ay magsasaad na sakaling nabigo ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na bayaran ang tagapaglaan, hindi ka mananagutan sa tagapaglaan para sa anumang sumang utang ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Kung gusto mong malaman kung paano namin binabayaran ang tagapaglaan mo para sa mga serbisyo, mangyaring makipag-ugnay sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Online na I-access ang Impormasyon Mo

Pamahalaan ang iyong impormasyon sa pag-aalaga ng kalusugan ng 24/7 sa myuhc.com.

Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., isang click lang ang layo mo mula sa lahat ng kailangan mo para pangasiwaan ang mga benepisyo mong pangkalusugan. Magrehistro sa myuhc.com. Ang mga kasangkapan at mga bagong tampok ay makakatipid ng oras mo at matutulungan kang manatiling malusog. Libre ang pagpaparehistro sa site.

Magagaling na dahilan para gamitin ang myuhc.com:

- Tingnan ang mga benepisyo mo.
- Maghanap ng doktor.
- Mag-print ng ID card ng Plano.
- Maghanap ng ospital.
- Tingnan ang kasaysayan ng claims mo.
- Subaybayan ang iyong medikal na kasaysayan, mga reseta at higit pa sa iyong personal na talaang pangkalusugan.
- Gawin ang sarili mong pagtatasa ng kalusugan.
- Matutong manatiling malusog.
- Makipag-chat sa nurse ng real-time.

Masulit ang pag-aalaga ng kalusugan mo. Magrehistro sa myuhc.com ngayon! Madali at mabilis ang pagpaparehistro. Pumunta lang sa **myuhc.com/CommunityPlan**, piliin ang “Register” sa home page, at sundin ang mga simpleng prompt. Ilang click lang ang layo mo mula sa pag-access sa lahat ng uri ng impormasyon.

Pagkuha ng Pag-aalaga (Pagpili sa Mga Doktor at Mga Tagapaglaan; Pasilidad)

PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN MO KUNG ALING MGA TAGAPAGLAAN O PANGKAT NG MGA TAGAPAGLAAN ANG MAKAKAPAGBIGAY SA IYO NG PAG-AALAGA SA KALUSUGAN.

Nasa-Loob-ng-Network at Nasa-Labas-ng-Network na Mga Tagapaglaan

May mga kasunduan kami sa mga doktor, espesyalista, ospital, parmasya at mga ibang tagapaglaan na magbigay ng pag-aalaga sa kalusugan sa aming mga Miyembro. Tinatawag ang mga itong mga “Nasa-Loob-ng-Network” na tagapaglaan. Maaari kang makakuha ng kopya ng aming network sa pamamagitan ng pagtawag sa departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, at humingi ng kopya ng aming Direktoryo ng Tagapaglaan. Mahahanap mo rin ang mga tagapaglaan naming Nasa-Loob-ng-Network sa aming website sa **myuhc.com/CommunityPlan**.

Malalaman mo kung tumatanggap ang tagapaglaan ng mga bagong pasyente sa pamamagitan ng kopya ng Direktoryo ng Tagapaglaan o sa aming website.

Mahahanap mo ang sumusunod sa aming Direktoryo ng Tagapaglaan:

- Mga pangalan ng tagapaglaan.
- Numero ng tagapaglaan.
- Mga numero ng telepono.
- Mga address.
- Mga wikang sinasalita.
- Pagkakaroon ng mga lokasyon ng serbisyo.
- Pagkakaroon ng mga lokasyon ng tanggapan ng tagapaglaan, kabilang ang paradahan, banyo, mga kuwarto ng eksaminasyon, atbp.

Ang Nasa-Labas-ng-Network na tagapaglaan ay isang tagapaglaan na walang kasunduan sa amin na magbigay ng pag-aalaga sa aming mga Miyembro. Kung makakuha ka ng pag-aalaga nang walang pahintulot mula amin mula sa mga doktor na wala sa aming network, maaaring kailangan mong bayaran ang bill.

Sa karamihan ng kaso, dapat kang kumuha ng pag-aalaga mula sa Nasa-Loob-ng-Network na tagapaglaan. May mga sitwasyon kung saan ka maaaring magpatingin sa tagapaglaan na Nasa-Labas-ng-Network at higit na tatalakayin ito sa kabuuan ng handbook na ito. Halimbawa, hindi mo kailangang magpatingin sa Nasa-Loob-ng-Network na tagapaglaan para sa Pang-emergency na Pag-aalaga o para sa Agarang Pag-aalaga sa labas ng Lugar ng Serbisyo namin. Tingnan ang seksiyon ng Pang-emergency na Pag-aalaga at Mga Agarang Pag-aalagang Serbisyo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa mga tagapaglaang Nasa-Loob-ng-Network at Nasa-Laba-ng-Network, maaari ka ring tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Tandaan: Ang ilang mga ospital at ibang tagapaglaan ay hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunid na serbisyo na maaaring masakop sa ilalim ng kontrata ng plano mo na maaaring kailanganin mo o ng miyembro ng pamilya mo: pagpapalano ng pamilya; mga serbisyo sa paghahadlang sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na paghahadlang sa pagbubuntis; isterilisasyon, kabilang ang pagpapatali na kasabay ng labor at panganganak; mga paggamot sa pagkabaog o pagpapalaglag.

Dapat kang kumuha ng higit pang impormasyon bago ka mag-enroll. Tawagan ang nilalayo mong doktor, medikal na pangkat, independiyenteng samahan ng pag-practice, o klinika, o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig, tumawag sa 711) para masiguro na makakakuha ka ng mga serbisyo para sa pag-aalaga ng kakusugan na kailangan mo.

Ang Iyong Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga (PCP)

Kapag nag-enroll ka, tatalagahan ka ng Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) na malapit sa tahanan mo. Kung mayroon ka nang PCP at nasa network namin siya, itatalaga ka sa PCP na iyon. Maaaring piliin ng bawag nasasakupang miyembro ng pamilya ang sarili niyang PCP. Hindi kailangang parehong PCP ang piliin ng pamilya mo.

Kung buntis ka, maaari mong piliin ang iyong Obstetrician bilang iyong Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga (PCP).

Ang iyong Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) ay ang iyong doktor para sa personal na pag-aalaga. Ang PCP ay maaaring pampamilya o general practitioner, internist, pediatrician, o ibang uri ng tagapaglaan. Kung babae ka, maaari mong piliin ang OB/GYN bilang iyong PCP. Ang iyong PCP ay pinapakita sa ID card ng Plano mo.

Ang iyong PCP ang magbibigay o mamamahala ng karamihan ng pag-aalaga sa iyo. Walang mga limitasyon sa bilang ng beses na maaari kang magpatingin sa iyong PCP. Kausapin ang iyong PCP tungkol sa anumang problema sa kalusugan na mayroon ka. Sa unang pagbisita mo, kukumpletuhin ng iyong PCP ang Inisyal na Pagtataasa ng Kalusugan. Tutulungan ng pagtatasang ito ang doktor na matukoy ang mga kasalukuyan mong pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan at pang-iwas na kalusugan. Ipaalam sa PCP mo ang iyong kasaysayang medikal. Sabihin sa PCP mo ang tungkol sa sinumang Espesyalista kung saan ka nagpapatingin. Sundin lahat ng mga tagubilin ng PCP mo.

Bahagi ng mabuting kalusugan ang pagpapatingin sa PCP mo para sa mga checkup, kahit na wala kang sakit. Padadalhan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng paalala para malaman mo kung kailan magpapa-checkup.

Kung hindi maganda ang pakiramdam mo, tutulungan ka ng iyong PCP. Siguraduhing tawagan agad ang PCP mo.

Maaaring isangguni ka ng iyong PCP sa isang Espesyalista. Tutulungan ka ng PCP mo na makakuha ng paunang pag-apruba bago makakuha ng mga serbisyo na nangangailangan nito.

Kung hindi nagsasalita ng wika mo ang iyong PCP, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para sa tagapagsalin ng wika o para makahanap ng PCP na nagsasalita ng wika mo. Kukunan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng tagapagsalin ng wika nang wala kang gagastusin.

Pagpili ng Sertipikadong Nurse Practitioner o Sertipikadong Nurse Midwife bilang iyong PCP

Ang mga miyembro ay maaaring pumili ng Sertipikadong Nurse Practitioner o Sertipikadong Nurse Midwife (CNM) bilang Pangunahing Tagapaglaan ng Pag-aalaga. Maaaring magpatingin ang mga miyembro sa CNM na tumatanggap ng mga pasyente ng Medi-Cal sa labas ng Network. Para matuto pa, o para sa tulong na makahanap ng CNM o Sertipikadong Nurse Practitioner, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-866-270-5785, TTY 711.

Pagpili ng Pederal na Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan o Federally Qualified Health Center (FQHC) bilang iyong PCP.

Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., may karapatan kang makuha ang pangunahin mong pag-aalaga sa isang Pederal na Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC). Ang FQHC ay isang sentrong pangkalusugan na nakakatanggap ng pera mula sa pederal na pamahalaan. Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para sa mga pangalan at address ng Mga Pederal na Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan nasa aming network (Mga Nasa-Loob-ng-Network na tagapaglaan).

Pagpapalit ng Iyong PCP.

Maaari mong palitan ang iyong PCP na doktor anumang oras. Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Masisiyahan kaming tulungan kang maghanap ng bagong PCP. Maaari kang pumili ng bagong PCP mula sa aming online na Direktoryo ng Tagapaglaan. O maaari mong hilingin sa Mga Serbisyo para sa Miyembro na padalhan ka ng kopya ng Direktoryo ng Tagapaglaan nang libre. Kapag pumipili ng PCP, maaari mong pag-isipan ang kanilang espesyalidad, wika, lokasyon at kasarian. Karamihan ng mga pagbabago sa PCP mo ay magaganap sa unang araw ng susunod na buwan.

Pakikipag-appointment sa iyong PCP.

Kapag kailangan mong gumawa ng appointment, tawagan ang iyong PCP. Ang numero ng telepono ng PCP mo ay naka-print sa ID card ng Plano mo. Para pabilisin ang proseso, sabihin sa tanggapan ang:

- Pangalan ng iyong PCP.
- Pangalan mo.
- Ang numero ng ID mo (nasa iyong ID Card ng Plano).
- Ang pangalan ng taong nangangailangang magpatingin sa doktor.
- Bakit kailangan mong magpatingin sa doktor.

Maaari mong asahang makatanggap ng appointment sa iyong PCP sa loob ng mga sumusunod na panahon:

- Appointment para sa agarang pag-aalaga — sa loob ng 48 oras ng paghiling kapag hindi kailangan ng paunang pahintulot, at sa loob ng 96 na oras kung kailangan ng paunang pahintulot.
- Rutina/hindi-agarang appointment — sa loob ng 10 araw ng negosyo ng paghiling.
- Pagbisita ng walang sakit na bata — sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa paghiling.
- Mga eksaminasyon ng doktor at mga pagsusuri sa kaayusan — sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa paghiling.

Oras na kayo ay nakakuha ng appointment:

- Dumating sa tamang oras.
- Kung hindi ka makakadating sa appointment, tawagan agad ang doktor.

Kung kailangan mo ng tulong sa appointment, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Kung kailangan mo ng pag-aalaga at sarado ang tanggapan ng PCP mo. Kung mayroon kang emergency, tumawag sa 911. Tingnan ang seksiyon ng *Pang-emergency na Pag-aalaga at Mga Agarang Pag-aalagang Serbisyo* ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Kung kailangan mo ng pag-aalaga na hindi emergency at sarado ang tanggapan ng PCP mo, tumawag pa rin sa tanggapan ng PCP mo. Ang telepono ng inyong doktor ay sinasagot 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring matulungan ka ng taong sumasagot o padadalhan ang doktor mo o doktor na matatawagan ng mensahe at may tatawag sa iyo at kakausapin ka tungkol sa kung ano ang gagawin. Maaaring sabihan kang:

- Pumunta sa isang after-hours na klinika o sa isang sentro ng agarang pag-aalaga.
- Pumunta sa tanggapan ng PCP mo sa umaga.
- Pumunta sa Emergency Room (ER).
- Kumuha ng gamot mula sa parmasya mo.

Napapanahong Access sa Pag-aalaga

Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan, gusto naming makuha mo ang tamang pag-aalaga sa tamang panahon. Pinapakita ng talahanayan sa ibaba ang uri ng pag-aalagang makukuha mo, kailan gagamitin ang ganoong uri ng pag-aalaga at kailan mo maaasahang matingnan.

Uri ng Pag-aalaga	Kailan gagamitin	Kailan mo maaasahang matingnan
NurseLineSM	Tawagan ang aming mga registered nurse kung may tanong o inaalala kang pangkalusugan. Matutulungan ka nilang magpasya kung gagamutin ito sa bahay, magpapatingin ka sa iyong PCP, o kukuha ng agaran o pang-emergency na pag-aalaga.	Magagamit ang linya ng telepono 24-oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.
Pangangalaga sa Panahon ng Emergency	Para sa paggamot ng medikal o sikayatrikong (pag-iisip) na kundisyon na may napakalalang sintomas tulad ng aktibong labor o matinding kirot, na ang matalinong taong may kaalaman sa kalusugan o medisina ay makatwirang paniniwalaan na ang hindi pagkakaroon ng medikal na pag-aalaga ay maaaring: <ul style="list-style-type: none"> • Maglagay sa kalusugan mo o sa kalusugan ng iyong sanggol sa sinapupunan sa matinding peligro • Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan • Magdulot na ang bahagi ng katawan o organo ay hindi gumana ng mabuti. 	24-oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.
Agarang Pag-aalaga	Para sa mga sintomas na nangangailangan ng agarang atensiyon, pero hindi banata sa buhay	Sa loob ng 48 oras mula sa paghiling
Agarang Pag-aalaga	Mga serbisyo na nangangailangan ng paunang awtorisasyon	Sa loob ng 96 na oras mula sa paghiling
Unang Pagpapatingin Bago Manganak	Unang pagpapatingin bago manganak ang mga miyembrong buntis	Sa loob ng 2 linggo mula sa paghiling
Hindi Agarang Pangunahing Pag-aalaga (Rutinang Pag-aalaga)	Para sa mga sintomas na hindi nangangailangan ng agarang atensiyon	Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa paghiling

Espesyalista	Para sa paggamot mula sa tagapaglaan ng network na espesyalista sa partikular na uri ng medisina	Sa loob ng 15 araw ng negosyo mula sa paghiling
Mga Hindi Agarang Ancillary na Serbisyo	Para sa diyagnosis o paggamot ng pinsala, sakit, o ibang pangkalusugang kundisyon	Sa loob ng 15 araw ng negosyo mula sa paghiling

Aming Lugar ng Serbisyo

Bilang Miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., ang iyong Lugar ng Serbisyo ay ang county ng Sacramento o San Diego. Sa karamihan ng kaso, kailangan mong matanggap ang pag-aalaga mo sa inyong Lugar ng Serbisyo at mula sa Nasa-Loob-ng-Network na tagapaglaan. Dapat mong matanggap lahat ng rutina at regular na serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan sa Lugar ng Serbisyo. Ang rutina at regular na serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan na natanggap sa labas ng Lugar ng Serbisyo ay hindi nasasaklawan. Kailangan mo ng paunang awtorisasyon para sa anumang pag-aalaga na nasa labas ng Lugar ng Serbisyo ng Sacramento o San Diego County, maliban kung makatwiran mong pinaniniwalaan na nakakaranas ka ng medikal na emergency o kailangan ng mga agarang serbisyo. Maaari kang makatanggap ng Emergency na Pag-aalaga o Agarang Pag-aalaga kahit saan sa Estados Unidos. Walang sinasakupang mga serbisyo sa labas ng Estados Unidos, maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga na inaatas na maospital ka sa Mexico o sa Canada. Tingnan ang seksiyon ng Pang-emergency na Pag-aalaga at Mga Agarang Pag-aalagang Serbisyo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Kung kumukuha ka ng pag-aalaga mula sa tagapaglaan na hindi nakakontrata sa amin (isang Nasa-Labas-ng-Network na tagapaglaan) o sa labas ng iyong Lugar ng Serbisyo, maaaring padalhan ka ng tagapaglaan ng bill para sa pag-aalaga at maaaring kailanganin mong bayaran ang bill. Hindi ito totoo para sa Pag-emergency na Pag-aalaga, Agarang Pag-aalaga, Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya, Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot ng Menor-de-Edad, para sa sakit na seksuwal na nakakahawa (STD) at mga serbisyo sa pagpapasuri sa HIV at para sa pagwawakas ng pagbubuntis.

NurseLineSM — Ang iyong 24-Oras na Dulugan para sa Pangkalusugang Impormasyon

Hindi sigurado kung anong uri ng pag-aalaga ang kailangan mo?

Minsan, mahirap malaman kung anong uri ng pag-aalaga ang kailangan mo, kaya mayroon kaming lisensiyadong mga propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan na nariyan para tulungan ka sa telepono, 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo. Narito ang ilang paraan kung paano sila makakatulong sa iyo: Masasagutan nila ang mga tanong tungkol sa alalahanin sa kalusugan, at matuturuan ka tungkol sa pag-aalaga sa sarili sa bahay kung angkop. Mapapayuhan nila kayo kung dapat kayong kumuha ng medikal na pag-aalaga, at kung paano at saan makakakuha ng pag-aalaga (halimbawa, kung hindi ka sigurado kung ang kundisyon mo ay isang Emergency na Medikal na Kundisyon, matutulungan ka nilang magpasya kung kailangan mo ng Pan-emergency na Pag-aalaga o Agarang pag-aalaga at kung saan makukuha ang pag-aalagang iyon). Masasabi nila sa iyo kung ano ang gagawin kung kailangan mo ng pag-aalaga at sarado ang Tanggapan ng Planong Medikal.

Matatawagan mo ang isa sa mga lisensiyadong propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugang ito sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong toll-free na ito **1-866-270-5785 o TTY 711**. Kapag tumawag ka, maaari kang tanungin ng may kasanayang tagasuportang tao para malaman kung saan ididirekta ang tawag mo.

Ano ang mga serbisyong NurseLine?

Ang NurseLine ay naghahandog ng iba't ibang impormasyon at dulugang pangkalusugan. Ang mga registered nurse ay nagbibigay ng impormasyon at suporta para sa anumang pangkalusugang tanong o alalahanin.

Paano ito gumagana?

Tumawag sa numerong toll-free **1-866-270-5785** o **TTY 711** para sa may kapansanan sa pagdinig. Nakahanda ang mga nurse na talakayin ang mga inaalala mo sa kalusugan at sagutin ang iyong mga tanong.

Kailan ako maaaring tumawag?

Makakatawag ka sa toll-free na NurseLine anumang oras, 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. At walang limitasyon sa dami ng beses kung kailan ka makakatawag.

Paano ako matutulungan ng NurseLine?

Kung may sakit ka o napinsala, maaaring mahirap na gumawa ng mga pagpasya sa pag-aalaga ng kalusugan. Maaaring hindi mo alam kung pupunta ka sa Emergency Room, bibisita sa sentro ng agarang pag-aalaga, magpapatingin sa iyong doktor o gumamit ng sariling pag-aalaga. Matutulungan ka ng NurseLine nurse na magpasya. Maaaring gusto mo lang matuto pa tungkol sa usaping pangkalusugan. Sa NurseLine, isang tawag lang ang mga sagot.

Anong mga uri ng usapin ang matutugunan ng NurseLine?

Matutugunan ng mga nurse ang maraming pangkalusugang usapin. Kabilang sa mga ito ang:

- Mga maliliit na pagkapinsala.
- Mga karaniwang karamdaman.
- Mga tip sa sariling pag-aalaga at mga opsyon sa paggamot.
- Mga kamakailang diyagnosis at mga hindi-gumagaling na karamdaman.
- Pagpili ng medikal na pag-aalaga.
- Pag-iwas sa karamdaman.
- Nutrisyon at kalakasan ng katawan.
- Mga dapat itanong sa iyong doktor.
- Paanong ligtas iinumang gamot mo.
- Kalusugan ng mga lalaki, babae at mga kabataan.

Kung kayo ay mayroong emergency, tumawag sa 911 para sa tulong, o pumunta sa pinakamalapit na emergency room upang kayo ay matingnan.

Pagpapatingin sa Espesyalista

Kung kailangan mo ng pag-aalaga na hindi maibibigay sa iyo ng iyong PCP, maaari kang ipadala ng PCP mo sa espesyalista. Ang Espesyalista ay isang doktor o ibang propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan na sertipikado ng lupon, akreditado o kundiman ay kilala ng lupon ng mga manggagamot o parehong pangkat ng magkakasama, na may espesyal na kadalubhasaan sa partikular na klinikal na larangan ng practice para gamutin ang espesyal na problemang pangkalusugan. Tutulungan ka ng iyong PCP na mahanap ang tamang Espesyalista. Sa ilang kaso, kailangan mo ng referral mula sa PCP mo para magpatingin sa Espesyalista.

Ang Espesyalista mo ay dapat nasa aming network (isang Nasa-Loob-ng-Network na Espesyalista) kung posible ito. Makikipag-ayos kaming makatanggap ka ng mga serbisyo ng Espesyalista mula sa Espesyalistang nasa labas ng network kung walang Nasa-Loob-ng-Network na Espesyalista at natukoy na Medikal na Kailangan ito.

Kung ikaw ay may kumplikadong pangangailangan sa pag-aalaga, ang isang Espesyalista ay maaari mong maging PCP. Kung kailangan mo ito, tumawag sa Member Services sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Tutulungan ka naming makahanap ng Espesyalistang makakatugon sa mga pangangailangan mo.

Kung mayroon kang anumang tanong o kailangan ng impormasyon tungkol sa alinmang tagapaglaan o lokasyon ng pasilidad, anong mga serbisyo ang mailalaan nila o oras ng operasyon, mangyaring makipag-ugnay sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Mga Umiiral na Referral sa isang Espesyalista.

Kung may kundisyon o sakit ka na kinakailangan kang magpatingin sa Espesyalista ng maraming beses, mabibigyan ka ng iyong PCP ng umiiral na referral. Ang “umiiral na referral” ay nangangahulugang referral ng iyong PCP sa Espesyalista para sa mahigit sa isang pagbisita sa Espesyalista nang hindi kailangan ng PCP na magbigay ng partikular na referral sa bawat pagbisita. Mabibigyan ka rin ng PCP mo ng umiiral na referral kung ang kundisyon o sakit mo ay banata sa buhay, lumalala o nakakapinsala at kailangan mo ng pag-aalaga mula sa Espesyalista o sentro ng dalubhasang pag-aalaga dahil may kahusayan silang kailangan para gamutin ang kundisyon mo o sakit. Ang mga umiiral na referral para sa paggamit ng HIV/AIDS ay sa espesyalista ng HIV/AIDS.

Para makakuha ng umiiral na referaal, tawagan ang iyong PCP. Makikipagtulungan ang iyong PCP sa aming Medical Director at Mga Espesyalista para masiguro na makatanggap ka ng planong paggamot na batay sa mga medikal mong pangangailangan. Kung may anumang problema kang makakuha ng umiiral na referral, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig sa 711)**. Kung matapos kaming tawagan ay sa tingin mo hindi natugunan ang mga pangangailangan mo, maaari kang magsampa ng hinaing (reklamo) sa amin. Tingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado ng handbook na ito para sa impormasyon kung paano magsampa ng hinaing.

Mga Espesyalista sa Kalusugan ng Kababaihan.

Ang mga babaeng miyembrong kailangan ng pag-aalagang OB/GYN ay hindi kailangan ng referral mula sa kanilang PCP para magpatingin sa Nasa-Loob-ng-Network na OB/ GYN. Ang mga babaeng miyembro ay maaari ring piliin ang OB/GYN bilang kanilang PCP. Ang mga babaeng Miyembro ay maaaring makakuha ng mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya mula sa alinmang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan para ilaan ang mga serbisyonang ito. Hindi kailangan nasa network namin ang tagapaglaan (isang Nasa-Loob-ng-Network na tagapaglaan). Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig sa 711)**.

Mga Pangalawang Opinyon

May karapatan kang humingi ng at makakuha ng pangalawang opinyon mula sa kuwalipikadong propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan ng libre. Kasama sa karapatang ito ang mga pangalawang opinyon mula sa Mga Espesyalista. Ang sumusunod ay ilang dahilan kung bakit maaari kang makakuha ng pangalawang opinyon:

- Hindi ka sang-ayon sa plano ng paggamot ng iyong PCP na doktor Espesyalista.
- Hindi nasagutan ng iyong PCP na doktor o Espesyalista ang kundisyon mo o plano sa paggamot.

- Sinunod mo ang plano sa paggamot ng ilang panahon at hindi bumuti ang kalusugan mo.
- Hindi ka sang-ayon sa diyagnosis ng doktor mo ng banta sa buhay o hindi gumagaling na kundisyon.

Tawagan ang PCP mo kung gusto mo ng pangalawang opinyon. Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig, 711). Ang pangalawang opinyon ay dapat manggaling mula sa kuwalipikadong propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan sa aming network (isang tagapaglaan na Nasa-Loob-ng-Network), maliban kung walang kuwalipikadong propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan sa aming network na makakapagbigay ng pangalawang opinyon. Kung walang kuwalipikadong propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan sa aming network, aaprubahan namin ang pangalawang opinyon mula sa doktor sa labas ng aming network.

Kung may anumang problema na makuha ang iyong pangalawang opinyon, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig sa 711)**. Kung matapos kaming tawagan ay sa tingin mo hindi natugunan ang mga pangangailanga mo, maaari kang magsampa ng hinaing (reklamo) sa amin. Tingnan ang seksiyon ng *Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado* ng handbook na ito para sa impormasyon kung paano magsampa ng hinaing.

Pagkuha ng Mga Serbisyonang Pang-emergency na Pag-aalaga at Agarang Pag-aalaga

Mga Serbisyonang Pang-Emergency na Pag-aalaga

Ang Pang-emergency na Pag-aalaga sa sinasakupan dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo, saanman sa Estados Unidos. Walang sinasakupang mga serbisyo sa labas ng Estados Unidos, maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga na inaatas na maospital ka sa Mexico o sa Canada.

Kung emergency ito, tumawag sa 911, o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (naunang awtorisasyon). Ang pang-emergency na pag-aalaga ay para sa emergency na medikal na kundisyon. Ito ay para sa paggamot ng medikal o sikyatrikong (pag-iisip) na kundisyon na may napakalalang sintomas tulad ng aktibong labor o matinding kirot, na ang matalinong taong may kaalaman sa kalusugan o medisina ay makatwirang paniniwalaan na ang hindi pagkakaroon ng medikal na pag-aalaga ay maaaring:

- Maglagay sa kalusugan mo o sa kalusugan ng iyong sanggol sa sinapupunan sa matinding peligro
- Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan
- Magdulot na ang bahagi ng katawan o organo ay hindi gumana ng mabuti.

Kabilang sa mga halimbawa:

- Aktibong labor
- Baling buto
- Malalang kirot, lalo na sa dibdib
- Palalang pagkasunog
- Labis na dosis ng gamot
- Pagkahimatay
- Malalang pagdurugo
- Emergency na sikyatrikong kundisyon

Kabilang sa Mga Pang-emergency na Pag-aalagang serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyo ng ambulansiya, pagsasala, eksaminasyong serbisyo para malaman kung mayroong Pag-emergency na Medikal na Kundisyon, at ang paggamot o operasyong kailangan para maibsan o maalis ang Pang-emergency na Medikal na Kundisyon.

Ang mga halimbawa ng mga kundisyon na hindi emergency ay, ngunit hindi limitado sa, mga sipon, trangkaso, masakit na lalamunan, at masakit na tainga.

Huwag tumawag sa 911 para sa mga problemang hindi emergency. Tawagan ang iyong PCP na doktor.

Huwag gamitin ang emergency room ng ospital para sa pag-aalagang hindi emergency.

Huwag gamitin ang ambulansiya kung wala kang tunay na emergency. Kung gumamit ka ng ambulansiya kung wala kang tunay na emergency na kundisyon, maaaring tanggihan naming bayaran ito.

Kung hindi ka sigurado kung mayroon kang emergency, tawagan ang iyong PCP. Kung sarado ang tanggapan ng PCP mo, may sasagot sa tawag. O tumawag sa aming NurseLine ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari kang tumawag sa aming NurseLine dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo. Ang mga registered nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta para sa mga pangkalusugan mong tanong at alalahanin.

Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras matapos makatanggap ng pang-emergency na pag-aalaga, o sa lalong madaling panahon na magawa mo. Maaari mong patawagin sa amin ang kawani ng emergency para sa iyo.

Pang-emergency na pag-aalaga sa labas ng Lugar ng Serbisyo namin.

Kung mayroon kang emergency at nasa labas ka ng aming Lugar ng Serbisyo (sa county ng Sacramento o San Diego), pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa pag-aalaga. Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras matapos makatanggap ng pang-emergency na pag-aalaga, o sa lalong madaling panahon na magawa mo. Maaari mong patawagin sa amin ang kawani ng emergency para sa iyo. Kapag nakatanggap ng mga serbisyong Pang-emergency na Pag-aalaga sa labas ng aming Lugar ng Serbisyo, tanging mga emergency na serbisyo ang nasasaklawan. Walang sinasakupang mga serbisyo sa labas ng Estados Unidos, maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga na inaatas na maospital sa Canada at Mexico.

Kung napasok ka sa ospital na hindi nakakontrata sa amin, (isang Nasa-Labas-ng-Network na ospital), may karapaan kaming ilipat ka sa sandaling medikal na ligtas itong gawin. Dapat ibigay ng iyong PCP na doktor ang kasunod mong pag-aalaga matapos kang umalis sa ospital.

Mga emergency sa labas ng Estados Unidos.

Kung may emergency ka at nasa labas ka ng Estados Unidos, ang mga pang-emergency na serbisyo ay nasasakupan sa Mexico o Canada.

Mga Serbisyo para sa Pangangalagang Agaran

Ang mga serbisyo para sa Agarang Pag-aalaga ay mga serbisyo na kailangan para maiwasan ang malalang pagsama ng kalusugan kasunod ang hindi nakikinitang medikal na kundisyon o pinsala. Ang mga serbisyong pang-Agarang Pag-aalaga ay para sa sakit, pinsala o kundisyon na hindi banta sa buhay ngunit kailangan agad ng medikal na pag-aalaga.

Magagamit mo ang mga serbisyo sa Agarang Pag-aalaga sa loob at labas ng aming Lugar ng Serbisyo (sa county ng Sacramento o San Diego). Subalit, kung nasa labas ka ng Estados Unidos, walang sinasakupang mga serbisyo maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga sa Mexico o sa Canada.

Kung hindi ka sigurado kung may emergency ka o kung gagana para sa iyo ang Agarang Pag-aalaga, tawagan ang iyong PCP. Kung sarado ang tanggapan ng PCP mo, may sasagot sa tawag. Dapat kang makakuha ng appointment para sa Agarang Pag-aalaga sa loob ng apat-na-pung (48) oras. Maaari ka ring tumawag sa aming NurseLine ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari kang tumawag sa aming NurseLine dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo. Ang mga registered nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta para sa mga pangkalusugan mong tanong at alalahanin.

Kung ikaw o ang anak mo ay magkasakit makalipas ang oras ng tanggapan, hintayin hanggang magbukas ang tanggapan ng iyong PCP na doktor para makagawa ng appointment kung puwede. Maaari ka ring tumawag sa aming NurseLine ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari kang tumawag sa aming NurseLine dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo. Ang mga registered nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta para sa mga pangkalusugan mong tanong at alalahanin.

Pag-aalaga Habang Buntis

Kung buntis ka o nabuntis, mangyaring tumawag sa iyong PCP na doktor o OB/GYN kung hindi ka nakakatanggap ng pag-aalaga na kaugnay ng pagbubuntis mo. Maaari ka ring tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa 1-866-270-5785, TTY 711, para humingi ng tulong para makahanap ng OB/GYN na nasa network ng tagapaglaan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Programa sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga

Ikaw ba o ang miyembro ng pamilya mo ay may hika o diyabetes? Babaeng buntis ka ba na mataas ang peligro? Kailangan mo ba ng ekstrang tulong sa paggamit ng mga serbisyo o benepisyo? Kung oo, may mga programa sa pag-aalaga kami na para sa iyo.

Ang Mga Programa sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay holistic na pamamaraan para tulungan ang mga Miyembro naming mabuhay ng mga mas malulusog na buhay. Nagtatrabaho kami kasama mo at iyong PCP para panatiliin kayong malusog at itaguyod ang kaugnayan sa pag-aalaga ng kalusugan niyo.

Ang aming mga Tagapangasiwa ng Pag-aalaga ay nagbibigay ng suporta at tumutulong na turuan ka. Matutulungan ka nilang pangasiwaan ang mga serbisyo. Makikipagtulungan kami sa inyo at sa inyong PCP para makakuha ng pag-aalaga sa tamang tagapaglaan, sa tamang oras, sa tamang lugar. Kasama sa pangunahing Mga Programa sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga ang:

- Respiratoryong pag-aalaga na nakatuon sa hika o chronic obstructive pulmonary disease (COPD).
- Cardiac na pag-aalaga na nakatuon sa congestive heart failure, sakit sa puso o alata-presyon.
- Pag-aalaga sa diyabetes.
- Pag-aalaga sa transplant.
- Pag-aalaga sa HIV/AIDS.
- Pag-aalaga sa pagbubuntis na mataas ang peligro.

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga programang ito, tumawag ng toll free sa **1-866-270-5785**, **TTY 711**.

Pagpapatuloy sa Pag-aalaga

Kapag umalis ang doktor mo sa aming network.

Paminsan-minsan, maaari kaming humintong makipagtrabaho sa tagapaglaan (kabilang ang mga doktor, Espesyalista at mga ospital). Kapag nangyari ito, ipapaalam namin sa inyo sa lalong madaling panahong kaya namin. Maaaring hilingin niyong patuloy na magpatingin sa tagapaglaan niyo kapag sumang-ayon ang tagapaglaang iyon at ginagamot ka na para sa alinman sa mga kundisyon na nakalista sa ibaba, para sa pagpapatuloy ng pag-aalaga.

Kung bago ka sa aming planong pangkalusugan.

Kung kakasali mo pa lang sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., at ang kasalukuyan mong tagapaglaan (kabilang ang mga doktor, Espesyalista at ospital) ay hindi nauugnay sa amin, maaaring hilingin mo sa amin na patuloy kang magpatingin sa tagapaglaan mo kung nasa kalagitnaan ka ng paggamot o may mga nakatakdang pagpapagamot o mga procedure para sa alinman sa mga kundisyong nakalista sa ibaba, para sa pagpapatuloy ng pag-aalaga.

Mga kundisyon:

Ang pagpapatuloy ng pag-aalagang benepisyo ay para sa mga sumusunod na kundisyon:

- Malalang kundisyon. Ang malalang kundisyon ay isang medikal na kundisyon na biglaan at malubha, kailangan ng agarang medikal na atensiyon, at panandalian, halimbawa, pulmunya. Maaari kang patuloy na magpatingin sa tagapaglaan mo sa kundisyon na nagtatagal ang malalang kundisyon.
- Malubhang hindi gumagaling na kundisyon. Ang malalang hindi gumagaling na kundisyon ay medikal na kundisyong nagtatagal at kailangan ng patuloy na paggamot para mapanatili ka sa remission o maiwasan na lumala ito, halimbawa, malalang diyabetes o sakit sa puso. Maaari kang magpatuloy na magpatingin sa tagapaglaan mo sa panahon na kailangan para makumpleto ang kurso ng paggamot mo at mag-ayos ng ligtas na paglipat sa ibang tagapaglaan, pero hindi mas matagal sa 12 buwan.
- Pagdadalantao. Maaari kang patuloy na magpatingin sa tagapaglaan mo habang nagdadalantao ka at sa kasunod na panahong post-partum (anim na linggo makalipas manganak).
- Nakamamatay na sakit. Ang nakamamatay na sakit ay hindi gumagaling na kundisyon na mataas ang pagkakataong makamatay sa loob ng isang taon o mas maikli. Maaari kang patuloy na magpatingin sa tagapaglaan mo sa tagal ng sakit mo.
- Pag-aalaga sa bagong anak na bata sa pagitan ng edad ng pagkapanganak at 36 na buwan. Ang bata ay maaaring patuloy na magpatingin sa tagapaglaan ng hanggang 12 buwan.
- Nagpaopera ka o nagkaroon ka ng ibang procedure na pinahintulutan namin bilang bahagi ng nadokumentong kurso ng paggamot na nirekomenda at nadokumento ng tagapaglaan, halimbawa, operasyon sa tuhod o colonoscopy. Ang operasyon o ibang procedure ay dapat maitakdang maganap sa loob ng 180 araw mula sa panahong humitong magtrabaho para sa amon ng doktor o sa loob ng 180 araw ng panahong nagsimula ang pagsaklaw mo sa amin.

Ang tagapaglaan mo ay maaaring hindi sumang-ayon na magbigay ng serbisyo sa iyo. Kapag nangyari iyon, itatalaga ka sa bagong tagapaglaan o ipadadala ka sa bagong ospital para sa pag-aalaga.

Kung gusto mong manatili sa tagapaglaan mo o kung may anuman kang tanong tungkol sa pagpapatuloy sa pag-aalaga, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo ng Miyembro ng toll free sa

1-866-270-5785, TTY 711. Maaari kang humingi sa amin ng kopya ng aming polisiya sa pagpapatuloy sa pag-aalaga.

Ano ang Nasasakupan? Anong Pag-aalaga sa Kalusugan ang Makukuha Ko Mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.?

Ang mga medikal na serbisyong sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay pinapaliwanag sa seksiyong ito. Para sa karagdagang impormasyon at sa mga tanong tungkol sa kahit na ano sa seksiyong ito, mangyaring tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Medikal na Pangangailangan/Medikal na Kailangan

Para ang medikal na serbisyo ay masaklawan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., ang serbisyong medikal ay dapat benepisyong nasasaklawan ng Medi-Cal at dapat ay Medikal na Pangangailangan. Ang benepisyong sinasaklawan ng Medi-Cal ay medikal na serbisyong nasasaklawan ng Medi-Cal at namin. Ang Medikal na Kailangang medikal na serbisyo ay isang nasasaklawang serbisyo na makatwiran at kailangan para protektahan ang buhay, maiwasan ang kapansin-pansing sakit o kapansin-pansing kapansanan, o maibsan ang malalang kirot sa pamamagitan ng diyagnosis o paggamot ng sakit, karamdaman o pinsala.

Aming nirerepaso, binabago, inaaprubahan at tinatanggihan lahat ng mga nasasaklawang serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ayon sa Medikal na pangangailangan.

Tandaan: Ang ilang mga ospital at ibang mga tagappaglaan ay hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunod na serbisyo na maaaring masaklawan sa ilalim ng kontrata ng plano na maaaring kailanganin mo o ng miyembro ng pamilya mo. Maaaring kasama dito: Mga Serbisyong Pagpapalano ng Pamilya, mga gamot na pangontra sa pagbubuntis (contraceptive) at mga bagay tulad ng emergency na paghahadlang sa pagbubuntis, isterilisasyon (kabilang ang pagtatali sa panahon ng labor at panganganak), mga paggamot sa pagkabaog, o pagpapalaglag. Dapat kang kumuha ng higit pang impormasyon bago ka mag-enroll. Tawagan ang doktor, medikal na pangkat, klinika o samahan ng independiyenteng practice na iniisip mong piliin, o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para masiguro na makukuha mo ang mga serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan na kailangan mo.

Paunang Pahintulot

Lahat ng mga serbisyo ay nangangailangan ng aprubadong Paunang Pahintulot maliban kung tinutukoy ng benepisyong hindi kailangan ang Paunang Pahintulot.

Ang kahulugan ng “Paunang Pahintulot” ay magsusumite sa amin ang doktor mo ng hiling para sa mga serbisyo bago maibigay sa iyo ang pag-aalaga. Rerepasuhin namin ang Medikal na Pangangailangan ng hiling sa doktor mo para masiguro na angkop ito sa partikular mong sakit o kundisyon.

Kung ang serbisyo at hindi Medikal na Kailangan o hindi nasasaklawang benepisyong, maaaring tanggihan namin ang hiling sa Paunang Pahintulot. Kapag nangyari iyon, makakatanggap ka ng liham na nagsasabi sa

iyo kung bakit tinanggihan ang hiling. Maiaapela mo o ng doktor mo ang pagtanggaping ito. Ang ipapadala namin sa iyong liham ay magsasabi sa iyo kung paano mag-apela. Makakabasa ka ng higit pa tungkol sa mga apela sa seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado sa handbook na ito.

Pinoproseso namin ang rutina (normal, hindi agarang) Paunang Pahintulot na hiling sa limang (5) araw ng negosyo kapag natanggap namin lahat ng impormasyon. Kung ang medikal mong kundisyon ay maaaring magdulot ng napipinto at malalang banta sa kalusugan mo, o kung ang rutinang timeframe ay makakasama sa buhay o kalusugan mo o makakasama sa kakayahan mong magkaroon muli ng maximum na paggana, ang hiling sa Paunang Pahintulot ay ipoproseso namin sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras mula ng matanggap namin ito. Maproposeso naming ang hiling sa Paunang Pahintulot nang mas mabilis kaysa sa mga timeframe na ito kapag kailangan para sa mga medikal na kadahilanan. Pinoproseso namin agad ang mga hiling para sa agarang dalubhasang serbisyo sa pamamagitan ng telepono.

Kung hindi ka makakuha ng pag-apruba para sa serbisyo na kailangan ng Paunang Pahintulot bago mo matanggap ang serbisyo, maaaring kailangang bayaran mo ang serbisyo.

Hindi mo kailangan ng Paunang Pahintulot para sa mga serbisyong ito:

- Mga Emergency na Pag-aalagang serbisyo o Agarang Pag-aalagang serbisyo.
- Mga pagbisita sa PCP.
- Mga serbisyo ng sertipikadong nurse midwife kung ang tagapaglaang ito ay nasa aming network.
- Ang mga babaeng miyembro na nagpapatingin sa OB/GYN kung ang tagapaglaang ito ay nasa aming PCP network.
- Mga Serbisyong para sa Pagpapalano ng Pamilya.
- Mga Pang-iwas na Pag-aalaga sa Kalusugan na serbisyo.
- Mga serbisyo para sa seksuwal na nakakahawang sakit.
- Pagsusuri sa HIV.
- Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad.
- Pagwawakas ng pagbubuntis.
- Basic na pag-aalaga bago manganak mula sa doktor na nasa ating network, maliban kung nakakatanggap ka ng pag-aalaga bago manganak mula sa ibang doktor kapag naging miyembro ka namin.

Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyong Medikal ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, kung may mga tanong ka tungkol sa mga benepisyong at serbisyo mo, paano naaaprubahan ang mga serbisyo mo, o kung anong mga serbisyo ang nasasaklawan o hindi nasasaklawan. Maaari ka ring humingi ng kopya ng mga polisiya at pamamaraang ginagamit namin upang madetermina kung ang serbisyo ay Medikal na Pangangailangan.

Ang Mga Benepisyong Ito ay Sinasaklawan Namin (Medikal na Pangangailangan at Paunang Pahintulot Naaangkop Pa Rin ang Mga Inaatas)

Mga Serbisyong Acupuncture

Limitado sa dalawang serbisyo sa alinmang isang buwan sa kalendaryo. Maaaring may mga karagdagang serbisyong makukuha sa ilalim ng ilang sirkumstansiya. Magtanong sa doktor mo o Mga Serbisyo para sa Miyembro kung kailangan ng mga karagdagang serbisyo. Maaari kang tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785** para sa higit pang impormasyon.

Pag-abuso sa Alkohol/Droga.

Sinasaklawan namin ang pamamagitan sa krisis at mga serbisyong pangkalusugang edukasyon, at pag-aalaga sa ospital para sa malalang labis na pag-inom ng gamot. Sinasaklawan din namin ang mga serbisyo para sa Sakit sa Pag-aabuso sa Sangkap.

Mga Serbisyo sa Hika.

Sinasaklawan namin ang mga inhaler spacer, nebulizer (kasama ang facemask at tubing) at mga peak flow meter para sa tagapangasiwa at paggamot ng hika. Kasama rin ng benepisyo mo ang edukasyon kung paano tamang gamitin ang mga inhaler spacer, nebulizer at mga peak flow meter para sa hika.

Paggagamot sa Kalusugan sa Pag-uugali (BHT) para sa Autism Spectrum Disorder

May mga kasunduan kami sa Mga County ng San Diego at Sacramento kaugnay ng Autism Spectrum Disorder (ASD). Kasama sa paggamot na ito ay ang applied behavior analysis at iba pang mga batay-sa-katibayang mga serbisyo. Ang ibig sabihin nito na ang mga serbisyo ay narepaso na at nakitang gumagana. Ang mga serbisyo ay dapat paunlarin at panatiliin, hangga't maaari, ang araw-araw na pagkilos ng isang Miyembro na may ASD.

Ang mga serbisyong BHT ay dapat medikal na pangangailangan, nireseta ng lisensiyadong doktor o psychologist, aprubado ng plano at nilaan sa paraan na sumusunod sa aprubadong plano ng paggamot.

Maaari kang maging karapat-dapat para sa mga serbisyong BHT kung:

- Ikaw ay mas bata sa 21 taong gulang; at
- Na-diagnose na mayroong kang ASD; at
- Mayroong mga pag-uugaling nanghihimasok sa buhay sa tahanan at pamayanan. Kasama sa ilang mga halimbawa ay ang galit, pagkamarahas, pananakit sa sarili, paglalayas, o hirap sa kasanayan sa buhay, paglalaro at/o husay sa pakikipag-usap.

Hindi ka maaaring maging karapat-dapat para sa mga serbisyong BHT kung:

- Ikaw ay hindi medically stable; at
- Kailangan mo ng 24-oras na serbisyong medikal o pangangalaga; o
- Mayroong kapansanang intelektuwal (ICF/ID) at kailangan ng mga pamamaraan na ginagawa sa isang ospital o sa isang tagapagpamagitanang pasilidad ng pangangalaga.

Kalusugan Hinggil sa Pag-uugali

Sinasaklawan namin ang banayad hanggang katamtamang kundisyon ng kalusugan hinggil sa pag-uugali (mental). Sinasaklawan ng County of San Diego or Sacramento ang malalang kundisyon ng kalusugan hinggil sa pag-uugali (mental). Kung may mga tanong ka tungkol sa BHT pakitawagan kami sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Mga Klinikal na Pagsubok para sa Kanser.

Ang mga rutinang gastos ng mga klinikal na pagsubok sa kanser ay maaaring masaklawan kung may kanser ka. Ang klinikal na pagsubok para sa kanser ay isang pananaliksik na pag-aaral na kaugnay ang mga taong may kanser, at sinusubukang malaman kung ang bagong paggamot ay gumagana at ligtas. Para maging kuwalipikado para sa pagsaklaw na ito, dapat kang:

- Ma-diayagnos na may kanser,
- Masangguni sa klinikal na pagsubok para sa kanser ng doktor na nasa aming network,
- Makatanggap ng Paunang Pahintulot o pag-apruba mula sa amin, at
- Matanggap sa aprubadong klinikal na pagsubok para sa uri ng kanser mo. Nangangahulugan ito na ang klinikal na pagsubok para sa kanser ay dapat may makabuluhang potensiyal na mabenepisyuhan

ka at dapat ay maaprubahan ng National Institutes of Health, ng United States Food and Drug Administration (FDA), ng United States Department of Defense, o ng United States Department of Veterans Affairs.

Kung nararapat ka ngunit natanggihan ng pagsaklaw sa klinikal na pagsubol para sa kanser, may karapatan kang humingi ng Independent Medical Review (IMR). Pakitingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Pagsusuri sa Kanser.

Sinasaklawan namin lahat ng pangkalahatang medikal na tinatanggap ng mga pagsusuri sa kanser, kabilang ang:

- Pagsusuri para sa cervical na kanser, kabilang ang pagsusuri para sa human papillomavirus (HPV). Ang mga HPV na pagbabakuna para sa mga Miyembrong nasa edad na labingwalo (18) hanggang dalawampu't anim (26) ay nasasaklawan. (Para sa mga batang mas bata sa edad na labingwalo (18), ang mga HPV na bakuna ay nilalaan ng programang Vaccines for Children.)
- Mammography para sa pagsusuri sa kanser sa suso.
- Pagsusuri at diyagnosis ng kanser sa prostate.

Community-Based Adult Services (CBAS).

Ang CBAS ay serbisyong maaaring kuwalipikado ka kung mayroon kang mga problema sa kalusugan na nahihirapan kang alagaan ang sarili mo at kailangan mo ng ekstrang tulong. Kung kuwalipikado ka, ipapadala ka namin sa sentro ng CBAS na pinakamuting nakatutugon sa mga pangangailangan mo.

Makakatanggap ka ng nasasaklawang serbisyong CBAS nang walang singil. Kabilang sa mga serbisyong ito, ngunit hindi limitado sa:

- Mga pagkain.
- Pang-personal na pangangalaga.
- Pisikal na therapy.
- Occupational na therapy.
- Pag-aalaga ng dalubhasang nurse.
- Mga panlipunang serbisyo.
- Therapy sa pananalita.

Ang mga sentro ng CBAS ay naghahandog din ng pagsasanay at suporta sa pamilya mo at/o caregiver.

Maaaring kuwalipikado ka para sa CBAS kung:

- Ginamit mo ang mga serbisyong ito mula sa sentro ng Adult Day Health Care (ADHC) at naaprubahan kang makakuha ng CBAS.
- Sinangguni ka ng iyong doktor para sa pangunahing pag-aalaga sa CBAS at naaprubahan ka naming makakuha ng CBAS.
- Sinangguni ka para sa CBAS ng ospital, pasilidad ng dalubhasang nurse o ahensiya ng komunidad at inaprubahan ka naming makakuha ng CBAS.

Mga Serbisyong Chiropractic

Limitado sa dalawang serbisyo sa alinmang isang buwan sa kalendaryo. Ang mga serbisyo ay dapat ilaan sa isang Federally Qualified Health Center (FQHC) o Rural Health Clinic (RHC). Maaaring may mga karagdagang serbisyong makukuha sa ilalim ng ilang sirkumstansiya. Magtanong sa doktor mo o Mga Serbisyo para sa Miyembro kung kailangan ng mga karagdagang serbisyo. Maaari kang tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785** para sa higit pang impormasyon.

Mga Serbisyong Diabetiko.

Sinasaklawan namin ang mga serbisyong ito at mga supply kapag medikal na Kinakailangan para sa paggamot ng diyabetes:

- Insulin, glucagon, mga karayom at ilang niresetang medikasyon sa ilalim ng benepisyo para sa de-resetang gamot.
- Mga monitor para sa asukal sa dugo at mga testing strip para sa asukal sa dugo.
- Mga monitor para sa asukal sa dugo na dinesenyo na tulungan ang mga bulag o kundiman ay may kapansanan sa pagtingin.
- Mga insulin pump at lahat ng kaugnay na kailangang supply.
- Mga ketone urine testing strip.
- Mga lancet at mga lancet puncture device.
- Mga pen delivery system sa pangangasiwa ng insulin.
- Mga podiatric device para maiwasan o gamutin ang problema sa paa na kaugnay ng diyabetis.
- Mga hiringgilya ng insulin.
- Mga visual aid, hindi kasama ang eyewear, para matulungan ang may kapansanan sa paningin ng tamang pagdodosis ng insulin.

Ang mga miyembrong may diyabetis na mas bata sa dalawampu't isang (21) taong gulang at may diyabetis ay nararapat sa California Children's Services (CCS). Pakitingnan ang seksiyon ng *California Children's Services* section of thisg handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga Pagbisita sa Tanggapan ng Doktor.

Sinasaklawan namin ang mga sumusunod na serbisyo:

- Lahat ng rutinang pagbisita, eksaminasyon, paggamot at mga iniksiyon na nilaan sa iyo ng iyong doktor.
- Mga serbisyong natatanggap mula sa Espesyalista (alinsunod sa mga inaatas sa Paunang Pahintulot).
- Mga Programang Child Health and Disability Prevention (CHDP) na pagbisita sa doktor mo o natanggap mula sa mga programang nasa paaralan o programa ng county (Sacramento o San Diego). Pakitingnan ang seksiyon ng *Programang Child Health and Disability Prevention* ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon. O maaari kang tumawag sa CHDP sa **1-800-993-2437**.

Kapag nag-enroll ka sa amin, itatalaga ka sa Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) na malapit sa tahanan mo. Walang mga limitasyon sa bilang ng beses na maaari kang magpatingin sa iyong PCP. Mahalagang magpatingin sa iyong PCP para sa mga regular na checkup para matulungan kang manatiling malusog.

Mga Gamot at Medikasyon.

Sinasaklawan namin ang mga de-resetang gamot at over-the-counter na gamot na nasa aming Formulary. Sa ilang sitwasyon, maaari naming saklawan ang mga de-resetang gamot at mga over-the-counter na gamot na wala sa aming Formulary. Pakitingnan ang seksiyon ng Pagsaklaw sa De-resetang Gamot ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Durable Medical Equipment (DME).

Ang durable medical equipment (DME) ay kagamitan ng paulit-ulit na ginagamit ng taong napinsala o may sakit, ligtas na gamitin sa loob at labas ng tahanan, at sa pangkalahatan ay hindi kapaki-pakinabang sa mga taong walang sakit o pinsala. Ang kagamitan ng pangunahing ginagamit para sa ginhawa ay hindi DME.

Sinasaklaw namin ang DME kapag Medikal na Kinakailangan. Inuutos ng doktor mo ang DME. Nagpapasya kami kung uupahan o bibilhin ang DME, at kung saan namin uupahan o bibilhin ito. Sinasaklawan din naming ang pagmementina, pag-deliver at anumang mga kaugnay na supply. Sasaklawan namin ang mga

makatwirang pagkukumpuni, ngunit kung ang pagkukumpuni ay kailangan dahil sa maling paggamit ng DME, maaaring responsable ka sa mga pagkukumpuning iyon. Kapag mawala mo ang iyong DME, maaaring responsable kang palitan ito.

Narito ang ilang mga halimbawa ng DME na sinasaklawan namin. Mga halimbawa lang ito, at hindi kumpletong listahan.

- Mga monitor para sa apnea.
- Mga monitor para sa asukal sa dugo.
- Kagamitan para sa oxygen.
- Karaniwang baston na kurbada ang hawakan.
- Mga karaniwang crutch.
- Wheelchair.
- Mga hearing aid at baterya para sa mga hearing aid.
- Mga baterya para sa mga pacemaker.
- Mga colostomy bag, urinary catheter at supply.

Narito ang ilang mga halimbawa ng DME na hindi namin sinasaklawan. Mga halimbawa lang ito, at hindi kumpletong listahan.

- Mga pagbabago sa bahay o kotse mo.
- Muwebles.
- Mga mararangyang bagay.

Kung nararapat ang anak mo para sa pag-aalaga sa California Children's Services (CCS), ang anak mo ay makakatanggpa ng DME mula sa CCS. Tutulong kaming magkoordinang pag-refer sa CCS para sa inyo. Pakitingnan ang seksiyon ng California Children's Services section of this handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga serbisyong Maaga at Panahong Pagsusuri, Diagnostic at Paggagamot (EPSDT)

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag ding well-child na pagbisita. Kasama sa mga nasasaklawang pagbisitang ito ang mga pagsusuri sa kalusugan, diyagnosis, paggamot at mga iniksiyon para sa mga bata hanggang sa buwan ng kanilang ika-21 kaarawan. Kabilang sa mga serbisyo ng EPSDT ay:

- Mga pisikal na eksaminasyon
- Mga Imunisasyon
- Mga pagsusuri sa lab (ayon sa pangangailangan)
- Mga pagsusuri ng tingga
- Mga pagsusuri ng paningin
- Mga pagsusuri ng pagdinig
- Mga pagsusuri sa pagbuo ng kaisipan o Pag-uugali

Mga Serbisyong Pang-Emergency na Pag-aalaga.

Sinasaklawan namin ang mga Pang-emergency na Pag-aalaga dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo, saanman sa Estados Unidos. Sasaklawin din namin ang Emergency na Pag-aalaga kung ikaw ay nasa Canada o Mexico. Paki-tingnan ang seksiyon ng Pang-emergency na Pag-aalaga at Mga Agarang Pag-aalagang Serbisyo ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga Produktong Nutrisyong Enteral.

Para sa mga adult na miyembrong nasa edad na dalawampu't-isa (21) o mas matanda, sinasaklaw namin ang medikal na kailangang mga produktong nutrisyong enteral na binibigay sa pamamagitan ng feeding tube. Hindi namin sinasaklawan ang mga produktong dinadaan sa bibig para sa mga inborn na kamalian ng metabolismo at intestinal malabsorption na diyagnosis.

Para sa mga miyembro na mas bata sa dalawampu't isa (21) taong gulang, sinasaklawan namin ang mga tukoy na formula o mga produkto ng nutrisyon ng enteral kapag kinakailangang medikal kahit na hindi ito ibinibigay sa pamamagitan ng feeding tube.

Mga Serbisyon para sa Pagpapalano ng Pamilya.

Ang Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya ay ibinibigay sa mga Miyembro na nasa edad na puwedeng manganak upang pahintulutan ang mga ito na matukoy ang bilang at espasyo ng mga bata. Kabilang sa mga serbisyon ito lahat ng mga paraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na aprubado ng United States Food and Drug Administration (FDA). Bilang Miyembro, pipili ka ng doktor na malapit sa iyo at bibigyan ka ng mga serbisyon kailangan mo. Ang aming mga Doktor para sa Pangunahing Pag-aalaga (PCP) at mga OB/GYN na espesyalista ay nariyan para sa Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya. Para sa Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor o klinika na hindi konektado sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Babayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang doktor na iyon o klinika para sa matatanggap mong Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya. Ang toll-free na numero ng telepono ng Office of Family Planning ng DHCS (1-800-942-1054) ay nagbibigay ng konsultasyon ar referral sa mga klinika para sa pagpapalano ng pamilya.

Hindi mo kailangan ng Paunang Pahintulot para makatanggap ng Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya, kahit na ang tagapaglaan na pinili mo ay wala sa aming network.

Kasama sa Mga Serbisyon para sa Pagpapalano ng Pamilya ang:

- Ang edukasyon at pagpapayo sa kalusugan na kailangan mo upang matulungan kang gumawa ng mga may kabatirang mga pagpipilian at upang maunawaan ang mga pamamaraan ng paghadlang sa pagbubuntis.
- Limitadong kasaysayan at pisikal na eksaminasyon.
- Mga pagsusuri sa laboratoryo kung medikal na natukoy bilang bahagi ng proseso mo sa pagpapasya sa pagdesisyon kung anong mga pamamaraan sa paghahadlang sa pagbubuntis ang maaari mong gustong gamitin.
- Mga pildoras, aparato at supply sa paghadlang sa pagbubuntis.
- Follow-up na pag-aalaga para sa mga kumplikasyon na kaugnay ng mga pamamaraan sa paghadlang sa pagbubuntis na nilaan o nireseta ng tagapaglaan ng pagpapalano ng kalusugan ng pamilya.
- Pagsusuri sa pagbubuntis at pagpapayo, kabilang ang pagpapayo at mga operasyong procedure sa pagwawakas ng pagbubuntis (pagpapalaglag).
- Pagpapatali (para sa mga babae).
- Vasectomy (para sa mga lalaki).
- Diyagnosis at paggamot ng sakit na seksuwal na nakakahawa kung hindi medikal na natukoy.
- Screening, pagsusuri at pagpapayo ng mga indibiduwal na nasa peligro para sa HIV at pag-refer sa paggamot.

Tandaan: Ang ilang mga ospital at ibang mga tagapaglaan ay hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunod na serbisyo na maaaring masaklawan sa ilalim ng kontrata ng plano na maaaring kailanganin mo o ng miyembro ng pamilya mo. Maaaring kasama dito: Mga Serbisyon Pagpapalano ng Pamilya, mga gamot na pangontra sa pagbubuntis (contraceptive) at mga bagay tulad ng emergency na paghahadlang sa pagbubuntis, isterilisasyon (kabilang ang pagtatali sa panahon ng labor at panganganak), mga paggamot sa pagkabaog, o pagpapalaglag.

Dapat kang kumuha ng higit pang impormasyon bago ka mag-enroll. Tawagan ang doktor, medikal na pangkat, klinika o samahan ng independiyenteng practice na iniisip mong piliin, o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig, tumawag sa 711)** para masiguro na makukuha mo ang mga serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan na kailangan mo.

Ang mga nararapat na opisyal ay maaaring makipag-ugnay sa Office of Family Planning ng California Department of Health Care Services ng toll-free sa **1-800-942-1054** para makipag-usap kaninoman o makatanggap ng impormasyon sa Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya. Kung may mga tanong ka tungkol sa pagiging nararapat mo, mangyaring tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY para sa may kapansanan sa pagdinig, tumawag sa 711)**.

Mga Serbisyo Para sa Edukasyong Pangkalusugan.

Mayroon kaming mga programa para sa edukasyong pangkalusugan, mga serbisyo at materyales na makakatulong sa iyong mapabuti ang kalusugan mo at pamahalaan ang sakit. Magagamit mo ito ng libre. Marami sa materyales ay hinahandog sa magkakaibang wika at/o sa mga format para sa hirap makadinig at may kapansanan sa paningin. Kabilang sa mga paksa:

- Paanong mabisang gamitin ang mga serbisyo mo sa pag-aalaga ng kalusugan, na kasama ang impormasyon tungkol sa pinangangasiwaang pag-aalaga, prebensiyon at pangunahing mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan, pag-aalaga sa pagbubuntis at edukasyong pangkalusugan sa pangkalahatan.
- Paano babawasan ang peligro mong magkasakit at mapanatili ang malusog na pamumuhay, na kasama ang mga programa para matulungan kang huminto sa paninigarilyo, at matuto pa tungkol sa alkohol at paggamit ng droga, paghadlang sa pinsala, paghadlang sa seksuwal na sakit na nakakahawa, paghadlang sa HIV/AIDS, paghadlang sa pagbubuntis kapag ayaw mong mabuntis, nutrisyon, pagpunta sa at pagmementina ng malusog na timbang, ehersisyo at pagmamagulang.
- Pag-aalaga sa sarili at kung paano pamahalaan ang mga kondisyon ng kalusugan, na kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa mga gawain sa pag-aalaga sa sarili at paggamot para sa mga kasalukuyang karamdaman, malalang sakit o kundisyon sa kalusugan, kabilang ang mga programa para sa pagbubuntis, hika, diyabetis, at alta-presyon.

Hindi mo kailangan ng Paunang Pahintulot o referral mula sa doktor mo para makuha ang mga serbisyong ito; subalit, maaaring irekomenda ng doktor mo ang isa o higit pa sa mga serbisyong ito sa iyo.

Pagsusuri at Pagpapayo sa HIV.

Makakakuha ka ng kumpidensiyal na pagsusuri sa HIV mula sa alinmang tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan na lisensiyadong magbigay ng mga serbisyong ito. Hindi mo kailangan ng Paunang Pahintulot o referral mula sa iyong PCP o mula sa amin. Maaari kang tumawag sa amin para sa listahan ng mga kumpidensiyal na lugar sa pagsusuri. Narito ang ilang halimbawa ng mga lugar kung saan ka maaaring suriin para sa HIV ng kumpidensiyal:

- Iyong PCP o doktor.
- Mga tagapaglaan ng Serbisyong para sa Pagpapalano ng Pamilya.
- Lokal na departamentong pangkalusugan
- Mga prenatal na klinika.
- Ilang klinika sa San Diego/Sacramento County.

Ang mga menor-de-edad na 12 taon at mas matanda ay maaaring makakuha ng medikal na pag-aalaga para ma-diagnose o magamot ang HIV nang walang pahintulot ng magulang. Ang mga miyembrong may HIV o AIDS ay maaaring nararapat sa mga ibang programa na nagbibigay ng espesyal na pag-aalaga tulad ng California Children's Services Program at ang AIDS Medi-Cal Waiver Program.

Mga Serbisyo para sa Kalusugan sa Tahanan.

Sinasaklaw namin ang mga serbisyong nilaan sa tahanan ng tauhan ng pag-aalaga ng kalusugan na wala lang singil kung matugunan mo lahat ng mga sumusunod na inaatas:

- Makabuluhan kang hindi makakaalis sa tirahan kung saan ka nakatira.
- Ang medikal mong kundisyon ay nangangailangan ng mga serbisyong aprubado ng nurse, physical therapist, occupational therapist o speech therapist.
- Inaalam ng PCP mo na posible na ang pag-aalaga sa iyo ay masusubaybayan at makokontrol sa tirahan kung saan ka nakatira at ang mga serbisyo na kailangan niyo ay mailalaan ng ligtas at mabisa.
- Makukuha mo ang mga serbisyo sa aming Lugar ng Serbisyo.

Ang mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan sa tahanan ay limitado sa mga serbisyo na sinasaklawan ng Medi-Cal, tulad ng mga medikal na serbisyong panlipunan, mga medikal na supply, part-time na pantulong na pag-aalaga sa kalusugan sa tahanan, at part-time na dalubhasang pag-aalaga ng nurse. Ang pag-aalaga sa iyo ay maaaring ilaan ng mga tumutulong sa kalusugan sa tahanan, mga medikal na social worker, mga nurse, at/o mga physical, occupational o speech therapist.

Pag-aalaga sa Hospisyo.

Boluntaryo ang pag-aalaga sa hospisyo. Maaari kang makatanggap ng mga serbisyo sa pag-aalaga sa Hospisyo kung napatotohanan kang sertipikado na may nakamamatay na sakit na may taning na labing-dalawang (12) buwan o mas maikli kung ang sakit ay dumaan sa normal na kurso nito, at ikaw o ang kinatawan mo ay boluntaryong pumiling makatanggap ng mga serbisyo sa Hospisyo.

Ang pag-aalaga sa Hospisyo ay maaaring ilaan sa inyong tahanan o maaaring piliing maipasok sa pasilidad ng nursing. Kung napili mong matanggap ang pag-aalaga sa iyo sa pasilidad ng nursing, hindi ito ituturing na pangmatagalang pag-aalaga ay hindi mo mawawala ang pagiging nararapat mo sa amin, gaano man katagal ka umaasang manatili o talagang manatili sa pasilidad ng nursing.

Kung ikaw ay dalawampu't isa (21) o mas matanda at pinili mong makatanggap ng pag-aalaga sa Hospisyo, ipinaubaya mo lahat ng mga karapatan na kailangang ibigay sa iyo, o mabayaran, mga nasasaklawang serbisyo na kaugnay ng paggamot ng nakamamatay mong sakit. Kung mas bata ka sa edad na dalawampu't isa (21), ang pagpili ng pag-aalaga sa Hospisyo ay hindi magpapaubaya sa mga karapatang ito.

Kabilang sa pag-aalaga sa Hospisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga serbisyong nursing
- Mga serbisyo ng doktor
- Tulong sa kalusugan sa tahanan at mga serbisyo ng paggawa sa tahanan
- Mga medikal na supply at appliance
- Mga serbisyo sa pagpapayo, kabilang ang pagluluksa, kalumbayan, diyeta at ispirituwal na pagpapayo
- Pag-aalaga sa pagkontrol ng kirot o pamamahala ng sintomas

Anumang ibang palliative na bagay o serbisyong sinasaklawan ng programang Medi-Cal.

Pag-aalaga sa Ospital.

Ang pag-aalaga sa ospital ay mga serbisyong makukuha mo sa ospital, bilang inpatient o outpatient. Kabilang sa pag-aalaga sa ospital ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapalano sa paglabas.
- Inpatient na serbisyo.
- Intensive care.
- Mga serbisyo sa rehabilitasyon.

- Operating room at mga kaugnay na serbisyo ng pasilidad.
- Outpatient na serbisyo.

Maaaring mayroon kang aprubadong Paunang Pahintulot para makakuha ng mga serbisyo sa ospital, maliban kung para sa mga serbisyo sa ospital, maliban sa mga emergency o para sa mga serbisyong agarang pag-aalaga kapag nasa labas ka ng Lugar ng Serbisyo. Tandaan na walang serbisyo ng ospital ang sinasakupan sa labas ng Estados Unidos, maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga na inaatas na maospital ka habang ikaw ay nasa Canada o Mexico.

Mga Imunisasyon

Maaari mong makuha ang mga imunisasyon mo mula sa iyong tagapaglaan, sa lokal na departamento ng kalusugan o sa lokal mong parmasya.

Mga Serbisyo ng Laboratoryo (Lab).

Kabilang sa mga serbisyo ng lab ang pagsusuri sa dugo, mga throat culture, at mga pagsusuri sa ihi. Dapat gawin ang mga serbisyo ng lab sa tanggapan ng doktor na nakakontrata sa amin, ospital na nakakontrata sa amin o laboratoryo na nakakontrata sa main at dapat ay Medikal na Kailangan. Hindi namin sinasaklawan ang mga serbisyo n laboratoryo na nilaan sa ilalim ng programang pagsusuri ng Estadong serum alphafetoprotein na isinagawa ng California Department of Health Care Services.

Mastectomy.

Ang mastectomy ay operasyon para alisin ang suso para makatulong na gamutin o maiwasan ang kanser sa suso. Kasama sa mga serbisyo ang prosthesis at reconstructive na operasyon (pakitingnan ang seksiyon ng Reconstructive na Operasyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon).

Gagawin sa ospital ang serbisyong ito. Ikaw at ang doktor mo ay magpapasya kung gaano ka katagal kailangang manatili sa ospital batay sa Medikal na Pangangailangan.

Maternity na Pag-aalaga.

Kung buntis ka, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Gusto namin masiguro na makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo. Tutulungan ka naming piliin ang iyong doktor sa maternity na pag-aalaga na nakakontrata sa amin.

Sasaklawan namin ang mga serbisyong maternity na pag-aalaga:

- Pangangalaga bago manganak. Ang pag-aalaga bago manganak ay ang pag-aalagang makukuha mo habang buntis ka. Kasama sa pag-aalaga bago manganak ang mga regular na pagbisita sa doktor mo habang buntis ka (tinatawag ding mga pagbisita bago manganak), mga suplemento bago manganak, diyagnostikong pagsusuri at hetetikong pagsusuri.
- Pag-aalaga pagkatapos manganak. Ito ang pag-aalaga na makukuha mo sa anim na linggo makalipas ang panganganak sa sanggol mo.
- Pagpapayo sa nutrisyon.
- Pag-aalaga sa labor at panganganak.
- Diyagnostikong pagsusuri.
- Hetetikong pagsusuri.
- Inpatient na pag-aalaga ng apatnapu't walong (48) oras makalipas ang mga normal na vaginal na pagpapanganak. Ang mga mas matagal na pananatili ay dapat pahintulutan namin. Kung ikaw at ang doktor mo ay nagpapasya na maaari kang palabasin bago matapos ang apatnapu't walong (48) oras, sasaklawan namin ang matapos ang pagpapalabas na follow up na pagbisita para sa ina at bagong panganak kung ginawa ito sa loob ng apatnapu't walong (48) oras makalipas ang pagpapalabas.

- Ang inpatient na pag-aalaga sa siyamnapu't anim (96) na oras makalipas ang pagpapanganak sa pamamagitan ng Cesarean section (C-section). Ang mga mas matagal na pananatili ay dapat pahintulutan namin. Kung ikaw at ang doktor mo ay nagpapasya na maaari kang palabasin bago matapos ang apatnapu't walong (48) oras, sasaklawan namin ang matapos ang pagpapalabas na follow up na pagbisita para sa ina at bagong panganak kung ginawa ito sa loob ng apatnapu't walong (48) oras makalipas ang pagpapalabas.

Matapos manganak, makakatanggap ka ng tulong sa pagpapasuso at espesyal na kagamitan kung kailangan mo ito. Maaari kang magtanong sa doktor mo o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, kung may mga tanong ka.

Maaaring nararapat ka sin sa Programang Women, Infants and Children (WIC). Pakitingnan ang seksiyon ng Programang Women, Infants and Children (WIC) ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad.

Ang Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad ay magagamit para sa Mga Miyembro sa na mas bata sa edad na labingwalo (18). Ang Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad ay mga serbisyo na kaugnay ng:

- Seksuwal na pagsalakay, kabilang ang panggagahasa.
- Pang-aabuso sa droga o alkohol para sa mga batang labing-dalawang (12) taong gulang o mas matanda.
- Pagdadalantao.
- Pagpaplano ng pamilya.
- Mga seksuwal na nakakahawang sakit (STD) para sa mga batang labing-dalawang (12) taong gulang o mas matanda.
- Outpatient na pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan para sa mga batang labindalawang (12) taong gulang o mas matanda na mature na upang matalinong lumahok at kung alinman (1) mayroong panganib ng malubhang pisikal o mental na pinsala sa menor-de-edad o iba pa, o (2) ang mga bata ang mga pinaghihinalaang biktima ng incest o pang-a-abuso sa bata.

Hindi kailangan ang Paunang Pahintulot para matanggap ang mga serbisyong ito.

Ang mga miyembrong karapat-dapat para sa mga serbisyong ito ay hindi nangangailangan ng pahintulot o pagsang-ayon ng kanilang magulang o tagapag-alaga upang matanggap ang mga serbisyong ito.

Ang Mga Nararapat na Miyembro ay makakatanggap ng mga serbisyong ito mula sa anumang kuwalipikadong tagapaglaan ng Medi-Cal, kabilang ang mga tagapaglaan na wala sa aming network o nakakontra sa amin (tinatawag ding mga tagapaglaan na Nasa-Labas-ng-Network). Ang impormasyong ibinabahagi ng mga Miyembro sa tagapaglaan nila ay mananatiling kumpidensiyal, at hindi ibabahagi sa magulang o tagapag-alaga nang walang pahintulot ng Miyembro.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Pag-aalaga sa Bagong Panganak.

Ang iyong bagong panganak na sanggol ay dapat na makita ng isang doktor sa aming network para sa isang check-up sa loob ng tatlong araw pagkatapos ikaw ay nakauwi mula sa Ospital. Kung kailangan mo ng tulong na makahanap ng doktor sa aming network, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Ang iyong bagong panganak na sanggol ay sakop para sa buwan ng kanyang kapanganakan at para sa susunod na buwan. Ang pagsaklaw na ito ay nasa ilalim ng iyong Medi-Cal. Dapat mong i-enroll ang sanggol mo sa Medi-Cal para ipagpatuloy ang pagsasaklaw. Kapag in-enroll mo ang sanggol mo sa Medi-Cal, maaari mong piliin ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na ipatanggap sa sanggol mo ang kanyang Medi-Cal na pagsaklaw mula sa amin. Para i-enroll ang sanggol mo sa Medi-Cal, tawagan ang iyong eligibility worker. Kung hindi mo alam kung paano makikipag-ugnay sa iyong eligibility worker, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Obstetrical/Gynecological (OB/GYN) na Pag-aalaga.

Ang Mga Babaeng Miyembro ay hindi kailangan ng referral o pahintulot mula sa kanilang PCP o mula sa amin para magpatining sa OB/GYN na nakakontrata sa amin (tinatawag ding Nasa-Loob-ng-Network na tagapaglaan). Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Occupational Therapy.

Ang occupational therapy ay ginagamit para tulungan ang taong mapanatili o pabutihin ang mga pang-araw-araw na kahusayan sa pamumuhay makalipas ang pagkakasakit o kapansanan. Hanggang dalawang pagbisita para sa occupational therapy, speech therapy, audiology, o podiatry (pinagsama) sa alinman sa isang (1) buwan sa kalendaryo ay sinasaklawan.

Physical Therapy.

Gumagamit ang physical therapy ng mga ehersisyo para tulungan ang taong mapanatili o mapahusay ang mga kahusayan makalipas ang pinsala o pagkakasakit. Ang mga serbisyong physical therapy ay limitado ng programang Medi-Cal. Ang physical therapy ay isang saklaw na serbisyo lamang kung ang iyong doktor ay nag-iisip na ang iyong kundisyon ay makabuluhang mapabuti sa maikling panahon at kung ang physical therapy ay magpapanatili sa iyo sa labas ng ospital o paikliin ang iyong oras sa ospital.

Mga Serbisyo sa Pangangalaga at Paggagamot ng Paa.

Ang mga serbisyo sa pangangalaga at paggagamot ng paa ay mga serbisyo para sa paa mo. Ang mga serbisyo sa pangangalaga at paggagamot ng paa ay dapat ilaan sa isang Federally Qualified Health Center (FQHC) o Rural Health Clinic (RHC). Kailangan ang Paunang Pahintulot, maliban kung emergency ito.

Maliban kung emergency ito, tanging mga Miyembrong ito lang ang nararapat na makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga at paggagamot ng paa:

- a. Mga buntis na kababaihan kung bahagi ito ng kanilang pag-aalagang kaugnay ng pagbubuntis o para sa mga serbisyo para gamutin ang kundisyon na maaaring magdulot ng mga problema sa pagbubuntis.
- b. Mga bata o mga batang adult na 20 taong gulang at mas bata at nakakatanggap ng buong full scope na Medi-Cal.
- c. Mga taong nakatira sa lisensiyadong nursing home tulad ng isang Skilled Nursing Facility (SNF), Intermediate Care Facility (ICF), ICF for the Developmentally Disabled (ICF-DD) at Sub-Acute Facility.
- d. Kung ikaw ay dalawampu't isang (21) taong gulang o mas matanda at nagsimula ng kurso ng paggamot bago ka naging dalawampu't isa (21), maaaring ipagpatuloy ang benepisyo mo. Dapat iutos ng iyong podiatrist ang paggamot. Magtanong sa podiatrist mo o sa iyong Pangunahing Tagapaglaan ng Pag-aalaga.

Pangangalaga Bago Manganak.

Kung buntis ka, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Gusto namin masiguro na makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo. Tutulungan ka naming piliin ang doktor na nakakontrata sa amin.

Kasama sa pag-aalaga bago manganak ang mga regular na pagbisita sa doktor mo habang buntis ka (tinatawag ding mga pagbisita bago manganak), mga suplemento bago manganak, diyagnostikong pagsusuri at henetikong pagsusuri.

Pakitingnan din ang seksiyon ng Maternity na Pag-aalaga ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aalaga sa iyo sa pagbubuntis at matapos manganak. Pakitingnan ang seksiyon ng Pag-aalaga ng Bagong Panganak ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aalaga sa baby mo matapos siyang ipanganak.

Pang-iwas na Pag-aalaga

Kasama sa pang-iwas na pag-aalaga ang taunang well-check na pagbisita sa iyong PCP, rutinang imunisasyon, at nirerekomandang mga pagsusuri sa kalusugan. Kasama sa coverage ang, ngunit hindi limitado sa, screening para sa kolesterol, kanser sa suso, cervical at colon, depresyon, mataas na presyon ng dugo at diyabetis.

Ang mga babaeng miyembro ay maaaring makakuha ng pagsaklaw na pang-iwas na pag-aalaga mula sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan. Hindi mo kailangan ang isang referral mula sa iyong PCP upang makakuha ng mga serbisyong pang-iwas mula sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan.

Mga Serbisyong Reconstructive Surgery.

Ang reconstructive surgery ay operasyon upang ayusin o iwasto ang mga problema sa mga bahagi ng katawan na dulot ng mga tumor o sakit, impeksiyon, aksidente o trauma, o mga depekto ng kapanganakan o iba pang abnormal na pag-unlad. Sinasaklaw namin ang mga reconstructive surgery na mga serbisyo kung tinutukoy ng iyong doktor na ang operasyon ay makakagawa ng isang mas normal na hitsura o mapapabuti ang paraan ng pagana ng iyong katawan.

Kung lahat o bahagi ng suso mo ay inalis para sa kadahilanang Medikal na Pangangailangan, sasaklawan namin ang reconstructive surgery. Pakitingnan ang seksiyon ng mastectomy ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga serbisyo para sa Seksuwal na Nakakahawang Sakit (STD).

Kumpidensiyal ang mga serbisyong STD. Hindi mo kailangan ng referral o Paunang Pahintulot mula sa doktor mo o mula sa amin para makakuha ng mga serbisyong STD. Makakakuha ka ng mga serbisyong STD mula sa alinmang doktor o klinika. Ang doktor o klinika na pinupuntahan mo ay hindi kailangang Nasa-Loob-ng-Network. Babayaran mo ang serbisyong STD kahit na ang doktor o klinikang pinupuntahan mo ay Nasa-Labas-ng-Network. Kabilang sa mga serbisyo ng STD ang:

- Pagpapayo.
- Diyagnosis.
- Pang-iwas na pag-aalaga.
- Pagsasala.
- Pagsusuri.
- Paggamot.
- Follow-up na pag-aalaga.

Kung nasa pagitan ka ng edad na labingdalawa (12) at labingwalo (18), makakatanggap ka ng mga serbisyong STD nang walang pahintulot o pagpayag mula sa iyong magulang o tagapag-alaga. Tingnan ang seksiyon ng Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga Serbisyong Skilled Nursing Facility (SNF).

Ang SNF ay isang pasilidad na lisensiyadong magbigay ng inpatient na dalubhasang nursing na pag-aalaga, pangrehabilitasyong serbisyo o mga ibang kaugnay na serbisyong pangkalusugan. Sinasaklawan ang mga serbisyong SNF kapag medikal na kailangan at sinangguni ka ng PCP mo. Kabilang sa mga serbisyong SNF ang kuwarto at pagnanatili, serbisyo ng doktor at nurse at mga medikasyon at iniksiyon.

Sa Sacramento County, sinasaklawan namin ang mga serbisyong SNF para sa buwan kung kailan ka naipasok at sa susunod na buwan. Kung kailangan mong manatili nang mas matagal dito sa SNF, kailangang alisin ka sa pagkaka-enroll mula sa aming planong pangkalusugan at bibigyan ka ng Medi-Cal ng mga serbisyong ito. Kung naalis ang pagkaka-enroll mo sa aming planong pangkalusugan, padadalhan ka namin ng liham na nagsasabi sa iyo kung kailan matatapos ang pagsasaklaw mo sa amin at kung bakit matatapos ang pagsasaklaw. Kung hindi ka sang-ayon sa dahilan ng pagtatapos ng pagsasaklaw, maaari kang magsampa ng apela sa California Department of Managed Health Care (DMHC). Maaari mo ring hilingin na repasuhin ng California Department of Health Care Services (DHCS) ang sitwasyon mo. Pakitingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Sa San Diego County, sasaklawan namin ang mga serbisyong SNF para sa iyo hanggang Disyembre 31, 2017 (o gaano man katagal matutukoy ng Department of Health Care Services).

Speech Therapy.

Ang speech therapy ay ginagamit para tulungan ang taong may mga problema sa pananalita. Hanggang dalawang pagbisita para sa occupational therapy, speech therapy, audiology, o podiatry (pinagsama) sa alinman sa isang (1) buwan sa kalendaryo ay sinasaklawan.

Mga Serbisyo ng Transportasyon.

Mga serbisyong emergency na medikal na transportasyon (ambulansiya): Ang mga serbisyo sa emergency na medikal na transportasyon (ambulansiya) na nilaan sa pamamagitan ng “911” emergency response system ay sinasaklawan kapag Medikal na Kailangan.

Transportasyong para sa Hindi Medikal na Emergency: May karapatan kang gumamit ng Transportasyong para sa Hindi Medikal na Emergency o Non-Emergency Medical Transportation (NEMT) kapag pisikal at medikal kang hindi makakapunta sa medikal mong appointment gamit ang kotse, bus, tren o taksi at binabayaran ng plano ang medikal o pisikal mong kundisyon.

Ang NEMT ay isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o air transport. Ang NEMT ay hindi kotse, bus o taxi. Pinahihintulutan ng UnitedHealthcare Community Plan ang pinakamababang gastos sa NEMT para sa medikal mong pangangailangan kapag kailangan mo ng sasakyan para sa appointment mo. Nangangahulugan ito, halimbawa, na kung pisikal o medikal kang madadala gamit ang wheelchair van, hindi magbabayad ang UnitedHealthcare Community Plan para sa ambulansiya. May karapatan ka lang sa air transport kung hindi posible sa medikal mong kundisyon ang panlupang transportasyon.

Dapat gamitin ang NEMT kapag ito ay:

- Pisikal o medikal na kailangan ayon sa natukoy sa nakasulat na reseta ng doktor; o
- Hindi ka pisikal o medikal na makakagamit ng bus, taxi, kotse o van para pumunta sa appointment mo;
- Paunang naaprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan na may nakasulat na reseta ng doktor.

Para humingi ng NEMT, pakitawagan ang UnitedHealthcare Community Plan ng hindi bababa sa 3 araw ng negosyo (Lunes- Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang iyong ID card ng miyembro pagtawag mo.

Mga limitasyon ng NEMT

Walang mga limitasyon sa pagtanggap ng NEMT papunta sa o mula sa mga medikal na appointment na nasasaklawan sa ilalim ng UnitedHealthcare Community Plan kapag nireseta ito para sa iyo ng tagapaglaan.

Ano ang Hindi Naaangkop?

Kung pinahihintulutan ka ng iyong pisikal at medikal na kundisyon na makapunta sa medikal mong appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, taksi, o ibang madaling makuhang paraan ng transportasyon. Hindi ilalaan ang transportasyon kung ang serbisyo ay hindi nasasaklawan ng UnitedHealthcare Community Plan. Ang listahan ng mga nasasaklawang serbisyo ay nasa handbook ng miyembro na ito.

Gastos ng Miyembro

Walang gastos kapag pinahintulutan ang transportasyon ng UnitedHealthcare Community Plan.

Transportasyong Hindi Pang-Medikal

Maaari mong gamitin ang Transportasyong Hindi Pang-Medikal o Non-Medical Transportation (NMT) kapag ikaw ay:

- Nagbibiyahen papunta sa at mula sa appointment para sa nasasaklawang serbisyo ng UnitedHealthcare Community Plan na nireseta ng tagapaglaan mo.

Pinahihintulutan ka ng UnitedHealthcare Community Plan na gumamit ng kotse, taksi, bus o ibang pampubliko/pribadong paraan para pumunta sa medikal mong appointment para sa nasasaklawan ng planong medikal na serbisyo kabilang ang mileage reimbursement kapag ang transportasyon ay hindi pribadong sasakyang inayos ng benepisyaryo at hindi sa pamamagitan ng broker ng transportasyon, passes ng bus, voucker ng taksi o tiket sa tren. Pinahihintulutan ng UnitedHealthcare Community Plan ang pinakamurang halagang uri ng NMT para sa mga medikal mong pangangailangan na makukuha sa oras ng appointment mo.

Para humingi ng mga serbisyong NMT, mangyaring tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan sa 1-866-270-5785 o tumawag sa LogistiCare sa 1-844-772-6623 nang 3 man lang na araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahong kaya mo kung may agaran kang appointment. Pakihanda ang iyong ID card ng miyembro pagtawag mo.

Mga limitasyon ng NMT

Walang mga limitasyon sa pagtanggap ng NMT papunta sa o mula sa mga medikal na appointment na nasasaklawan sa ilalim ng UnitedHealthcare Community Plan kapag nireseta ito para sa iyo ng tagapaglaan.

Ano ang Hindi Naaangkop?

Hindi naaangkop ang NMT kapag:

- Medikal na kailangan ang ambulansiya, litter van, wheelchair van, o ibang uri ng NEMT para makapunta sa nasasaklawang serbisyo.
- Ang serbisyo ay hindi nasasakupan ng UnitedHealthcare Community Plan. Ang listahan ng mga nasasaklawang serbisyo ay nasa handbook ng miyembro na ito.

Gastos ng Miyembro

Walang gastos kapag pinahintulutan ang transportasyon ng UnitedHealthcare Community Plan.

Mga Serbisyo Para sa Mata.

Binabayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo para sa mata na ito, anuman ang edad mo:

- Para magpatingin sa doktor ng mata para suriin ang mga mata mo.
- Para magpasuri ng reseta para sa salamin.
- Para magpasuri ng reseta para sa mga contact lens kung may sakit ka sa mata.
- Para suriin ang kalusugan ng mga mata mo.
- Para suriin para makita kung mahina ang paningin mo.

Babayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyonang ito para sa mata kung ikaw ay dalawampu't isang (21) taong gulang o mas matanda at ikaw ay alinman sa (1) buntis at sinabi ng doktor mo na ang hindi pagkakaroon ng serbisyo ay makakasakit sa sanggol mo o sa pagbubuntis mo, o (2) nakatira ka sa nursing home:

- Bagong salamin o para ayusin ang salamin mo.
- Mga contact lens.
- Mga bagay na makakatulong sa iyong makakita nang mas mabuti (tulad ng mga magnifying glass).

Mga X-Ray na Serbisyo.

Sinasaklaw namin ang mga serbisyo ng x-ray kapag inayos ito ng isang doktor na kinontrata sa amin (isang Nasa-Loob-ng-Network na doktor) at ang serbisyo ay natanggap sa opisina ng doktor, isang ospital o isang laboratoryo, at Medikal na Kinakailangan.

Mga ibang serbisyo na makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal

Minsan, ang UnitedHealthcare Community Plan ay hindi sumasaklaw sa mga serbisyo, pero makukuha mo pa rin ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Para sa higit pang kaalaman, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-866-270-5785, TTY 711.

Mga serbisyo para sa ngipin

Sinasaklawan ng Medi-Cal ang mga serbisyo para sa ngipin na ito hanggang sa edad na 21:

- Diagnostic at pang-iwas na dental hygiene (hal. mga exam, x-ray, at paglilinis ng ngipin)
- Mga emergency na serbisyo para sa pagkontrol ng kirot;
- Pagbunot ng ngipin;
- Mga root canal na paggamot;
- Mga prosthetic appliance; at
- Orthodontics para sa mga batang kuwalipikado

Kung may mga tanong ka o nais mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tumawag sa Denti-Cal sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922). Maaari ka ring pumunta sa Denti-Cal website sa denti-cal.ca.gov.

Kung nakatira ka sa Sacramento County: Pang-institusyong pangmatagalang pag-aalaga

Kung nakatira ka sa Sacramento County, sinasaklawan ng UnitedHealthcare Community Plan ang pangmatagalang pag-aalaga para sa buwan kung kailan ka pumasok sa pasilidad at ang buwang pagkatapos noon. Hindi nasasaklawan ng UnitedHealthcare Community Plan ang pangmatagalang pag-aalaga kung mas matagal kang manatili. Sinasaklawan ng regular na Medi-Cal ang pananatili mo kung mas

matagal ito kaysa sa buwan matapos kang pumasok sa pasilidad. Para sa higit pang kaalaman, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**. (Ang mga miyembrong nakatira sa San Diego County ay maaaring patuloy na makatanggap ng pangmatagalang pag-aalagang pagsaklaw sa pamamagitan ng UnitedHealthcare Community Plan).

Mga Karagdagang Benepisyo at Serbisyon Maaaring Magamit Mo

Bilang Miyembro ng Medi-Cal, may mga benepisyo at serbisyo kang magagamit na hindi nilalaan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Sa halip, nilalaan ito sa iyo ng Medi-Cal o ibang programa ng estado. Ipinapaliwanag sa ibaba ang mga benepisyo at serbisyon ito. Matutulungan ka namin kung may mga tanong ka tungkol sa mga benepisyon ito at mga serbisyo. Tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Mga American Indian — Mga Espesyal na Serbisyo

Pag-enroll sa Medi-Cal Managed Care: Ang Mga American Indian ay hindi kailangang mag-enroll sa isang Medi-Cal managed care na plano. Ang mga American Indian na nag-enroll ay maaaring umalis sa plano nila anumang oras sa anumang dahilan at bumalik sa Fee-For-Service Medi-Cal.

Mga Indian Health Center at Native American Health Clinic: Ang mga American Indian ay maaaring piliing matanggap ang kanilang mga serbisyo sa pag-aalaga sa kalusugan mula sa Mga Indian Health Center at Mga Native American Health Clinic. Ang Mga American Indian na piniling gawin ito ay maaaring manatili sa o umalis sa pagka-enroll mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Tumawag sa Indian Health Services sa **1-916-930-3927** para matuto pa o pumunta sa kanilang website sa **www.ihs.gov**.

California Children's Services (CCS).

Ang CCS ay programa ng estado na tumutulong sa mga bata na mas bata sa edad na dalawampu't isa (21) na may ilang sakit, pisikal na limitasyon o hindi gumagaling na problema sa kalusugan. Para makakuha ng CCS, ang anak mo dapat ay may medikal na problema na sinasaklawan ng CCS, residente ng California, at nakatutugon sa mga inaatas na kita ng pamilya.

Kinikilala namin ang mga bata na mga nararapat sa CCS na kundisyon, makikipag-ayos para sa referral sa tanggapan ng CCS at magbibigay ng pamamahala ng kaso hanggang ang pagiging nararapat ng anak mo sa CCS ay naitaguyod. Patuloy naming bibigyan ang anak mo ng mga nasasaklawang serbisyo na hindi nilaan ng CCS.

Kung naka-enroll na ang anak mo sa CCS, pakitawagan kami. Maaari naming ayusin ang mga serbisyon CCS para magpatuloy, at makukuha ng anak mo ang mga serbisyon sinasaklawan namin na hindi nilalaan ng CCS.

Child Health and Disability Prevention (CHDP).

Binibigyan ng CHDP ang mga batang mas bata sa edad na dalawampu't isa (21) ng rutinang kumpletong pisikal na pagsusuri sa kalusugan. Kasama sa CHDP ang mga imyunisasyon, nutrisyon at edukasyon sa tabako, pagsusuri sa anemia, blood lead at tuberkulosis (TB), at pagsusuri sa paningin, dental at pagdinig. Maaaring makatanggap ang anak mo ng mga serbisyon CHDP sa pamamagitan ng kanyang PCP. Kung may mga tanong ka, tanungin ang PCP ng anak mo.

Pagsusuri sa Pagkalason sa Lead ng Bata.

Sinasaklawan namin ang screening na pagsusuri ng dugo para sa lead para sa Mga Miyembro na nasa edad na isa (1) at dalawa (2). Ang mga miyembrong nasuri na mas mataas sa partikular na lebel ng lead sa dugo ay isasangguni sa Childhood Lead Poisoning Prevention Program (CLPPP), California Children's Services (CCS), at/o lokal na departamento ng kalusugan.

Mga Kapansanang Developmental.

Maaaring nararapat ka sa mga serbisyo mula sa mga rehiyonal na sentro kung may developmental kang kapansanan. Kausapin ang iyong doktor o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para sa karagdagang impormasyon.

Programang Early Start.

Ang mga batang nasa edad na pagkapanganak hanggang tatlong (3) taong gulang na mayroong developmental delay o kapansanan o nataguyod na kundisyon sa peligro na may mataas na probabilidad ng pagreresulta sa antala, ay maaaring nararapat sa programang Early Start. Ang programang Early Start ay binubuo ng mga pangkat ng mga coordinator ng serbisyo, mga tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan, mga espesyalista sa maagang pamamagitan, therapist, at mga espesyalistang dulugan ng magulang na sumusuri at nagtatasa ng mga sanggol o toddler at nagbibigay ng angkop na maagang pamamagitan at serbisyong suporta sa pamilya para sa mga batang kuwalipikado mula sa pagkapanganak hanggang tatlong (3) taong gulang. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang Early Start, kausapin ang iyong doktor o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Mga Pagtatasang Serbisyo ng Local Education Agency (LEA).

Ang LEA ay nagbibigay ng ilang serbisyo sa pagtatasa ng kalusugan sa pamamagitan ng mga paaralan. Walang referral ng PCP ang kailangan para matanggap ang mga serbisyong ito.

Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip.

Sinasaklaw namin ang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan na Outpatient na ibinigay ng mga lisensiyadong mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na kumikilos sa loob ng saklaw ng kanilang lisensya para sa mga adult at mga bata na nasuri na may kondisyong mental na tinukoy ng Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders (DSM) na nagreresulta sa banayad hanggang katamtaman na pagkabalisa o pagpapahina ng mental, emosyonal, o paggana ng pag-uugali. Ang mga serbisyo ay maaaring ilaan ng iyong PCP, mga psychiatrist, psychologist, lisensiyadong mga klinikal na social worker, o ibang specialty na tagapaglaan ng kalusugan ng pag-iisip.

Kabilang sa mga serbisyo ang:

- Indibiduwal at pangkat na pagsusuri sa kalusugan ng pag-iisip at paggamot (psychotherapy)*
- Psychological na pagsusuri kapag klinikal na natukoy upang suriin ang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip.*
- Psychiatric na konsultasyon para sa pamamahalang medikal.*
- Screening at Maikling Pamamagitan (SBI).
- Outpatient na laboratoryo, mga supply at mga suplemento.
- Mga gamot (hindi kasama ang mga anti-psychotic na gamot na sinasaklawan ng Medi-Cal fee-for-service).

Ang mga serbisyo na isa hanggang tatlo () sa itaas ay ilalaan sa pamamagitan ng Optum Behavioral Health ng mga tagapaglaang nakakontrata sa OptumHealth Behavioral Solutions of California. Ang mga miyembro ay dapat makipag-ugnay sa UnitedHealthcare sa **1-866-270-5785** para sa impormasyon patungkol sa pagkuha ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ng pag-uugali.

Ang mga tagapaglaan ng pangunahing pag-aalaga (PCP) ay responsable sa screening and brief intervention (SBI) at pagsasagawa ng mga ebalwasyong kailangan para gumawa ng diyagnosis bago isangguni ang miyembro sa Optum Behavioral Health, County Mental Health, o ibang programa. Ang outpatient na laboratoryo, mga supply at mga nararapat na gamot ay pinangangasiwaan sa pamamagitan ng mga medikal na benepisyo ng Miyembro. Ang mga kasangkapan sa screening ay makukuha sa website ng DHCS at sa website ng aming tagapaglaan, at kasama ang Individual Health Education Behavioral Assessment (IHEBA).

Ang mga sumusunod na serbisyo para sa mga miyembrong may Serious Mental Illness (SMI) at/o Severe Emotional Disturbance (SED) na (mga) kundisyon ay hindi sinasaklawan ng UnitedHealthcare, subalit, magpapatuloy na masaklawan sa pamamagitan ng **County Mental Health system:**

Mga serbisyon outpatient para sa mga Miyembrong may SMI/SED

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip kabilang ang mga pagtatasa, development ng plano, therapy at rehabilitation, at collateral
- Suporta sa medikasyon
- Mga serbisyo sa paggamot sa araw at pang-araw na rehabilitation
- Pamamagitan sa krisis at istabilisasyon
- Nakatuong pamamahala ng kaso
- Mga therapeutic na serbisyo sa pag-uugali
- Mga residensiyal na serbisyo Mga adult na serbisyon residensiyal na paggamot
- Mga serbisyon residensiyal na paggamot sa krisis

Mga inpatient na serbisyo Malalang sikyatrikong inpatient na serbisyo sa ospital

- Mga sikyatrikong inpatient na propesyonal na serbisyo sa ospital
- Mga sikyatrikong pangkalusugang pasilidad na serbisyo

Bilang karagdagan, ang alkohol at drogang serbisyon pagpapagamot ay hindi nasasaklawan sa ilalim ng UnitedHealthcare. Subalit, ang pagsaklaw ay maaaring makuha sa pamamagitan ng mga programang County Alcohol and Other Drug (AOD).

Mga Organ Transplant — Pangunahing Organ Transplant, Hindi Kasama ang Kidney at Cornea.

Tinutukoy namin ang mga Miyembro na kinilala bilang mga pangunahing kandidato sa organ transplant (maliban sa bato at kornea) sa isang aprubadong sentro ng transplant na Medi-Cal. Sasaklawan namin ang pagsusuri na isinagawa ng sentrong transplant na inaprubahan ng Medi-Cal.

Ang mga miyembrong natanggap bilang mga kandidato ng transplant at aprubado ng Medi-Cal ay aalisin sa pagkaka-enroll mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ililipat sa Fee-For-Service (regular) Medi-Cal. Patuloy naming sasaklawan lahat ng Medikal na Kailangang serbisyo hanggang maalis sa pagkaka-enroll ang Miyembro.

Ang mga Miyembro na nararapat sa transplant sa pamamagitan ng California Children's Services (CCS) ay hindi maaalis sa pagkaka-enroll mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at hindi ililipat sa Fee-For-Service (regular) Medi-Cal.

Pediatric na Pang-araw na Pag-aalaga ng Kalusugan.

Hindi namin nasasakupan ang pediatric na pang-araw na pag-aalaga ng kalusugan.

Paggamot sa Pamamagitan ng Pagdarasal.

Hindi namin sinasaklawan ang paggamot sa pamamagitan ng pagdarasal o ispirituwal.

Mga Serbisyo sa Lab ng Programang Pagsusuri ng Serum Alphafetoprotein.

Hindi namin sinasaklawan ang mga serbisyo n laboratoryo na nilaan sa ilalim ng programang pagsusuri ng estado ng California na serum alphafetoprotein na isinagawa ng California Department of Health Care Services (DHCS).

Mga Serbisyon Targeted Case Management (TCM).

Ang mga serbisyon Targeted Case Management (TCM) ay mga serbisyo na nakakatuong sa mga Miyembro ng Medi-Cal Members sa loob ng partikular na mga target na pangkat na makakuha ng access sa kailangang medikal, panlipunan, pang-edukasyon at mga ibang serbisyo. Dedeterminahin namin kung kailangan mo ng mga serbisyon TCM at kung narapat, isasangguni ka namin sa angkop na rehiyonal na sentro o lokal na programang pangkalusugan ng pamahalaan para sa mga serbisyo ng TCM. Ikokoordina namin ang pag-aalaga sa iyo sa tagapaglaan ng mga serbisyon TCM mo at aalamin namin ang Medikal na Pangangailangan ng anumang diyagnostiko at paggamot na serbisyo na nirekomenda ng tagapaglaan ng mga serbisyon TCM mo na nasasaklawang serbisyo.

Tuberkulosis – Direktang Inobserbahang Therapy na Paggamot.

Ang mga Miyembrong na-diagnose na may aktibong tuberkulosis at nasa peligro ng hindi pagtupad sa (hindi kasunod) paggamot ay isasangguni sa lokal na departamento ng kalusugan para sa direktang inobserbahang therapy ng paggamot. Kasama sa mga Miyembrong nasa peligro ng hindi pagtupad ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga Miyembrong nagpakita ng pagtanggap sa maraming gamot.
- Mga Miyembro na nabigo ang paggamot o nabinat matapos makumpleto ang paggamot.
- Mga bata at mga nagbibinata/nagdadalaga.
- Mga miyembro na nagpakita ng hindi pagsunod sa nakaraan (halimbawa, nabigong pumunta sa mga appointment sa tanggapan).

Ibibigay namin lahat ng Medikal na Kailangang mga nasasaklawang serbisyo sa Mga Miyembro na nasa direktang inobserbahang therapy at sisiguruhin ang pinagsamang pamamahala ng kaso at koordinasyon ng pag-aalaga sa lokal na departamento ng kalusugan.

Programa para sa Mga Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata (Women, Infants, and Children (WIC)).

Ang WIC ay pederal na pinopondohang pangkalusugan at nutrisyong programa para sa mga kababaihan, mga sanggol at mga bata. Tinutulungan ng WIC ang mga pamilya sa pagbibigay ng mga tsekeng pambili ng masusustansiyang suplementong pagkain mula sa mga nagtitinda na awtorisado ng WIC, edukasyon sa nutrisyon at paghahanap ng pag-aalaga sa kalusugan at mga ibang serbiyo sa komunidad. Kailangang matugunan ng mga kalahok ang mga gabay sa kita at babaeng buntis, mga bagong ina, mga sanggol o mga bata na mas bata sa limang taong gulang. Para malaman ang higit pa tungkol sa WIC, tanungin ang tagapaglaan mo ng pag-aalaga sa kalusugan.

Hindi namin sinasaklawan ang mga serbisyon WIC, pero tumutulong kaming kilalanin at isangguni ang mga Miyembro na maaaring narapat sa WIC. Tumutulong ang tagapaglaan mong kilalanin at isangguni ang mga Miyembro na maaaring narapat sa WIC. Maaaring gawin ito ng iyong tagapaglaan bilang bahagi ng iyong unang pagsusuri sa kalusugan o bilang bahagi ng iyong paunang pagsusuri kung ikaw ay bagong buntis.

Ang aming mga tagapaglaan ay sasangguni at idodokumento ang referral ng isang buntis, nagpapasuso, o postpartum na babae, o isang magulang o tagapag-alaga ng isang bata na wala pang limang (5) taong gulang sa programa ng WIC. Bilang bahagi ng referral, ang WIC ay pagkakalooban ng isang kasalukuyang hemoglobin o hematocrit na halaga ng laboratoryo, at ang halaga ng laboratoryo at referral ay idodokumento sa medikal na talaan ng Miyembro.

Mga Serbisyonang Hindi Namin Nasasaklawan o ng Medi-Cal

Kasama sa mga serbisyonang hindi nasasaklawan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o ng Medi-Cal ay:

- Lahat ng serbisyonang hindi kasama sa Medi-Cal sa ilalim ng batas ng estado o pederal.
- Pagtuli (rutina), maliban kung Medikal na Kailangan.
- Cosmetic na surgery.
- Mga kagamitan para sa mata.
- Mga serbisyonang experimental at pang-imbestigasyon. Pakitingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Mga imunisasyon para sa sports, trabaho o biyahe.
- Pagkabaog.
- Mga personal na gamit para sa ginhawa habang nasa ospital.

Saklaw ng Inireresetang Gamot

Sinasaklawan namin ang mga de-resetang gamot at medikasyon kapag:

- Inutos ng gumagamot mong manggagamot ang gamot at nakalista ang gamot sa aming Formulary (pinapaliwanag sa ibaba ang aming Formulary).
- Nireseta ng doktor ng pagpapalano ng pamilya o ibang tagapaglaan na hindi kailangan ng pag-apruba ang mga serbisyo.
- Inutos o ibinigay sa iyo habang ikaw ay nasa emergency room o ospital.
- Binigay sa iyo habang ikaw ay nasa nursing home at inutusan ng Nasa-Loob-ng-Network na doktor para sa nasasaklawang serbisyo at nakuha mo ito sa pamamagitan ng Nasa-Loob-ng-Network na parmasya.

Hindi dapat pabayaran ang mga Miyembro ng Medi-Cal para sa reseta. Kung pinababayad ka ng reseta, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa 1-866-270-5785, TTY 711.

Kung mayroon kang emergency at kailangan mo ng gamot, bibigyan ka namin ng hanggang pitumpu't dalawang (72) oras na supply ng gamot para bigyan ka ng oras na punan ang reseta mo. Kung sa pakiramdam mo ay hindi mo nakuha ang medikal na kailangang gamot makalipas ang emergency na pagbisita sa Nasa-Loob-ng-network na ospital, may karapatan kang magsampa ng hinaing. Tingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa impormasyon sa pagsampa ng hinaing.

Ang mga reseta mo ay nasasaklawan sa pamamagitan ng aming Nasa-Loob-ng-Network na mga parmasya. Nangangahulugan ito na dapat mong papunan ang mga reseta mo sa isa sa aming parmasya na Nasa-Loob-ng-Network. Ang mga parmasya na Nasa-Loob-ng-Network ay nakalista sa direktoryo ng tagapaglaan o mahahanap mo sila sa aming website sa myuhc.com/CommunityPlan o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Kung nahihirapan kang mapapunan ang reseta sa parmasya, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para sabihin sa amin na nahihirapan ka.

Kung kailangan mo ng tagapagsaling-wika para makipagkomunika sa parmasya, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, at tutulungan ka nila sa tagapagsaling-wika.

Aming Formulary

Gumagamit kami ng listahan ng mga aprubadong gamot at ang listahang ito ay tinatawag na Formulary. Umo-order ang mga doktor ng gamot para sa Mga Miyembro mula sa Formulary. Ang aming Formulary ay nirerepaso ng pangkat ng mga parmasyotiko at mga doktor kada tatlong buwan. Tatalakayin nila ang mga gamot na nasa Formulary, at ang mga bagong gamot at pagbabago sa pag-aalaga ng kalusugan kung kailangang gumawa ng mga pagbabago sa Formulary. Ang mga pagbabago sa Formulary ay natay sa mga pagbabago sa medikal na practice, sa pagkakaroon ng mga bagong gamot, at mga pagbabago sa medikal na teknolohiya. Ang mga gamot ay maaaring lang idagdag sa Formulary kung aprubado sila ng United States Food and Drug Administration (FDA), ay sa pangkalahatan ay tinatanggap na ligtas at mabisa at kung sulit ito sa halaga.

Dahil ang gamot ay nasa aming Formulary ay hindi nangangahulugan na ang doktor mo ay magreset para sa iyo o para sa partikular mong medikal na kundisyon. At hindi rin naming kailangang saklawan ang mga de-resetang gamot na hindi inaatas ng programang Medi-Cal at maaaring ilimita namin o hindi isama ang mga gamot ayon sa inaatas ng programang Medi-Cal.

Bibigyan ka ng parmasyotiko ng mga generic na gamot kapag mayroon nito. Ang mga generic na gamot ay kemikla na pareho sa bersiyon na may brand na pangalan ng gamot at aprubado ng FDA bilang kasing ligtas at bisa ng may brand na pangalang bersiyon. Kung gusto ng doktor mo na gamitin ang may brand na pangalan na gamot sa halip na ang generic na gamot, dapat hilingin ito ng aming doktor sa pamamagitan ng pagsumite ng Paunang Pahintulot na hiling sa amin.

Maaari mong tingnan ang aming Formulary sa aming website sa **myuhc.com/CommunityPlan**. Kung mayroon kang mga tanong sa partikular na gamot, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Mga gamot na wala sa Formulary.

Karaniwang magreset ang doktor mo ng mga gamot mula sa aming Formulary. Kung magpasya ang doktor mo na kailangan mo ng gamot na wala sa aming Formulary, dapat makipag-ugnay ang doktor mo sa amin para hilingin ito. May karapatan ka sa gamot na wala sa aming Formulary kung Medikal na Kailangan. Maaari naming tanungin ang doktor mo at ang parmasyotiko mo para sa karagdagang impormasyon. Magpapasya kami sa loob ng isang (1) araw ng negosyo matapos kunin ang impormasyon, at ipapaalam namin sa doktor o parmasyotiko mo ang aming pasya. Kung inaprubahan namin ang gamot, ang doktor o parmasyotiko mo ay magsasabi sa iyo na inaprubahan namin ang hiling. Kung hindi namin inaprubahan ang gamot, padadalhan ka namin at ang doktor mo ng liham na nagsasabi sa iyo kung bakit tinanggihan ang hiling. Kung hindi ka sumasang-ayon sa amin, maaari mong iapela ang aming pasya. Nangangahulugan ito na rerepasuhin ang aming pasya. Tingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga gamot na inalis mula sa Formulary.

Kung umiinom ka ng gamot na inalis mula sa aming Formulary, maaaring hilingin ng doktor mo sa amin na patuloy na saklawan ang gamot sa pamamagitan ng pagsumite ng Paunang Pahintulot na hiling sa amin. Para patuloy naming masaklawan ang gamot, ang gamot dapat ay ligtas at mabisa para sa medikal mong kundisyon kung para saan ito nireresetang gamutin.

Maaaring saklawan ng mga ibang programa ng estado ang mga gamot mo.

Maaaring nararapat kang makatanggap ng pagsaklaw ng gamot sa pamamagitan ng fee-for-service (regular) na Medi-Cal o sa pamamagitan ng mga ibang programa ng estado. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Mga Specialty na Parmasyang Medikasyon

Ang aming Programang Specialty na Parmasyang Medikasyon ay naghahandog ng mga specialized na serbisyo, suporta at impormasyong kailangan mo para manatiling malusog at masulit ang iyong benepisyo ng parmasya.

Ano ang specialty na medikasyon?

Ang mga specialty na medikasyong na maaaring kailanganin ng espesyal na imbakan at pamamahala ay madalas ginagamit na panggamot ng masasalimuot na kundisyon at maaaring mahal. Ang mga medikasyong ito ay kailangang punan ng specialty na parmasya ng network.

Ano ang specialty na parmasya? Bakit ko kailangang gumamit nito?

Ang mga specialty na parmasya ay naglalaan ng mga dulugan, serbisyo at suporta para sa masasalimuot na kundisyon. Para patuloy na makatanggap ng pagsaklaw sa network para sa iyong specialty na medikasyon, kailangan mong punan ang reseta mo sa pamamagitan ng specialty na parmasya ng network. Maaari mong punan ang iyong mga hindi specialty na medikasyon sa retail na parmasya ng network.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung saan makakahanap ng specialty na parmasya, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Ano ang Specialty na Programa ng Parmasya?

Ang aming Specialty na Programa ng Parmasya ay nagbibigay ng suporta at mga dulugan para tulungan kang mapamahalaan ang kundisyon mo, kabilang ang:

- Impormasyon sa (mga) medikasyon mo at kundisyon.
- Pagiging nararapat sa one-on-one na suporta at pagpayo sa pamamagitan ng aming Clinical Management Program.
- 24/7 na access sa mga parmasyotiko para pag-usapan ang kundisyon mo at therapy ng medikasyon sa iyo.
- Mabilis na paghahatid at shipping sa kumpidensiyal, sensitibo sa temperaturang pakete (ayon sa pangangailangan).
- Libreng kaugnay ng medikasyon na supply tulad ng mga alcohol swab at mga lalagyan ng matatalas.
- Mga paalala sa pag-refill gamit ang telepono at text (kapag hiniling mo).

Mga Serbisyong Pang-Emergency na Pag-aalaga at Agaran na Pag-aalaga

Mga Serbisyong Pang-Emergency na Pag-aalaga

Ang Pang-emergency na Pag-aalaga sa sinasakupan dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo, saanman sa Estados Unidos. Walang sinasakupang mga serbisyo sa labas ng Estados

Unidos, maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga na inaatas na maospital ka sa Mexico o sa Canada.

Kung emergency ito, tumawag sa 911, o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (naunang awtorisasyon). Ang pang-emergency na pag-aalaga ay para sa emergency na medikal na kundisyon. Ito ay para sa paggamot ng medikal o sikayatrikong (pag-iisip) na kundisyon na may napakalalang sintomas tulad ng aktibong labor o matinding kirot, na ang matalinong taong may kaalaman sa kalusugan o medisina ay makatwirang paniniwalaan na ang hindi pagkakaroon ng medikal na pag-aalaga ay maaaring:

- Maglagay sa kalusugan mo o sa kalusugan ng iyong sanggol sa sinapupunan sa matinding peligro
- Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan
- Magdulot na ang bahagi ng katawan o organo ay hindi gumana ng mabuti.

Kabilang sa mga halimbawa:

- Aktibong labor
- Baling buto
- Malalang kirot, lalo na sa dibdib
- Palalang pagkasunog
- Labis na dosis ng gamot
- Pagkahimatay
- Malalang pagdurugo
- Emergency na sikayatrikong kundisyon

Ang mga Emergency na Serbisyo ay mga sinasaklawang inpatient at outpatient na serbisyo na:

- Binigay ng tagapaglaan na kuwalipikadong magbigay ng mga serbisyong ito
- Kailangan para suriin o i-stabilize ang emergency na medikal na kundisyon

Kung kailangan mo ng pag-aalaga sa ospital makalipas ang iyong emergency (post-stabilization na pag-aalaga), tatawag ang ospital sa UnitedHealthcare Community Plan. Kung napasok ka sa hindi nakontratang ospital para sa emergency, maaaring hilingin ng UnitedHealthcare na mailipat ka sa nasa-loob-ng-network na ospital kapag stable ka na.

Ang Mga Serbisyong Poststabilization Care ay nangangahulugang mga nasasaklawang serbisyo na kaugnay ng emergency na medikal na kundisyon na nilalaan matapos ang miyembro ay na-stabilize para mapanatili ang stabilized na kundisyon; o sa ilang kaso ay para mapabuti o malutas ang kundisyon.

Hindi-emergency na pag-aalaga

Ang mga halimbawa ng mga kundisyon na hindi emergency ay, ngunit hindi limitado sa, mga sipon, trangkaso, masakit na lalamunan, at masakit na tainga.

Huwag tumawag sa 911 para sa mga problemang hindi emergency. Tawagan ang iyong PCP na doktor.

Huwag gamitin ang emergency room ng ospital para sa pag-aalagang hindi emergency.

Huwag gamitin ang ambulansiya kung wala kang tunay na emergency. Kung gumamit ka ng ambulansiya kung wala kang tunay na emergency na kundisyon, maaaring tanggihan naming bayaran ito.

Kung hindi ka sigurado kung mayroon kang emergency, tawagan ang iyong PCP. Kung sarado ang tanggapan ng PCP mo, may sasagot sa tawag. O tumawag sa aming NurseLine ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari kang tumawag sa aming NurseLine dalawampu't apat (24) na oras bawat

araw, pitong (7) araw bawat linggo. Ang mga registered nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta para sa mga pangkalusugan mong tanong at alalahanin.

Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras matapos makatanggap ng pang-emergency na pag-aalaga, o sa lalong madaling panahon na magawa mo. Maaari mong patawagin sa amin ang kawani ng emergency para sa iyo.

Pang-emergency na pag-aalaga sa labas ng Lugar ng Serbisyo namin.

Kung mayroon kang emergency at nasa labas ka ng aming Lugar ng Serbisyo (sa county ng Sacramento o San Diego), pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa pag-aalaga. Tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras matapos makatanggap ng pang-emergency na pag-aalaga, o sa lalong madaling panahon na magawa mo. Maaari mong patawagin sa amin ang kawani ng emergency para sa iyo. Kapag nakatanggap ng mga serbisyong Pang-emergency na Pag-aalaga sa labas ng aming Lugar ng Serbisyo, tanging mga emergency na serbisyo ang nasasaklawan. Walang sinasakupang mga serbisyo sa labas ng Estados Unidos, maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga sa Mexico at sa Canada. Kung napasok ka sa ospital na hindi nakakontrata sa amin, (isang Nasa-Labas-ng-Network na ospital), may karapaatn kaming ilipat ka sa sandaling medikal na ligtas itong gawin. Dapat ibigay ng iyong PCP na doktor ang kasunod mong pag-aalaga matapos kang umalis sa ospital.

Mga emergency sa labas ng Estados Unidos.

Kung may emergency ka at nasa labas ka ng Estados Unidos, walang mga pang-emergency na serbisyo ay nasasakupan namin maliban sa mga emergency na serbisyo sa Mexico o Canada.

Mga Serbisyo para sa Pangangalagang Agaran

Ang mga serbisyo para sa Agarang Pag-aalaga ay mga serbisyo na kailangan para maiwasan ang malalang pagsama ng kalusugan kasunod ang hindi nakikinitang medikal na kundisyon o pinsala. Ang mga serbisyong pang-Agarang Pag-aalaga ay para sa sakit, pinsala o kundisyon na hindi banta sa buhay ngunit kailangan agad ng medikal na pag-aalaga.

Magagamit mo ang mga serbisyo sa Agarang Pag-aalaga sa loob at labas ng aming Lugar ng Serbisyo (sa county ng Sacramento o San Diego). Subalit, kung nasa labas ka ng Estados Unidos, walang sinasakupang mga serbisyo maliban para sa mga serbisyo sa Emergency na Pag-aalaga sa Mexico o sa Canada.

Kung hindi ka sigurado kung gagana para sa iyo ang Agarang Pag-aalaga, tumawag sa iyong PCP. Kung sarado ang tanggapan ng PCP mo, may sasagot sa tawag. Dapat kang makakuha ng appointment para sa Agarang Pag-aalaga sa loob ng apat-na-pung (48) oras. Maaari ka ring tumawag sa aming NurseLine ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari kang tumawag sa aming NurseLine dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo. Ang mga registered nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta para sa mga pangkalusugan mong tanong at alalahanin.

Kung ikaw o ang anak mo ay magkasakit makalipas ang oras ng tanggapan, hintayin hanggang magbukas ang tanggapan ng iyong PCP na doktor para makagawa ng appointment kung puwede. Maaari mong tanungin ang iyong PCP kung aling pasilidad ng agarang pag-aalaga ang gagamitin mo kapag sarado ang tanggapan ng iyong PCP. Sa gayon, malalaman mo nang maaga kung saan pupunta sa sitwasyon ng agarang pag-aalaga. Maaari ka ring tumawag sa aming NurseLine ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaari kang tumawag sa aming NurseLine dalawampu't apat (24) na oras bawat araw, pitong (7) araw bawat linggo. Ang mga registered nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta para sa mga pangkalusugan mong tanong at alalahanin.

Mga Serbisyo ng Tagapagsaling-Wika

Naghahandog ang UnitedHealthcare Community Plan ng libreng serbisyo ng tagapagsaling-wika.

Kung gusto mong makakuha ng mga serbisyo ng tagapagsaling-wika, pakisabi sa iyong PCP na tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Tutulungan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. makahanap ng doktor na nagsasalita ng wika mo o magbibigay ng tagapagsaling-wika.

Moral na Pagtangga

Kung may tanong ka tungkol sa nasasaklawang serbisyo na maaaring hindi ilaan ng tagapaglaan, mangyaring tumawag sa iyong doktor para sa pangunahing pag-aalaga o tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Maaaring kasama sa mga serbisyong ito, ngunit hindi limitado sa, pagpapayo sa pagpapalano ng pamilya, pagkontrol sa panganganak (kabilang ang pagpapatali na kasabay ng labor at pagpapanganak), o pagpapalaglag.

Mga Karapatan at Responsibilidad Mo

Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., may ilan kang karapatan at responsibilidad.

May karapatan kang:

- Matrato nang may respeto at dignidad ng lahat ng nagtatrabaho sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Hindi matrato nang masama o bastusin namin, ng mga doktor mo o ng Department of Health Care Services para sa pagkilos sa mga karapatang ito at kapag nagpapasya sa pag-aalaga sa iyo.
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong planong pangkalusugan, sa aming mga doktor, sa aming iba pang mga tagapaglaan, sa aming mga serbisyo, at sa iyong mga karapatan at responsibilidad.
- Pumili ng iyong Pangunahing Tagapaglaan ng Pag-aalaga mula sa aming network.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa kalusugan mo at pasagutan ang mga tanong tungkol sa kalusugan mo.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa lahat ng opsyon mo sa pagpapagamot kung may sakit ka, anuman ang nasasaklawang benepisyo o gastos.
- Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa iyong mga opsyon sa pag-aalaga at paggamot, tumulong na gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong paggamot, hindi alintana ang iyong saklaw o gastos sa benepisyo, at humingi ng pangalawang opinyon.
- Magpasyang huwag magamot para sa sakit mo.
- Magpasya nang maaga kung paano mo nais maalagaan sakaling amy sakit kang banta sa buhay o pinsala.
- Panatiliin pribado at kumpidensiyal ang medikal mong talaan, makatanggap ng kopy ng mga medikal mong talaan at ipatama sa amin ang mga medikal mong talaan (hanggang sa pinahihintulutan ng batas ng Estado at Pederal).

- Kung menor-de-edad ka, makatanggap ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng mga magulang mo o tagapag-alaga.
- Magreklami tungkol sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., ang pag-aalaga sa iyo, at mga tagapaglaan na katrabaho namin nang hindi takot na mawala ang mga benepisyo mo. Tutulungan ka namin sa proseso, at kung hindi ka sang-ayon sa aming pasya, may karapatan kang humingi ng pagrepaso ng pasyang We will help you with this process, and if you do not agree with our decision, you have the right to ask for a review of the decisionito (ang pagrepasong ito ay tinatawag ding apela. Maaari ka ring humiling ng Pagdinig sa Estado at kumuha ng impormasyon kung paano mabilis na makakakuha sa Pagdinig sa Estado.
- Umalis sa pagkaka-enroll mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. anumang oras.
- Humiling ng isang interpreter nang walang bayad kung gusto mong magsalita ng isang wika na hindi Ingles, at hihilingin na gumamit ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan upang magsaling-wika para sa iyo.
- Kunin ang handbook na ito, impormasyon tungkol sa iyong mga tagapaglaan, iyong kalusugan, o sa amin sa wikang nais mo o sa ibang format, tulad ng Braille, audio, o mas malaking font sa loob ng makatwirang oras at alinsunod sa mga batas ng Estado.
- Makatanggap ng emergency o agarang serbisyo, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, at mga serbisyo sa nakakahawang seksuwal na sakit mula sa mga tagapaglaan na nasa labas ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan at mga responsibilidad.
- Gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa inyong mga karapatan at mga responsibilidad.

May responsibilidad kang:

- Gamutin ang doktor mo, lahat ng mga tagapaglaan at kanilang kawani ng may kortesiya at respeto.
- Maging maaga para sa iyong appointment.
- Tawagan ang iyong doktor ng hindi bababa sa isang araw bago ang iyong nakaiskedyul na appointment kapag kinailangan mong kanselahin o i-reschedule ang appointment.
- Ibigay ang tamang impormasyon, at bigyan ng mas maraming impormasyon hangga't maaari, sa iyong doktor, iba pang mga tagapaglaan na gamutin ka, at sa amin.
- Magpagawa ng regular na pagsusuri sa iyong doktor, at sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa iyong mga problema sa kalusugan sa lalong madaling panahon.
- Kausapin ang iyong doktor tungkol sa iyong mga pangangalagang pangkalusugan at talakayin ang iyong mga pagpipilian sa paggamot. Sundin ang mga tagubilin ng iyong doktor at ang mga plano sa paggagamot na sinang-ayunan mo at ng iyong doktor.
- Alamin ang tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan at tanungin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka. Maaari mong tanungin ang doktor mo o kami.
- Gamitin lang ang Emergency Room kapag sa palagay mo ay kailangan o kapag sinabihan ka ng doktor mo.
- lulat ang panloloko sa pag-aalaga ng kalusugan o maling gawahin sa pagtawag sa amin. Maaari kang mag-ulat nang hindi pinaalam ang pangalan mo.

Komite ng Pampublikong Polisiya/Komite ng Pagpayo sa Mamimili, Mga Pagbabago sa Polisiya, at Pagkuha ng Mga Kopya

Komite ng Pampublikong Polisiya/Komite ng Pagpayo sa Mamimili.

Ang DHCS ang nagpapasya sa marami sa mga polisiya namin. Ngunit may ilang polisiya na nilikha ng aming mga miyembro, sa pamamagitan ng aming Komite ng Pampublikong Polisiya.

Maaari kang sumali sa aming Komite ng Pampublikong Polisiya. Nagkikita ang aming Komite ng Pampublikong Polisiya ng minsan kada tatlong (3) buwan para talakayin ang mga usapin ng miyembro at pangkalusugan, kabilang ang sa iyo. Nagtatrabaho din ang Komite ng Pampublikong Polisiya para tiyakin ang ginhawa, dignidad at pagiging kumbinyente ng mga miyembrong katulad mo na umaasa sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para magbigay ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan sa kanila, sa kanilang mga pamilya at sa publiko.

Nais namin marining kung ano ang palagay mo tungkol sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Para sumali sa aming Komite ng Pampublikong Polisiya o para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa UnitedHealth Care Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Mga pagbabago sa polisiya.

Makakakuha ka ng impormasyon sa lahat ng pagbabago sa polisiya na makakaapekto sa pag-aalaga ng kalusugan mo.

Mga kopya ng mga polisiya.

Kung gusto mong makakita ng mga kopya ng aming hindi pag-aaring administratibo o klinikal na polisiya at mga pamamaraan, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado

Ano ang Isang Hinaing?

Ang pagpapahiwatig ng kawalan ng kasiyahan tungkol sa anumang usapin maliban sa isang Notice of Adverse Benefit Determination (NABD).

Kasama sa mga halimbawa ngunit hindi limitado sa:

- Hindi ka masaya sa kalidad ng pag-aalaga sa iyo.
- Ang doktor na nais mong makita ay hindi doktor ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Hindi mo matatanggap ang pag-aalagang may kakayahang kultural.
- Nakatanggap ka ng singil mula sa tagapaglaan para sa serbisyo na dapar ay saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Mga karapatan at dignidad.
- Anumang ibang usapin tungkol sa pagkuha ng pag-aalaga.

Ang anumang hindi pagkakasundo na kaugnay ng pagmimiyembro mo sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Ang lahat ng lebel ng pamamaraan sa hinaing at apela ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay makukumpeto sa loob ng tatlong (30) araw sa kalendaryo mula matanggap maliban sa mga kaugnay ang napipinto at malalang banta sa buhay. Ang mga hinaing na ito ay makukumpeto sa pamamagitan ng pinabilis na pagrebaso at sagot na ibibigay nang hindi lalagpas sa 72 oras.

Ang mga miyembro ay hindi inaatasang lumahok sa proseso ng hinaing sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansiya.

- Ang kaso ay nagsasangkot ng napipintong at seryosong banta sa kalusugan ng miyembro, kabilang ngunit hindi limitado sa, malubhang sakit, ang potensyal na pagkawala ng buhay, paa, o pangunahing paggana ng katawan, mga pagkansela, rescission, o ang hindi pag-renew ng isang planong pangangalagang pangkalusugan, kontrata, o sa anumang iba pang kaso kung saan tinutukoy ng departamento na ang isang mas maagang pagsusuri ay pinahihintulutan.
- Humiling ang miyembro ng proseso ng Independiyenteng Medikal na Pagrepaso kabilang ang pagrepaso sa mga pagtanggig ng eksperimento o iniimbestigahang therapy.

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong isang hinaing?

Ikaw o sinumang kumikilos para sa iyo ay maaaring magsampa ng hinaing sa pagtawag o pagsulat sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Tumawag sa **1-866-270-5785, TTY 711**, o sumulat sa:

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Grievance and Appeals
P.O. Box 31364
Salt Lake City, UT 84131-0364

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsulat o pagsampa ng hinaing, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Kung may ibang taong magsasampa para sa iyo, kailangan namin ng nakasulat mong pahintulot. Kung ikaw ay taong may kapansanan, maaari kang tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para magsampa ng hinaing.

Rerepasuhin namin ang hinaing mo at ipadadala ang aming pasya sa loob ng 30 araw mula makuha ang hinaing mo. Padadalhan ka namin ng liham kasama ng pasya.

Ano ang isang Apela?

Ang apela ay ang hiling mo sa pagrepaso ng Notice of Adverse Benefit Determination (NABD). Ang NABD ay kapag aming:

- Tinanggihan o nilimita ang serbisyo na gusto mo;
- Binawasan, sinuspinde o winakasan ang pagbabayad para sa serbisyong nakukuha mo;
- Nabigong pahintulutan ang serbisyo sa inaatas na panahon; o
- Nabigong magpasya sa hinaing o apela sa inaatas na panahon.

Kung alinman sa itaas ay maganap, padadalhan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. NABD.

Paano ako magsasampa ng apela sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.?

Ikaw, ang tagapaglaan mo o sinumang kumikilos para sa iyo ay maaaring magsampa ng apela sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa UnitedHealthcare

Community Plan of California, Inc. Tumawag sa **1-866-270-5785, TTY 711**, o sumulat sa:

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Grievance and Appeals
P.O. Box 31364
Salt Lake City, UT 84131-0364

Maaari ka ring magsampa ng form ng apela sa aming website sa **myuhc.com/CommunityPlan**.

Dapat mong isampa ang iyong apela sa loob ng 90 araw mula sa petsa kung kailan ka makakakuha ng NABD. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsulat o pagsampa ng apela, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Kung magsampa ka ng iyong apela sa pamamagitan ng pagtawag sa amin, padadalhal ka namin ng liham sa loob ng 5 araw sa kalendaryo na nagsasabi sa iyo na nakuha namin ang iyong apela.

Rerepasuhin namin ang apela mo at padadalhan ka ng pasya sa loob ng 30 araw ng pagtanggap ng apela.

Makakakuha ka ng liham na nagsasabi ng dahilan para sa aming pasya. Sasabihin namin sa iyo kung ano ang gagawin kung ayaw mo ang pasya. Ang liham na ito ay magiging NABD.

Pagpapatuloy sa pag-aalaga.

Maaari mong hilingin na ang mga serbisyo ay magpatuloy sa apela. Subalit, maaaring kailanganin mong magbayad para sa serbisyong pangkalusugan kung ipagpapatuloy mo ang serbisyo habang nirerepaso namin ang apela at nagpasya kami na hindi mo dapat natanggap ang serbisyo.

Pinabilis na apela — Ano ang magagawa ko kung kailangan ko ng agarang pag-aalaga?

Kung gusto mo o ng doktor mo ng mabilis na pasya dahil nasa peligro ang kalusugan mo, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para sa pinabilis na pagrepaso. Tatawagan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa pasya namin sa loob ng 3 araw sa kalendaryo mula makuha ang hiling mo para sa pinabilis na pagrepaso. Ang oras na ito ay maaaring mapahaba kung hilingin mo ito o kung magpakita kami ng pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay nasa interes mo. Kung humingi kami ng pagpapalawak, bibigyan ka namin ng nakasulat na abiso ng dahilan. Makakakuha ka ng liham na kasama ang dahilan para sa aming pasya. Sasabihin namin sa iyo kung ano ang gagawin kung ayaw mo ang pasya.

Department of Managed Health Care (DMHC)

Ang California Department of Managed Health Care ay may pananagutan sa pamamahala ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay may karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, kailangan mo munang tawagan sa telepono ang iyong planong pangkalusugan sa **1-866-270-5785, TTY 711** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago ang pagtawag sa departamento. Ang paggamit nitong pamamaraan ng karaingan ay hindi humahadlang sa anumang potensyal na legal na karapatan o mga remedyo na maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emerhensiya, isang karaingan na nalutas nang hindi kasiya-siya ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi nalulutas sa loob ng mahigit pa sa

30 araw, maaari mong tawagan ang Departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapatdapat para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal (IMR). Kung karapat-dapat ka sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pagpapasyang ginawa ng isang planong pangkalusugan kaugnay ng medikal na pangangailangan sa isang iminumungkahing serbisyo o panggagamot, pagpapasya ukol sa saklaw para sa mga panggagamot na pang-eksperimento o pansiyasat ang kalikasan, at alitan sa pagbabayad para sa mga medikal na serbisyong pang-emergency o agaran. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1-888-HMO-2219**) at isang linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet website ng departamento (<http://www.hmohelp.ca.gov>) ay may mga form para sa reklamo, IMR na mga form sa aplikasyon, at mga tagubilin na makukuhang online.

Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emerhensiya, isang karaingan na nalutas nang hindi kasiya-siya ng iyong plano, o isang karaingan na nananatiling hindi nalulutas sa loob ng mahigit pa sa 30 araw, maaari mong tawagan ang DMHC para sa tulong.

Maaaring kwalipikado ka rin para sa isang **Independiyenteng Pagsusuring Medikal (Independent Medical Review o IMR)**. Kung ikaw ay karapatdapat para sa isang IMR, ang proseso ng IMR ang magbibigay sa iyo ng walang kinikilingang medikal na pagsusuri sa desisyong ginawa ng isang planong pangkalusugan kaugnay ang pangangailangang medikal sa isang iminungkahing serbisyo o paggamot, desisyon sa pagsakop para sa mga paggamot na sumusubok o nagsisiyasat at mga pinagtatalunan sa kabayaran para sa emerhensiya o apurahang serbisyong medikal.

Ang DMHC ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono **(1-888-HMO-2219)** at isang linya ng TDD **(1-877-688-9891)** para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet website ng DMHC, **(www.hmohelp.ca.gov)** ay may mga form para sa reklamo, IMR na mga form sa aplikasyon, at mga tagubilin na makukuha sa website.

Independiyenteng Medikal na Pagrepaso ng Mga Hinaing

Ang Independiyenteng Medikal na Pagrepaso (IMR) ay isa pang proseso ng apela na maaari mong gamitin kapag:

- Gumawa ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng pasya na ang serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ay hindi medikal na kailangan, at
- naniniwala ka na lahat ng o bahagi ng serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ay maling natanggihan, binago o inantala. Ito ay kilala bilang *pinagtatalunang serbisyo sa pag-aalaga sa kalusugan*.

Maaari ka pa ring humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng IMR. Gayunpaman, hindi ka makakagamit ng prosesong IMR kung nakahiling ka na ng Pagdinig ng Estado.

Ang IMR ay isasampa sa DMHC. Mayroon kang hanggang 6 na buwan mula sa petsa ng petsa ng pagtanggig para magsampa ng IMR. Makakatanggap ka ng impormasyon kung paan magsampa ng IMR kasama ng iyong liham sa pagtanggig. Maaari mong matawagan ang DMHC ng toll-free **1-800-400-0815**.

Walang bayad para sa IMR. May karapatan kang magbigay ng impormasyon para suportahan ang hiling mo para sa IMR. Matapos maisumite ang aplikasyon ng IMR ang isang desisyon na hindi makilahok sa proseso ng IMR ay maaaring maging dahilan upang mapawalang-bisa mo ang ilang mga karapatang legal na ipagpatuloy ang legal na aksyon laban sa plano.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa prosesong IMR, mangyaring makipag-ugnay sa aming Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Kailan magsasampa ng IMR.

Maaari kang magsampa ng IMR kung matutugunan mo ang mga sumusunod na inaatas:

- Sabi ng doktor mo ay kailangan mo ng serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan dahil medikal itong kailangan at tinanggihan ito.
- Nakatanggap ka ng agaran o mga emergency na serbisyong natukoy na kailangan at tinanggihan ito; o
- Nagpatingin ka sa doktor sa network o PCP para sa diyagnosis o paggamit ng medikal na kundisyon (kahit ng hindi nirekomenda ang serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ng tagapaglaan sa network);

- Ang pinagtatalunang serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan ay tinatanggihan, binago o inantala ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. batay sa kabuuan o bahagi sa pasya na ang serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ay hindi medikal na kailangan, at
- Nagsampa ka ng hinaing sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ang serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan ay tinatanggihan pa rin, binago, inantala o ang hinaing ay nananatiling hindi nalutas makalipas ang 30 araw.
- Dapat ka muang gumaan sa proseso ng hinaing ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago mag-apply para sa IMR.
- Mayroon kang hanggang 6 na buwan mula sa petsa ng petsa ng pagtanggihan para magsampa ng IMR.
- Ang pagtatalo ay isusumite sa isang medikal na espesyalista ng DMHC kung nararapat ito para sa IMR. Gagawa ang espesyalista ng independiyenteng pasya kung o kung hindi medikal na kailangan ang pag-aalaga. Makakatanggap ka ng kopya ng pasya ng IMR mula sa DMHC. Kung napagpasyahan na ang serbisyo ay medikal na kailangan, **magbibigay ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan.**

Mga hindi agarang kaso.

Para sa mga hindi-agarang kaso, ang pasya ng IMR ay dapat gawin sa loob ng 30 araw. Ang 30-araw na panahon ay magsisimula kapag ang aplikasyon mo at lahat ng dokumento ay natanggap.

Mga hindi agarang kaso.

Kung ang hinaing mo ay agaran at kailangan ng mabilis na pagrepaso, maaari mo itong dalhin agad sa atensiyon ng DMHC. Hindi ka aatasang lumahok sa proseso ng hinaing ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Para sa mga agarang kaso, ang pasya ng IMR ay dapat gawin sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo mula sa oras na matanggap ang impormasyon mo. Kasama sa mga halimbawa ng agarang kaso ay:

- Matinding kirot.
- Potensiyal na kawalan ng buhay, braso o binti o pangunahing paggana ng katawan.
- Agaran at malalang paghina ng kalusugan.

Panlabas na Independiyenteng Pagrepaso (EIR)

Maaari kang humiling ng isang EIR sa pamamagitan ng DMHC kapag ang isang medikal na serbisyo, gamot o kagamitan ay tinatanggihan dahil ito ay pang-eksperimento o pananaliksik ang kalikasan. Mayroon kang hanggang 6 na buwan mula sa petsa ng pagtanggihan para magsampa ng IMR.

Maaari kang magbigay ng impormasyon sa EIR panel. Bibigyan ka ng EIR ng nakasulat na pasya sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng hiling mo. Sa mga agarang kaso, bibigyan ka ng EIR panel ng pasya sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo mula sa oras na matanggap ang impormasyon mo.

Maaari kang magsampa ng EIR kung matutugunan mo ang mga sumusunod na inaatas:

1. Mayroon kang napakaseryosong kundisyon na “banta sa buhay” o “nakakapanghina” (halimbawa, nakamamatay na kanser.
2. Dapat patotohanan ng doktor mo na:
 - ang mga pamantayang paggamot ay hindi o hindi magiging mabisa; o
 - ang mga pamantayan ng paggamot ay hindi medikal na angkop; o
 - ang panukalang paggamot ay magiging pinakamabisa.

3. Patotohanan ng doktor mo sa pamamagitan ng sulat na ang gamot, kagamitan, pamamaraan o hinihiling na therapy ay malamang gumana ng mas mabuti kaysa sa karaniwang paggamot.
4. Tinanggihan ka ng gamot, kagamitan, pamamaraan o ibang therapy na hiniling ng doktor mo.
5. Pinatotohanan ng iyong doktor sa pamamagitan ng pagsulat, batay sa ilang mga medikal at pang- agham na katibayan na, ang hiniling na paggamot ay malamang na mas kapaki-pakinabang para sa iyo kaysa sa anumang karaniwang paggamot.
6. Ang paggamot ay sasaklawan bilang benepisyo, ngunit natukoy ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na eksperimento ito at pang-imbestigasyon.

Para sa karagdagang impormasyon o tulong sa IMR o EIR na proseso para humiling ng form ng aplikasyon, pakitawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Paano Ako Magsasampa ng Hiling sa Pagdinig ng Estado?

Mga Pagdinig ng Estado

Ang isang Pagdinig ng Estado ay isang pulong sa mga tao mula sa California Department of Social Services (DSS). Tutulungan ka ng huwes na malutas ang problema mo. Maaari kang lang humingi ng isang Pagdinig ng Estado kung nag-file ka ng apela sa UnitedHealthcare Community Plan at hindi ka pa rin masaya sa desisyon o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o mail. Dapat kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw ng kalendaryo mula sa petsa sa paunawa na nagsasabi sa iyo ng desisyon ng apila. Ang iyong PCP ay maaaring humingi ng isang Pagdinig ng Estado para sa iyo kung siya ay makakakuha ng pag-apruba mula sa DSS. Tawagan ang DSS upang hilingin sa estado na magbigay ng pag-apruba para sa iyong PCP upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado.

Para humingi ng Pagdinig ng Estado gamit ang telepono, tawagan ang California Department of Social Services' (DSS) Public Response Unit sa **1-800-952-5253. (TTD 1-800-952-8349).**

Upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng koreo, punan ang ibinigay sa iyo sa iyong abiso sa resolution ng apila. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services
 State Hearings Division
 P.O. Box 944243, MS 09-17-37
 Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong na humihingi ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Sa pagdinig, ipapaalam mo ang panig mo. Ipapaalam namin ang aming panig. Maaaring abutin ng hanggang 90 araw para pagpasyahan ng huwes ang kaso mo. Dapat nating sundin kung ano ang mapagpasyahan ng huwes.

Kung mayroon ka nang Pagdinig ng Estado, hindi ka makakahingi ng IMR. Ngunit, kung humingi ka muna ng isang IMR at hindi ka masaya sa resulta, maaari ka pa ring humiling ng isang Pagdinig ng Estado.

Pinabilis na Pagdinig ng Estado.

Ikaw o ang tagapaglaan mo ay may karapatang humiling ng pinabilis na Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat o pag-fax sa Department of Social Services, Expedited Hearing Unit, 744 P Street, MS19-65, Sacramento, CA 95814, Fax: 1-916-229-4267. Dapat tukuyin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o ang tagapaglaan mo na ang paglaan ng oras para sa karaniwang resolusyon ay

maaaring malalang makasira sa buhay mo, kalusugan o kakayahang mapanatili, mamentina o mabawi ang maximum na paggana. Kapag napatunayan ng Unit ng Pinabilis na Pagdinig na ang iyong apela ay nakakatugon sa pinabilis na pamantayan at kapag ang lahat ng kinakailangang klinikal na impormasyon ay natanggap ng Unit, ang naka-iskedyul na pagdinig ay naka-iskedyul. Kung ang pamantayan ay hindi natutugunan, ito ay naka-iskedyul para sa isang regular na Pagdinig ng Estado tulad ng inilarawan sa itaas.

Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Managed Care Ombudsman Program

Ang California Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Managed Care Ombudsman Program ay tumutulong sa pamamagitan sa mga alitan sa pagitan ng mga miyembro ng Medi-Cal Managed Care at kanilang mga plano sa kalusugan pati na rin ang mga naglalaan ng plano, at upang subukang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan na ito sa labas ng pormal na hinaing at mga proseso ng apela. Kung nais mong gamitin ang mga serbisyo ng DHCS upang matugunan ang iyong mga alalahanin, reklamo, o karaingan, mangyaring tawagan ang programang Medi-Cal Managed Care Ombudsman ng toll free sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng mga oras ng 8:00am at 5:00 pm (Pacific Standard Time). Maaari ka ring tumawag sa DMHC HMO Consumer Service ng toll free sa numero ng telepono na 1-800-400-0815.

Karagdagang Impormasyon

Paano Namin Binabayaran ang Aming Mga Tagapaglaan

Binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga tagapaglaan nito para sa bawat nasasaklawang serbisyo na binibigay nito sa Mga Miyembro. Binabayaran ang mga tagapaglaan sa isa sa dalawang paraan:

- Bayad para sa batayang serbisyo — nangangahulugan ito na ang mga tagapagbigay ay binabayaran para sa bawat procedure na ginagawa nila.
- Capitation — isang flat rate na binabayaran bawat buwan ng bawat miyembro kung nagpatingin ka man sa tagapaglaan o hindi.

Binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga tagapaglaan nito para sa mga serbisyo na nangangailangan ng paunang pahintulot kung ikaw o ang iyong doktor ay makakakuha ng isang okay bago mo makuha ang mga serbisyo. Ang mga desisyon sa Pamamahala ng Utility (UM) ay batay sa medikal na pangangailangan at ang pagiging angkop ng pag-aalaga. Hindi kami naghahandog ng anumang gantimpala sa pagtanggì ng pagsaklaw. Hindi kami nag-aalok ng mga insentibo sa aming mga empleyado, mga doktor o sinuman na may kaugnayan sa aming plano na gumamit ng mga benepisyo nang hindi naaangkop. Nag-aalok kami sa mga kuwalipikadong tagapaglaan ng mga insentibo na nakatali sa mga klinikal na aktibidad na nagdadala ng napabuti na kalidad na pang-iwas na pag-aalaga, mas mahusay na pamamahala ng kanilang populasyon ng pasyente at mas mahusay na pag-aalaga para sa indibidwal na miyembro. Kung mayroon kang mga tanong sa proseso ng UM o pagtanggì, o kung paano binabayaran ang mga tagapaglaan, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711.**

Kung Makatanggap ka ng Medical Bill

Maaari kang makakuha ng bill na hindi dapat naipadala sa iyo. Kung makatanggap ka ng bill, tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Tutulongan ka namin na alamin kung kailangan mong bayaran ang bill o kung dapat mo itong ipadala sa amin. Kung makakuha ka ng pag-aalaga nang walang pahintulot mula amin mula sa mga doktor na wala sa aming network, maaaring kailangan mong bayaran ang bill.

Kung Mayroon kang Ibang Pangkalusugang Insurance

Kung mayroon kang ibang pangkalusugang insurance, tawagan ang aming departamento ng Mga Serbisyo ng Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**, para abisuhan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na mayroon kang ibang pangkalusugang insurance.

Workers' Compensation

Hindi babayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga pinsalang resulta ng mga pinsalang kaugnay ng trabaho na sinasaklawan sa ilalim ng Workers' Compensation. Kailangan mong ibigay lahat ng impormasyon na kailangan para mabawi ang mga gastusin para sa anumang mga serbisyong nilaan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Pananagutan ng Ikatlong Partido

Kung mapinsala ka ng ibang tao (isang ikatlong partido), mag-aayos kami para sa mga saklaw na serbisyo. Maaaring subukan ng California Department of Health Care Services (DHCS) na mabawi ang halaga ng mga serbisyong iyon mula sa ikatlong partido. Maaaring atasan ka ng DHCS na tulungan sila sa pagbawing ito. Kung direkta kang makakuha ng pera mula sa ikatlong partido, dapat mong bayaran ang DHCS sa halaga ng anumang serbisyo na nilalaan at binabayaran namin.

Pagpali ng Iyong Planong Pangkalusugan.

Maaari kang umalis sa UnitedHealthcare Community Plan at sumali sa ibang planong pangkalusugan anumang oras. Tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077)** para pumili ng bagong plano. Maaari kang tumawag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O pumunta sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Kung mas maaga mong gustong umalis sa UnitedHealthcare Community Plan, maaari kang humingi sa Health Care Options ng pinabilis (mabilis) na pag-alis ng pagkaka-enroll. Kung ang dahilan para sa iyong kahilingan ay nakakatugon sa mga alituntunin para sa pinabilis na pag-alis sa apagka-enroll, makakakuha ka ng isang sulat upang sabihin sa iyo na ikaw ay naalis sa pagkaka-enroll. Kasama sa mga pangkuwalipikang dahilan ang mga pangangailangan sa espesyal na pag-aalaga sa kalusugan, kabilang ang pangunahing major organ transplant. Maaari ring kasama sa mga kwalipikadong dahilan ang mga serbisyo sa pagtanggap sa ilalim ng Mga Programang Tulong sa Foster na Pag-aalaga o Pag-ampon, pagkaka-enrol sa ibang Medi-Cal, Medicare o komersyal na pinamamahalaang plano sa pag-aalaga, o paglipat mula sa iyong kasalukuyang county.

Maaaring hilingin mong umalis sa UnitedHealthcare Community Plan nang harapan sa lokal na tanggapan ng mga serbisyong pantao ng county mo. Hanapin ang lokal mong tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx> o tumawag sa 1-800-300-1506 para maabot ang Covered California.

Hindi boluntaryong pag-alis sa pag-enroll.

Mawawala sa iyo ang pagsasaklaw sa pinangangasiwaang pag-aalaga, ngunit hindi kinakailangan ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, kung ang alinman sa mga sumusunod ay nangyayari:

- Permanente kang umalis sa Lugar ng Serbisyo.
- Hindi ka na nararapat sa Medi-Cal.
- Residente ka ng Sacramento County at nasa pangmatagalang pag-aalaga, skilled nursing, o intermediate care na pasilidad ng mas matagal sa buwan ng pagpasok mo at ang susunod na buwan. Ang mga serbisyong ito ay nasasaklawan sa ilalim ng Medic-Cal (bayad-para-sa-serbisyong programa).
- Nadetermina ng doktor mo na kailangan mo ng pangunahing organ transplant, maliban sa kidney transplant. Ang mga serbisyong ito ay nasasaklawan sa ilalim ng Medic-Cal (bayad-para-sa-serbisyong programa).

Kung naalis ka sa pagkaka-enroll sa planong pangkalusugan, padadalhan ka namin ng liham. Maaari mong iapela ang pag-alis mo sa pag-enroll. Tingnan ang seksiyon ng Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon sa mga apela. Maaari ka ring tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Napabatid na Pahintulot

Ang pahintulot ay nangangahulugang “umo-oo” ka sa paggamot. Ang kahulugan ng ipinabatid na pahintulot ay:

- Ipinaliwanag ang paggamot sa iyo at nauunawaan mo.
- Umoo ka bago makakuha ng anumang paggamot.
- Maaaring kailangan mong umoo nang nakasulat.
- Kung ayaw mo ang paggamot, sasabihin sa iyo ng iyong PCP ang mga ibang opsyon.
- May karapatan kang umoo o humindi.

Donasyon ng Organ

Kung gusto mong maging donor ng organ o tissue sakaling mamatay ka, makipag-ugnat sa California Department of Motor Vehicles (DMV) sa 1-800-777-0133 or (TTY 1-800-368-4327).

Mga Paunang Direktiba

May karapatan kang magpasya kahit na hindi ka nakakapagsalita para sa sarili mo. Kailangan mong gumawa ng paunang direktiba. Sa gayon, malalaman ng doktor mo kung ano ang gusto mong gawin o hindi gawin kung hindi ka nakakapagsalita. Ang habilin ng isang nabubuhay at matatag na kapangyarihan ng abogado ay dalawang uri ng mga paunang direktiba.

Mga habilin ng isang nabubuhay.

Ang habilin ng isang nabubuhay ay nagpapahintulot sa iyong isaad ang mga kagustuhan mo tungkol sa medikal na pag-aalaga kung may nakamamatay na sakit ka, permanenteng walang malay o nasa vegetative na kalagayan at hindi makapagpasya.

Isang matatag na kapangyarihan ng abogado para sa pag-aalagang pangkalusugan.

Ang matatag na kapangyarihan ng abogado para sa pag-aalagang pangkalusugan ay nagpapahintulot na pangalanagn mo ang taong gagawa ng mga medikal na pasya kung hindi ka makakapagsalita para sa sarili mo. Maaaring kasama nito ang mga pagpasya tungkol sa suporta sa buhay. Ang taong hinirang mo ay maaaring magsalita para sa iyo sa anumang oras na hindi mo magawang gumawa ng iyong sariling mga medikal na pagpapasya, hindi lamang sa katapusan ng iyong buhay. Pumunta sa UHCCommunityPlan.com para matuto pa o para mag-download ng mga form ng paunang direktiba.

Pagkapribado ng Mga Talaan

Sineseryoso ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga usapin sa pagkapribado at mga batas. Ang mga pananggalang ay nasa lugar upang maprotektahan ang impormasyon tungkol sa iyo. Hindi kami nagbabahagi ng pribadong impormasyon nang hindi nakasulat ang iyong okay maliban kung may legal na dahilan.

Americans with Disabilities Act

Pinagbabawal ng Americans with Disabilities Act (ADA) ang diskriminasyon sa batayan ng kapansanan. Inaatasan ng Act ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at mga kontratistang itong gumawa ng makatwirang akomodasyon para sa Mga Miyembro na may kapansanan. Tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll-free sa **1-866-270-5785, TTY 711** kung hindi ka makahanap ng doktor na makatutugon sa mga pangangailangan mo.

Mga hinaing sa pag-access ng may kapansanan: Maaari kang magharap ng karaingan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung sa palagay mo ang plano o mga doktor nito ay nabigong matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pag-access ng may kapansanan. Pakitingnan ang Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**.

Patakaran sa Walang Diskriminasyon

Ang mga miyembro ng UnitedHealthcare ay may karapatan na makakuha ng pag-aalaga nang walang pagsasaalang-alang sa edad, kasarian, kulay, lahi, relihiyon, oryentasyong sekswal, kultural na background, kapansanan sa pisikal o kaisipan, pinagmulan ng bansa, o impormasyon sa genetiko. Ang sinumang miyembro na nararamdaman ng diskriminasyon ay dapat magharap ng isang karaingan (isang reklamo). Para sa impormasyon kung paano magsasampa ng hinaing, tingnan ang Mga Hinaing, Apela at Pagdinig ng Estado na seksiyon ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon o tumawag sa aming departamento ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng toll free sa **1-866-270-5785, TTY 711**. Gusto naming matiyak na patas matratato ang mga miyembro namin.

Bagong Teknolohiya

Tinitingnan namin at sinusuri ang mga bagong teknolohiya, na kinabibilangan ng mga bagong paggamot, droga, aparato at pamamaraan. Upang gawin ito, tinitingnan namin ang mga siyentipikong ulat at impormasyon ng pamahalaan, at impormasyon mula sa medikal na komunidad. Ginagawa namin ito upang magpasya kung sasaklaw sa bagong teknolohiya. Maaaring hilingin sa amin ng mga miyembro at provider na suriin ang bagong teknolohiya.

Glosaryo/Mga Mahahalang Termino

Aktibong Labor: Ang isang labor sa isang panahon kung saan alinman sa (1) hindi sapat ang oras upang makapagpatupad ng ligtas na paglipat sa isa pang ospital bago ang panganganak; o (2) ang isang paglipat ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan at kaligtasan mo o sa hindi pa isinisilang na bata.

Sentro ng Adult Day Health Care (ADHC): Isang organisadong pang-araw na programa ng mga therapeutic, social at pangkalusugan na aktibidad at serbisyo na ibinibigay sa mga taong may edad na 55 taong gulang o mas matanda o iba pang may sapat na gulang na may kapansanan sa pagganap, alinman sa pisikal o mental, para sa layunin ng pagpapanumbalik o pagpapanatili ng pinakamainam na kapasidad para sa sariling pag-aalaga.

Paunang Direktiba: Ang isang desisyon na ginagawa ng isang tao nang maaga tungkol sa pag-aalagang pangkalusugan ng tao kung ang isang tao ay hindi makakapagsalita para sa kanyang sarili. Ang mga paunang direktiba ay nagpapahintulot sa pamilya at mga doktor na malaman kung anong mga pasya ang gagawin ng tao.

AIDS (Acquired Immunodeficiency Syndrome): Isang hindi gumagaling, potensiyal na banta sa buhay na kundisyong dulot ng human immunodeficiency virus (HIV).

Americans with Disabilities Act(ADA) : Isang Pederal na batas na nagbabawal sa diskriminasyon sa batayan ng kapansanan.

Mga Serbisyo ng Ambulansiya: Tingnan ang Emergency na Transportasyon.

Apela: Hiling sa pagrepaso ng Notice of Adverse Benefit Determination (NABD).

Awtorisasyon: Isang okay pag-apruba para sa serbisyo. Tingnan din ang Paunang Awtorisasyon.

Mga Benepisyo: Mga serbisyo, procedure at medikasyon ma sasaklawan (babayaran) ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., Medi-Cal, o ibang Estado o Pederal na programa para sa iyo.

BIC Card: Tingnan ang Medi-Cal Benefits Identification Card.

Braille: Ang sistema ng pagsulat ng pandamdang na ginagamit ng mga bulag at ang may kapansanan sa paningin.

California Children's Services (CCS): Ang programa ng pampublikong kalusugan na nagtitiyak sa paghahatid ng mga espesyal na serbisyon diagnostic, paggamot, at therapy sa mga karapat-dapat sa pinansyal at medikal na karapat-dapat na mga bata na mas bata sa edad na dalawampu't isa (21) taong may kundisyon na karapat-dapat sa CCS.

California Department of Health Care Services (DHCS): Ang ahensiya ng estado ng California na responsable para sa programang Medi-Cal.

California Department of Health Care Services Office of Family Planning (OFP): Tingnan ang Office of Family Planning.

California Department of Health Care Services Ombudsman Office: Tingnan ang Medi-Cal Managed Care Ombudsman Program.

California Department of Managed Care (DMHC): Ang ahensiya ng estado ng California na responsable sa pamamahala ng mga plano ng serbisyo sa pag-aalagang pangkalusugan.

California Department of Social Services (CDSS): Responsable para sa pangangasiwa at pamamahala ng mga programa na nagseserbisyo sa mga pinaka-mahihinang residente ng California.

Mga Programa sa Pangangasiwa ng Pag-aalaga: Mga programa ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na nagbibigay ng holistic na pamamaraan sa pagtulong sa mga Miyembro na mabuhay nang mas malusog, at kasama ang mga programa sa pag-aalaga sa respiratory at hika, pag-aalaga sa puso, pag-aalaga ng diabetes, pag-aalaga sa transplant, pag-aalaga sa HIV/AIDS, at pag-aalaga sa mataas na panganib na pagbubuntis.

Mga Tagapamahala ng Pag-aalaga: Mga tao sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na sumusuporta sa at tumutulong na mabigyan ang mga miyembro ng edukasyon na nasa Programang Pamamahala ng Pag-aalaga.

Cesarean Section (C-Section): Operasyon sa panganganak ng sanggol sa pamamagitan ng tiyan ng ina.

Certified Nurse Midwife (CNM): Hindi Doktor na Medical Practitioner na lisensiyado bilang Registered Nurse at sertipikadong nurse midwife ng California Board of Registered Nursing.

Certified Nurse Practitioner: Isang registered nurse na nakakumpleto ng advanced na pagsasanay na programa sa isang medikal na kadalubhasaan.

Child Health and Disability Prevention (CHDP) Program: Isang pang-iwas na programa ng California Department of Health Care Services (DHCS) na naghahatid ng pana-panahong pagtatasa ng kalusugan at mga serbisyo sa mga batang maliit ang kita at mga kabataan sa California.

Childhood Lead Poisoning Prevention Program (CLPPP): Nagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad para sa layunin ng pagtaas ng kamalayan tungkol sa mga panganib ng lead exposure, pagbawas ng lead exposure at pagtaas ng bilang ng mga bata na natasa at naaangkop na pagsusuri ng dugo para sa lead poisoning.

Community-Based Adult Services (CBAS): Ang isang outpatient na programang serbisyo na nakabatay sa pasilidad ng Department of Health Care (DHCS) ng California na naghahatid ng skilled nursing care, serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pag-aalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya/tagapag-alaga, pagkain at transportasyon sa mga karapat-dapat na benepisyaryo ng Medi-Cal.

Department of Defense (DOD): Tingnan ang United States Department of Defense (DOD).

Department of Veterans Affairs (VA): Tingnan ang United States Department of Veterans Affairs (VA).

Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders (DSM): Ang karaniwang pag-uuri ng mga sakit sa isip na ginagamit ng mga propesyonal sa kalusugan ng isip sa Estados Unidos.

Pag-alis sa Pag-enroll: Para ihinto ang pagmimiyembro mo sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang Pag-alis sa Pag-enroll ay maaaring boluntaryo (sa hiling ng Miyembro) o hindi boluntaryo (anuman ang gusto ng Miyembro).

DOD (Department of Defense): Tingnan ang United States Department of Defense (DOD).

Matitibay na mga Kagamitang Medikal: Medikal na kailangang kagamitan ng paulit-ulit na ginagamit ng taong napinsala o may sakit, ligtas na gamitin sa loob at labas ng tahanan, at sa pangkalahatan ay hindi kapaki-pakinabang sa mga taong walang sakit o pinsala.

Isang Matatag na Lapangyarihan ng Abogado para sa Pag-aalagang Pangakalusugan: Hinahayaan ang tao na pangalanan ang taong gagawa ng mga medikal na pasya para sa tao kung hindi na makapagsasalita ang tao para sa sarili niya. Maaaring kasama nito ang mga pagpasya tungkol sa suporta sa buhay.

Programang Early Start: Isang programa na binubuo ng mga pangkat ng mga coordinator ng serbisyo, mga tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan, mga espesyalista sa maagang pamamagitan, therapist, at mga espesyalistang dulugan ng magulang na sumusuri at nagtatasa ng mga sanggol o toddler at nagbibigay ng angkop na maagang pamamagitan at serbisyong suporta sa pamilya para sa mga batang kuwalipikado mula sa pagkapanganak hanggang tatlong (3) taong gulang.

Emergency na Pag-aalaga: Medikal na pag-aalagang natanggap kapag may Emergency na Medikal na Kundisyon.

Emergency na Medikal na Kundisyon: Medikal o sikyatrikong (pag-iisip) na kundisyon na may napakalalang sintomas tulad ng aktibong labor (tingnan sa itaas ang kahulugan) o matinding kirot, na ang matalinong taong may kaalaman sa kalusugan o medisina ay makatwirang paniniwalaan na ang hindi pagkakaroon ng medikal na pag-aalaga ay maaaring:

- Maglagay sa kalusugan mo o sa kalusugan ng iyong sanggol sa sinapupunan sa matinding peligro
- Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan
- Magdulot na ang bahagi ng katawan o organo ay hindi gumana ng mabuti.

Emergency Room (ER): Isang lugar ng isang pasilidad ng pag-aalagang pangkalusugan na ginagamit upang magbigay ng mabilis na paggamot sa mga biktima ng biglaang trauma o sakit.

Mga Serbisyong Emergency na Transportasyon (Ambulansiya): Mga emergency na transportasyong serbisyo na nilaan sa pamamagitan ng “911” na sistema ng emergency na tugon, karaniwan ng ambulansiya.

Enteral na Nutrisyon: Ang medikal na termino para sa tube feeding.

Panlabas na Independiyenteng Pagrepaso (EIR): Isang proseso ng California Department of Managed Care sa pagrepaso ng ilang mga hindi pagkakasundo sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Mga Serbisyong para sa Pagpapalano ng Pamilya: Ang mga nasasakupang serbisyo na tumutulong sa mga tao na matutuhan at magplano ng numero at espasyo ng mga bata na gusto nila, sa pamamagitan ng paggamit ng pagkontrol sa pagbubuntis.

FDA (United States Food and Drug Administration): Tingnan ang United States Food and Drug Administration (FDA).

Pederal: The United States of America.

Federally Qualified Health Center (FQHC): Isang sentrong pangkalusugan na tumatanggap ng pera mula sa pederal na pamahalaan upang magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga lugar na walang maraming serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Fee-For-Service (FFS): Isang paraan ng pagbabayad batay sa bawat yunit o sa bawat pamamaraan ng pagsingil para sa mga serbisyong ibinibigay sa isang Miyembro.

Fee-for-Service Medi-Cal: Ang bahagi ng programa ng Medi-Cal kung saan ang mga tagapaglaan ng Medi-Cal ay direktang binabayaran ng estado ng California para sa kanilang mga serbisyo. Kilala rin bilang “regular” Medi-Cal.

Food and Drug Administration (FDA): Tingnan ang United States Food and Drug Administration (FDA).

Formulary: Isang listahan ng mga aprubadong gamot kung saan nagrereseta ang mga tagapaglaan.

Hinaing: Ang pagpapahiwatig ng kawalan ng kasiyahan (reklamo) tungkol sa anumang usapin maliban sa isang NABD.

Mga Opsyon sa Pag-aalaga ng Kalusugan: Ang programang estado ng California na nagpapatala at nag-aalis sa pagkaka-enroll ng mga miyembro ng Medi-Cal sa Medi-Cal Managed Care Plans, at tumutulong sa mga miyembro ng Medi-Cal na pumili o baguhin ang Medi-Cal Managed Care Plans.

HIV (Human Immunodeficiency Virus): Isang impeksiyon na nakukuha sa pamamagitan ng sex, pakikipag-ugnayan sa may impeksyon na dugo, o mula sa ina hanggang sa bata sa panahon ng pagbubuntis, panganganak o pagpapasuso na sanhi ng virus na nagdudulot ng AIDS.

Hospisyo: Pag-aalaga at mga serbisyong ibinibigay sa tahanan o pasilidad sa mga taong na-diagnose na may sakit na nakamamatay at may taning na labindalawang (12) buwan o mas mababa kung ang sakit ay tumatakbo sa normal na kurso nito.

Nasa-Loob-ng-Network: Mga doktor, espesyalista, ospital, parmasya at mga ibang tagapaglaan na may kasunduan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na magbigay ng pag-aalaga sa mga miyembro.

Independiyenteng Medikal na Pagrepaso: Isang proseso ng California Department of Managed Care sa pagrepaso ng ilang mga hindi pagkakasundo sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Mga Indian Health Center: Pasilidad na nagbibigay ng serbisyo sa mga Native American.

Inpatient: Kapag naipasok ka sa ospital o mga serbisyon nakuha mo matapos kang maipasok sa ospital.

Intermediate Care Facility (ICF): Ang isang pasilidad na lisensyado upang magbigay ng dalawampu't-apat (24) na oras sa isang araw na serbisyo, para sa may kapansanan sa pag-unlad, at mga nangangailangan ng habilitative, nursing o patuloy na pangangalaga sa pag-aalaga.

Intermediate Care Facility for the Developmentally Disabled (ICF-DD): Ang isang pasilidad na lisensyado upang magbigay ng dalawampu't-apat (24) na oras sa isang araw na serbisyo, para sa may kapansanan sa pag-unlad.

Habilin ng Isang Nabubuhay: Ang habilin ng isang nabubuhay ay nagpapahintulot sa isang tao na ikomunika ang kagustuhan ng taong iyon tungkol sa kanyang medikal na pag-aalaga kung may nakamamatay na sakit, permanenteng walang malay o nasa vegetative na kalagayan at hindi makapagpasya.

Local Education Agency (LEA): Isang ahensiya ng California Department of Health Care Services na nagbibigay ng ilang serbisyo sa pagtatasa ng kalusugan sa pamamagitan ng mga paaralan.

Pangmatagalang Pag-aalaga: Pag-aalaga sa pasilidad na mas matagal sa buwan ng pagpasok at isang buwan.

Medicaid: Ang programang pangkalusugan ng pederal at estado para sa mga taong mababa ang kita at nangangailangan. Ang programang ito ay pinopondohan ng estado at pederal na dolyares. Sa California, ang programang Medicaid ay tinatawag na “Medi-Cal.”

Medi-Cal: Ang programang pagsasaklaw sa kalusugan ng California. Ang programang ito ay pinopondohan ng estado at pederal na dolyares.

Ang Medi-Cal Benefits Identification Card (tinatawag ding “BIC card”): Ang plastic card na ipinadala sa lahat ng taong karapat-dapat para sa Medi-Cal. Lahat ng mga tagapaglaan ng Medi-Cal ay gumagamit ng BIC card para masuri ang pagiging nararapat.

Medi-Cal Managed Care Health Plan: Isang organisasyon na may mga doktor, espesyalista, klinika, parmasya at mga ospital na nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aalagang pangkalusugan sa mga miyembro nito.

Medi-Cal Managed Care Ombudsman Program: Isang programa ng Department of Health Care Services California na tumutulong sa pamamagitan ng pamamagitan ng mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Miyembro ng Planong pangkalusugan ng Medi-Cal Managed Care at ng kanilang Planong Pangkalusugan at tagapaglaan ng Medi-Cal Managed Care at mga pagtangka na malutas ang mga hindi pagkakaunawaan na ito ng impormal na labas ng pormal na proseso ng hinaing at apela.

Medikal na Pangangailangan/Medikal na Kailangan: Lahat ng nasasaklawang serbisyo na makatwiran at kailangan para protektahan ang buhay, para maiwasan ang kapansin-pansing sakit o kapansin-pansing kapansanan, o maibsan ang malalang kirot sa pamamagitan ng diyagnosis o paggamot ng sakit, karamdaman o pinsala.

Medicare: Isang pederal na programa ng insurance, pangunahin para sa mga tao na anim-na-pung taon (65) o mas matanda.

Miyembro: Nararapat na taong naka-enroll sa Medi-Cal sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Departamento ng Mga Serbisyo para sa Tao: Isang departamento sa loob ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na makakasagot sa mga tanong at matutulungan ang mga miyembrong gamitin ang kanilang mga serbisyo at benepisyo ng Medi-Cal.

Mga Serbisyo sa Pagpapahintulot sa Menor-de-edad: Ang mga nasasaklawang serbisyo ng isang sensitibong katangian na hindi nangangailangan ng mga menor-de-edad ng pahintulot ng magulang na ma-access, na may kaugnayan sa (1) sekswal na pag-atake, kabilang ang panggagahasa, (2) pang-aabuso sa droga o alkohol para sa mga batang labing-dalawang (12) taong gulang o mas matanda, (3) pagbubuntis, (4) pagpapalano ng pamilya, (5) mga nakakahawang seksuwal na sakit (STD) para sa mga batang labing-dalawang (12) taong gulang o mas matanda, at (5) outpatient na pag-aalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga batang labing-dalawang (12) taong gulang o mas matanda na mature na para matalingong lumahok at kung alinman sa (a) mayroong panganib ng malubhang pisikal o mental na pinsala sa menor-de-edad o sa iba o (b) ang mga bata ay ang mga pinaghihinalaang biktima ng incest o pang-aabuso sa bata.

National Institutes of Health (NIH): Isang ahensiyang Pederal na nagsasagawa ng medikal na pananaliksik.

Native American Health Clinic: Isang klinika na nagbibigay ng serbisyo sa mga Native American.

Serbisyong Transportasyon para sa Hindi Medikal na Emergency (NEMT): Transportasyon sa isang medikal na pasilidad para sa Mga Miyembro na hindi maaaring gumamit ng regular na transportasyon (bus, kotse, tren, atbp.) dahil sa isang pisikal o medikal na kondisyon.

Serbisyong Transportasyon para sa Hindi Medikal na Hindi Emergency: Transportasyon sa isang medikal na appointment para sa mga Miyembro na hindi maaaring makapunta sa kanilang appointment dahil ang Miyembro ay nagpapagaling mula sa isang medikal na procedure o malubhang pinsala at ang Miyembro ay walang iba pang paraan upang makapunta sa appointment.

Notice of Adverse Benefit Determination (NABD): Isang abiso na ipinadala ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kapag ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay

nagtatwa o naglilimita sa serbisyong medikal, binabawasan, sinuspinde o tinatapos ang pagbabayad para sa isang serbisyo na tinatanggap ng isang Miyembro, hindi pinahihintulutan ang isang serbisyo sa loob ng ang kinakailangang panahon, o hindi makapagpasya ng isang karaingan o apela sa kinakailangang takdang panahon.

NurseLineSM: Isang serbisyo na ibinigay ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa mga Miyembro nito na nag-aalok ng iba't ibang impormasyon at mapagkukunan ng kalusugan, at may mga nakarehistrong nurse na nagbibigay ng impormasyon at suporta para sa mga tanong at alalahanin sa kalusugan ng mga miyembro.

OB/GYN: Tingnan ang Obstetrician.

Obstetrician (OB/GYN): Isang medikal at operasyong specialty na nagbibigay ng komprehensibong serbisyo para sa mga kababaihan sa buong buhay nila, kabilang ang pag-aalaga ng nagbibinata at nagdadalaga, pangangalaga sa pagbubuntis, at pangangalaga ng menopause.

Office of Family Planning (OFP): Bahagi ng California Department of Health Care Services (DHCS), ang Office of Family Planning ay nagbibigay sa mga tao ng pamamaraan kung saan sila nagpapasya sa bilang, timing at pagitan ng mga anak nila.

Ombudsman Program: Tingnan ang Medi-Cal Managed Care Ombudsman Program.

Labas-ng-Network: Mga doktor, espesyalista, ospital, parmasya at mga ibang tagapaglaan na walang kasunduan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na magbigay ng pag-aalaga sa mga miyembro.

Outpatient: Kapag may procedure ka na ginawa na hindi kailangang manatili ng magdamagan sa ospital.

ID Card ng Plano: Tingnan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ID card.

Mga Pang-iwas na Pag-aalaga sa Kalusugan na Serbisyo: Mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan na dinesenyo para maiwasan ang sakit at/o mga kahihinatnan nito.

Mga Serbisyong Post-Stabilization: Mga serbisyong matatanggap mo matapos ma-stabilize ang emergency na medikal na kundisyon.

Pangunahing Tagapaglaan ng Pag-aalaga (PCP): Ang doktor na nag-aalaga ng karamihan sa mga pangangailangan sa kalusugan ng miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ito ay maaaring pampamilya o general practitioner, internist, pediatrician, o ibang uri ng tagapaglaan. Maaaring piliin ng mga babae ang OB/GYN bilang kanilang Pangunahing Tagapaglaan ng Pag-aalaga.

Paunang Pahintulot: Isang pormal na proseso kung saan ang isang doktor ay nagsumite ng isang kahilingan para sa mga serbisyo bago ibinigay ang pag-aalaga sa Miyembro upang makakuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo nang maaga.

Tagapaglaan o Practitioner: Tao o pasilidad na naghahandog ng pag-aalaga (doktor, Espesyalista, parmasya, dentista, klinika, ospital, atbp.).

Direktoryo ng Tagapaglaan: Isang listahan ng mga tagapaglaan na lumahok sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang pangalagaan ang mga pangangailangan ng pag-aalaga ng kalusugan ng mga miyembro.

Sikayatrikong Emergency na Medikal na Kundisyon: Isang sakit sa pag-iisip na ipinakita ng mga talamak na sintomas na nagbigay sa iyo (1) ng agarang panganib sa iyong sarili o sa iba; o (2) kaagad na hindi mabibigyan, o magagamit, pagkain, tirahan o damit.

Komite ng Pamublikong Polisiya/Komite ng Pagpayo sa Mamimili: Isang komite ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na nagtatrabaho upang tiyakin ang kaginhawahan, dignidad, at pagiging kumbinyente ng mga Miyembro, tinatalakay ang mga isyu ng Miyembro, at lumilikha ng patakaran.

Referral: Isang proseso kung saan pinapadala ka ng iyong PCP sa Espesyalista.

Regular na Medi-Cal: Tingnan ang Fee-For-Service Medi-Cal.

Sacramento County Department of Human Assistance: Nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa kalusugan at panlipunan, na tinataguyod ang wellness, kasarinlan, at mas mahusay na kalidad ng buhay para sa lahat ng mga indibidwal at pamilya sa Sacramento County.

San Diego Department of Health and Human Services: Nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa kalusugan at panlipunan, na tinataguyod ang wellness, kasarinlan, at mas mahusay na kalidad ng buhay para sa lahat ng mga indibidwal at pamilya sa San Diego County.

San Diego o Sacramento County Mental Health Plan: Isang programa sa kalusugang pangkaisipan ng county na nagbibigay ng ilang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa mga karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal.

Screening at Maikling Pamamagitan: Isang komprehensibo, integrated, pamublikong pangkalusugan na pamamaraan sa paghahatid ng maagang pamamagitan sa mga indibidwal na may panganib na magkaroon ng sakit sa pang-aabuso sa sangkap.

Lugar ng Serbisyo: Ang county ng Sacramento o San Diego.

Skilled Nursing Facility: Isang pasilidad na lisensiyadong magbigay ng inpatient na dalubhasang nursing na pag-aalaga, pangrehabilitasyong serbisyo o mga ibang kaugnay na serbisyong pangkalusugan.

Espesyalista: Isang doktor o ibang propesyonal sa pag-aalaga ng kalusugan na sertipikado ng lupon, akreditado o kundiman ay kilala ng lupon ng mga manggagamot o parehong pangkat ng magkakasama, na may espesyal na kadalubhasaan sa partikular na klinikal na larangan ng practice para gamutin ang espesyal na problemang pangkalusugan.

Tagapagkaloob ng Kalusugan ng Kaisipan: Isang tao o entity na lisensiyado, sertipikado o kinikilala o awtorisado sa ilalim ng batas ng Estado na namamahala sa mga sining sa kalusugan upang magkaloob ng Mga Specialty na Serbisyo sa Kalusugan ng Pangkaisipang at nakakatugon sa mga pamantayan para makilahok sa programa ng Medi-Cal.

Serbisyo para sa Specialty na Kalusugan ng Kaisipan:

- Mga serbisyo sa rehabilitasyon, na kinabibilangan ng mga serbisyong pangkaisipang kalusugan, mga serbisyo sa suporta ng gamot, araw na pagpapagamot, masinsinang araw na rehabilitasyon, interbensyon sa krisis, istabilisasyon sa krisis, mga serbisyong pang-adulto na paggamot sa tirahan, mga serbisyo sa krisis ng tirahan, at mga serbisyo sa pasilidad ng sikyatriko.
- Mga sikyatrikong inpatient na serbisyo sa ospital.
- Nakatuong Pamamahala ng Kaso.
- Mga serbisyo ng Psychiatrist.
- Mga serbisyo ng Psychologist.
- Mga serbisyong maaga at panahong pagsusuri, diagnostic at paggagamot (EPSDT) suplementong specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.

Estado: Ang Estado ng California.

Pagdinig ng Estado: Isang proseso ng California Department of Managed Care sa pagrepaso ng ilang mga hindi pagkakasundo sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Pasilidad para sa Sub-Acute: Isang pasilidad na nagbibigay ng isang antas ng pag-aalaga na kinakailangan ng isang taong hindi na-ospital ngunit nangangailangan ng mas maraming pag-aalaga kaysa sa karaniwang ibinibigay ng isang Skilled Nursing Facility.

Nakatuong Pamamahala ng Kaso: Mga serbisyo na nakakatulong sa mga Miyembro ng Medi-Cal Members sa loob ng partikular na mga target na pangkat para makakuha ng access sa kailangang medikal, panlipunan, pang-edukasyon at mga ibang serbisyo.

Telecommunications Device for the Deaf (TDD): Isang espesyal na aparato na kinakailangan sa magkabilang dulo ng pag-uusap na nagbibigay-daan sa mga taong bingi, mahirap na makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita na magamit ang telepono upang makipag-usap, at kilala rin bilang TeleType (TTY).

Telecommunications Relay Service (TRS): Ang serbisyo ng telepono na nagkakaloob sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pananalita na makatawag at makatanggap ng mga tawag sa telepono.

TeleType (TTY): Isang espesyal na aparato na kinakailangan sa magkabilang dulo ng pag-uusap na nagbibigay-daan sa mga taong bingi, mahirap na makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita na magamit ang telepono upang makipag-usap, at kilala rin bilang Telecommunication Device for the Deaf (TDD).

Pananagutan ng Ikatlong Partido: Responsibilidad ng ibang tao sa ilalim ng batas.

Transitional Medi-Cal (TMC): Ang Transitional Medi-Cal ay ang pagsaklas ng pangkalusugang insurance para sa mga pamilya na hindi na kuwalipikado para sa cash aid ng CalWORKs o Medi-Cal para sa mga pamilyang mababa ang kinikita dahil sa mga kita mula sa trabaho. Ang lahat ng mga miyembro ng pamilya ay maaaring makakuha ng walang bayad na Medi-Cal hanggang 12 buwan.

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ID Card (tinatawag ding “ID card ng Plano”): Ang identification card na binigay sa iyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa pag-enroll sa plano.

United States Department of Defense (DOD): Ang Pederal na ahensiyang namamahala sa militar ng Estados Unidos.

United States Department of Veterans Affairs (VA): Ang Pederal na ahensiya na responsable na tulungan ang mga beterano at mga pamilya nila.

United States Food and Drug Administration (FDA): Isang Pederal na ahensiya na responsable para sa pagprotekta sa kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagsiguro sa kaligtasan, pagiging epektibo, kalidad at seguridad ng mga pantao at beteryaryo na gamot, mga bakuna at iba pang mga produktong biolohikal, mga kagamitang medikal, mga pampaganda, pandagdag sa pandiyeta, mga produkto na nagbibigay ng radiation at karamihan sa suplay ng pagkain ng Estados Unidos, at pagsasaayos ng mga produktong tabako.

Agarang Pag-aalaga: Mga serbisyo na kailangan para maiwasan ang malalang pagsama ng kalusugan kasunod ang hindi nakikinitang medikal na kundisyon o pinsala.

Pangangasiwa ng Paggamit (UM): Isang paraan na ginagamit upang hikayatin ang pinakamataas na kalidad ng pangangalaga, sa pinaka-angkop na setting, at mula sa pinaka-angkop na provider.

Programang Mga Bakuna para sa Mga Bata (Vaccines for Children (VFC)): Ang programang pederal na pinondohan na nagbibigay ng libreng bakuna para sa mga karapat-dapat na bata, kabilang ang mga batang

karapat-dapat sa Medi-Cal na labing-walo (18) o mas bata, at namamahagi ng mga update sa pagbabakuna at kaugnay na impormasyon sa mga kalahok na tagapaglaan.

Programa para sa Mga Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata (Women, Infants, and Children (WIC)):

Isang programang nutrisyon ng estado na tumutulong sa mga buntis na babae, mga bagong ina at mga batang bata na kumain nang mabuti at manatiling malusog.

Workers' Compensation: Nagbibigay ng pagsaklaw sa empleyado na napinsala o nagkasakit dahil sa mga tungkuling kaugnay ng trabaho.

Mga Pabatid ng Planong Pangkalusugan ukol sa mga Gawing may kaugnayan sa Pagkapribado

SINASABI DITO KUNG PAANON ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AY MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI. SINASABI DITO KUNG PAANO KAYO MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. BASAHIN ITONG MABUTI.

ANG PAHAYAG NG NAGLALARAWAN SA AMING MGA PATAKARAN AT MGA PAMAMARAAN PARA SA PAGPRESERBA NG PAGIGING KUMPIDENSIYAL NG MGA MEDIKAL NA TALAAN AY MAGAGAMIT AT MAAARING MAIBIGAY SA IYO KAPAG HINILING.

May bisa simula sa Enero 1, 2016.

Kailangan naming protektahan ng pagkapribado ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan ("HI") ayon sa batas. Kailangang ipadala namin sa inyo ang pabatid na ito. Sinasabi nito sa inyo ang tungkol sa kung:

- Paano namin maaaring gamitin ang iyong HI.
- Kailan namin maiibahagi sa iba ang iyong HI.
- Ano ang mga karapatan mo sa iyong HI.

Kailangang sundin namin ang mga patakaran ng pabatid na ito ayon sa batas. Ang "Impormasyon tungkol sa Kalusugan" (o HI) sa pabatid na ito ay nangangahulugan na ang impormasyon ay magagamit sa pagtutukoy sa iyo. May karapatan kaming palitan ang aming mga gawain na may kaugnayan sa pagkapribado. Kapag binago namin ito, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng mail o e-mail, ayon sa pinahihintulutan ng batas. Kapag nagmentina tayo ng website para sa iyong planong pangkalusugan, ilalagay din namin ang bagong abiso sa **myuhc.com/CommunityPlan**. May karapatan kaming ipatupad ng binagong abiso sa HI na hawak namin ngayon at sa impormasyon sa hinaharap. Susundin namin ang batas at bibigyan kayo ng abiso ng paglabag sa HI ninyo.

Kokolektahin namin at itatago ang HI mo para mapatakbo namin ang aming negosyo. Ang HI ay maaaring sa pananalita, nakasulat o elektroniko. Nililimitahan namin ang access sa inyong HI sa aming mga empleyado at mga tagapaglaan ng serbisyo na namamahala sa inyong sakop at nagbibigay ng mga serbisyo. Mayroon kaming mga pagbabantay na pisikal, elektroniko at sumusunod sa mga patakaran, ayon sa mga pamantayang pederal upang mabantayan ang inyong HI.

Paano namin ginagamit o ibabahagi ang iyong impormasyon.

Kailangang gamitin namin at ibahagi ang iyong HI sa:

- Ikaw o ang iyong legal na kinatawan.
- Ang Kalihim ng Department of Health and Human Services.

May karapatan kaming gamitin at ibahagi ang iyong HI para sa ilang layunin. Kailangang gamitin ito

para sa paggagamot sa iyo, para mabayaran ang iyong pangangalaga at para mapatakbo ang aming negosyo. Halimbawa, maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong HI:

- **Pambayad.** Maaari naming gamitin o ibahagi ang HI mo para iproseso ang mga bayad sa premiym at mga paghabol. Maaaring kasama rito ang mga benepisyong para sa pakikipag-ugnayan. Halimbawa, maaari naming sabihin sa doktor kung narapat sa sakop at magkano sa singil ang maaaring sakupin.
- **Para sa Paggagamot o Pangangasiwa ng Pag-aalaga.** Maaari naming ibahagi ang iyong HI sa mga tagapaglaan ng pangangalaga upang matulungan sila na mapangalagaan ka.
- **Para sa Mga Operasyon sa Pag-aalaga ng Kalusugan na kaugnay sa pag-aalaga mo.** Maaari kaming magmungkahi ng isang paraan ng pangangasiwa ng sakit o isang programang para sa kaayusan. Maaari naming pag-aralan ang mga data upang malaman kung paano pa namin mapapahusay ang aming mga serbisyo.
- **Para sabihin sa iyo ang Tungkol sa mga Programang Pangkalusugan o mga Produkto.** Maaaring sabihin namin sa iyo ang ibang mga paggamot o mga produkto at serbisyo. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring limitahan ng batas.
- **Para sa mga Tagapagtaguyod ng Plano.** Maaari naming ibigay ang pagpapatala, pag-alis sa pagpapatala at buod ng HI sa iyong employer plan sponsor. Maaari naming ibigay sa kanila ang ibang HI kung sasang-ayon sila na limitahan ang gamit nito ayon sa inaatas ng atas pederal.
- **Para sa Layunin ng Underwriting.** Maaari naming gamitin ang iyong HI para gumawa ng mga pasya sa underwriting ngunit hindi namin gagamitin ang iyong genetic na HI para sa mga layunin ng underwriting.
- **Para sa Mga Paalala sa Mga Benepisyo o Pag-aalaga.** Maaari naming gamitin ang iyong HI para padalhan ka ng impormasyon sa mga benepisyong pangkalusugan mo o pag-aalaga at mga paalala sa appointment sa doktor.

Maaari naming gamitin ibahagi ang iyong HI ayon sa sumusunod:

- **Ayon sa Inaatas ng Batas.**
- **Sa Mga Tao Na Sangkot Sa Pangangalaga Sa Iyo.** Maaaring ito ay sa isang miyembro ng pamilya. Maaaring mangyari ito kung hindi ninyo makakayang sumang-ayon o tumutol. Ang mga halimbawa ay tulad ng sa isang emergency o kung sasang-ayon kayo o kung hindi kayo tututol kung tatanungin. Kung hindi kayo makatutol, gagamitin namin ang aming pinakamahusay na paghuhusga. Kung mamatay ka, maaari naming ibahagi ang HI sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na tumulong sa iyong pag-aalaga bago ang iyong kamatayan maliban kung ang paggawa nito ay magiging laban sa mga hangarin na ibinahagi mo sa amin bago ka mamatay.
- **FPara sa mga Pamublikong Aktibidad sa Kalusugan.** Maaaring ito ay upang maiwasan ang mga outbreak.
- **FPara sa Pag-uulat ng Pang-aabuso, Pagpapabaya, o Karahasan sa Tahanan.** Makakapagbahagi lamang kami sa mga entidad na pinahihintulutan ng batas na makuha ang HI na ito. Maaaring ito ay isang ahensiyang panlipunan o nagbibigay proteksyon.
- **FPara sa Mga Aktibidad sa Pangangasiwa sa Kalusugan** sa isang ahensiyang pinahihintulutan ng batas na kunin ang HI. Maaaring ito ay para sa paglilisensiya, mga pag-audit at mga imbestigasyon kaugnay ng pandaraya at pang-aabuso.
- **Para sa mga Pamamaraang Pang-hukuman o Administratibo.** Para tumugon sa isang utos ng korte o subpoena.
- **Para sa Pagpapatupad ng Batas.** Para makita ang isang nawawalang tao o para mag-ulat ng isang krimen.
- **Para sa mga Banta sa Kalusugan o Kaligtasan.** Maaaring ito ay para sa mga ahensiya para sa pampublikong kalusugan o sa pagpapatupad ng batas. Isang halimbawa ang emergency o sakuna (disaster).

- **Para sa mga Tungkulin ng Pamahalaan.** Maaaring ito ay para sa gamit ng militar o pang-beterano, para sa pambansang seguridad, o para sa mga serbisyong kaugnay ng pagbibigay ng proteksyon.
- **Para sa Workers' Compensation (bayad kung napinsala sa trabaho).** Para makasunod sa mga batas sa paggawa.
- **Para sa Pananaliksik.** Upang mapag-aralan ang sakit o kapansanan, ayon sa pinahihintulutan ng batas.
- **Para Makapagbigay ng Impormasyon sa mga Naiwan.** Maaaring ito ay para sa isang koroner o medikal na eksaminer. Para sa pagtutukoy ng namatay, malaman ang sanhi ng pagkamatay o ayon sa nakasaad sa batas. Maaari kaming magbigay ng HI sa mga direktor ng punerarya.
- **Para sa Organ Transplant.** Para makakuha ng tulong, kaugnay ng pagkuha, pagtatabi o pag-transplant ng mga organ, mga mata o tissue.
- **Para sa mga Institusyong Koreksyonal o sa Pagpapatupad ng Batas.** Para sa mga tao na nasa custody: (1) Magbigay ng pangangalagang pangkalusugan; (2) Upang protektahan ang inyong kalusugan maging ang kalusugan ng iba (3) Para sa seguridad ng institusyon.
- **Sa Mga Kasapi Namin sa Negosyo** kung kailangan para bigyan ka ng mga serbisyo. Ang aming mga kasamahan ay sumasang-ayon na poprotektahan ang inyong HI. Hindi sila pinahihintulutang gumamit ng HI maliban sa pinahihintulutan ng aming kontrata sa kanila.
- **Iba pang mga Restriksyon.** Ang mga batas pederal at mga batas ng estado ay maaaring maglimita sa paggamit at pagbabahago ng inyong napaka-kumpidensiyal na HI. Maaaring kabilang dito ang mga batas ng estado sa:
 1. HIV/AIDS
 2. Kalusugan ng pag-iisip
 3. Mga pagsusuring genetic o henetiko
 4. Pag-abuso sa alkohol at droga
 5. Mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik at kalusugan kaugnay ng pagkakaroon ng anak
 6. Pang-aabuso sa bata o nasa hustong gulang o pagpapabaya o asuntong sekswal.

Kung angkop ang mas mahihigpit na batas, susubukan naming makasunod sa mga batas na iyon. Nakalalip ang isang dokumentong "Federal and State Amendments" namas detalyadong nagsasalarawan sa mga batas na iyon.

Maliban na lamang sa inihayag sa pabatid na ito, ginagamit lamang namin ang inyong HI kung mayroon kang nakasalulat n apahintulot. Kabilang dito ang pagkuha ng nakasulat ninyong pahintulot na ibahagi ang mga talang psychotherapy tungkol sa inyo, ibenta ang inyong HI sa mga ibang tao, o gamitin ang inyong HI sa ilang mga pangpromosyong pagpapadala. Kung pahihintulutan ninyo kaming ibahagi ang inyong HI, hindi namin maiipangako na ang tao na makakakuha noon ay hindi magbabahagi noon. Mababawi ninyo ang inyong pahintulot, maliban na lamang kung naaksyunan na namin iyon. Para malaman, tumawag sa numero ng telepono na nasa inyong ID card.

Ang mga karapatan mo.

May karapatan kayo na:

- Na hingin sa aming limitahin ang paggamit o pagbabahagi para sa paggamot, pagbabayad o mga operasyong may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan. Maaari ninyong hilingin na limitahan ang pagbabahagi sa mga miyembro ng pamilya o sa iba pang sangkot sa pangangalaga sa inyo o sa pagbabayad nito. Maaaring pahintulutan namin ang mga umaasa sa inyo (dependents) na humingi ng mga limitasyon. Susubukan namin na pagbigyan ang inyong mga kahilingan, ngunit hindi namin kailangang sumang-ayon na gawin ito.

- Para makahiling na makakuha ng kumpidensiyal na komunikasyon sa ibang paraan o lugar. (Halimbawa, sa P.O. Box sa halip na sa tahanan mo.) Sasang-ayon kami sa hiling mo kung maaaring makasama sa iyo ang pagsisiwalat. Tumatanggap kami ng mga kahilingang pasalita o sinabi. Maaari ninyong palitan ang inyong kahilingan. Kailangang ito ay nakasulat. Ipadala ito sa address sa ibaba.
 - Para makakita o makakuha ng isang kopya ng ilang HI na maaaring magamit para makapagdesisyon tungkol sa inyo. Kailangang padalhan ninyo kami ng sulat. Ipadala ito sa address sa ibaba. Kung panatiliin namin ang mga talang ito sa elektronikong anyo, may karapatan kayong humingi ng elektronikong kopya na ipapadala sa inyo. Mahihiling ninyong ipadala ang tala ninyo sa ikatlong partido. Maaari kayo naming padalhan ng isang buod. Maaari kaming maningil para sa mga kopya. Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan. Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan, maaari ninyong iparepaso ang nasabing pagtangi.
 - Para humiling ng pagbabago. Kung sa palagay ninyo na ang inyong HI ay mali o kulang, maaari ninyong hilingin na palitan iyon. Kailangang padalhan ninyo kami ng sulat. Kailangang ibigay ninyo ang mga dahilan para sa mga pagbabago. Ipadala ito sa address na nasa ibaba. Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan, maaari ninyong idagdag ang inyong hindi pagsang-ayon sa inyong HI.
 - Para makakuha ng kuwenta ng HI na ibinahagi sa anim na taon bago ang inyong kahilingan. Hindi isasama dito ang anumang ibinahaging HI: (i) para sa paggagamot, pagbabayad at mga operasyong paras sa pangangalaga ng kalusugan; (ii) Sa inyo o sa inyong pahintulot;
- (iii) Sa mga institusyong koreksiyonal o sa pagpapatupad ng batas. Hindi nito ililista ang mga pagsisiwalat na hindi inaatas ng batas na pederal na bantayan.
- Para makakuha ng kopya sa papel ng pabatid na ito. Makakahingi kayo ng kopya kahit kailan. Kahit pa sumang-ayon kayo na na kuhanin sa elektronikong pamamaraan ang pabatid na ito, may karapatan kayo pa ring makakuha ng isang kopya na nasa papel. Kapag nagmentina tayo ng website para sa iyong planong pangkalusugan, maaari ka ring makakuha ng kopya sa aming website **myuhc.com/CommunityPlan**.

Paggamit ng iyong mga karapatan.

- Para Makontak ang iyong Planong Pangkalusugan (Health Plan). Tawagan ang numero ng telepono na nasa iyong ID card. O, maaari mong kontakin ang UnitedHealth Group Call Center sa **1-866-270-5785, TTY 711**.
- Para Makapagsumite Ng Isang Nakasulat na Hiling. Magpadala sa koreo sa:
UnitedHealthcare Government Programs Privacy Office
MN017-E300
P.O. Box 1459 Minneapolis, MN 55440
- Para Magsampa Ng Isang Reklamo. Kung sa iyong palagay ay nilabag ang mga karapatan mo sa pagkapribado, maaari kang magpadala ng reklamo sa address na nasa itaas.

Maaari mo ring ipaabot sa Kalihim o Secretary ng ng U.S. Department of Health and Human Services.

Hindi kami gagawa ng anumang aksyon laban sa inyo sa paghahain ninyo ng isang reklamo.

SINASABI NG PABATID NA ITO KUNG PAANO ANG IMPORMASYONG PINANSIYAL TUNGKOL SA IYO AY MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI. ARALIN ITONG MABUTI.

May bisa simula sa Enero 1, 2016.

Kami ay magbibigay ng proteksyon sa inyong personal na “impormasyong pinansiyal” (“FI”). Nangangahulugan dito na ang mga walang kinalaman sa kalusugan na impormasyon tungkol sa sinuman na mayroong sakop sa pangangalagang pangkalusugan o sinuman na nag-a-apply para sa sakop. Ito ay impormasyon na magtutukoy sa tao at sa pangkalahatan ay hindi pampubliko.

Ang impormasyong kokolektahin namin.

Kukuha kami ng FI tungkol sa inyo mula sa:

- Mga aplikasyon o form. Maaaring ito ay pangalan, tahanan, edad at numero ng social security.
- Mga transaksyon ninyo sa amin o sa iba. Maaaring ito ay data tungkol sa bayad na premium.

Pagbabahagi ng FI.

Hindi kami nagbabahagi ng FI tungkol sa aming mga miyembro o dating mga miyembro, maliban lamang kung inaatasan o pinapayagan ng batas.

Para patakbuhin ang aming negosyo, maaari naming ibahagi ang FI sa aming mga kaanib nang wala kayong pahintulot. Ito ay upang masabi sa kanila ang tungkol sa inyong mga transaksyon, tulad ng bayad sa premium.

- Sa aming mga kasaping korporasyon, kabilang na ang mga tagapaglaan ng serbisyong pampinansyal, tulad ng ibang mga kompanyang nagbibigay ng insurance at mga kompanyang di-pampinansyal tulad ng mga nagpoproseso ng data (data processors);
- Sa ibang mga kompanya sa aming mga pang-araw-araw na layuning pang-negosyo, tulad ng pagpoproseso ng mga transaksyon mo, pagpapanatili ng (mga) account mo, o para tumugon sa mga utos ng korte at mga legal na pagsisiyasat; at
- Sa ibang mga kompanya na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, kabilang na ang pagpapadala ng mga komunikasyon na pang-promo sa ngalan namin.

Pagkakumpidensiyal at seguridad.

Nililimitahan namin ang access sa iyong HI at FI sa aming mga empleyado at mga tagapagbigay serbisyo na namamahala sa iyong sakop at nagbibigay ng mga serbisyo. Mayroon kaming mga pagbabantay na pisikal, elektroniko at sumusunod sa mga patakaran, ayon sa mga pamantayang pederal upang mabantayan ang inyong FI.

Mga tanong tungkol sa pabatid na ito.

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa pabatid na ito, mangyaring tawagan ang toll-free ng numero ng telepono ng miyembro sa likod ng oyong ID card ng planong pangkalusugan o makipag-ugnayan sa UnitedHealth Group Customer Call Center sa **1-866-270-5785 o TTY 711**.

Pagpapalabas ng Protektadong Impormasyon

Pangalan ng Miyembro _____ ID # _____

Address _____

Aking pinahihintulutan si _____

Address _____

na ilaan ang sumusunod na impormasyon sa _____

Address _____

para sa koordinasyon sa pag-aalaga sa kalusugan, koordinasyon ng mga benepisyo at mga ibang layunin para sa pangkalusugang insurance.

Panlipunang Kasaysayan

Mga Pinahintulutang Serbisyo/Paggamot na Natanggap

Sikayatrikong Pagsusuri

Diyagnosis

Sikolohikang Pagsusuri

Buod ng Mga Serbisyonang CM

Mga Plano sa Koordinasyon ng Serbisyo

Mga Ibang Referral/Konsultasyon

Mga Ibang

Kaugnay ng HIV na Impormasyon/Katayuan

Naabisuhan ako at nauunawaan ko na maaari kong bawiin ang pahintulot na ito anumang oras sa pamamagitan ng pagpapaalam sa UnitedHealthcare Community Plan of California sa pamamagitan ng sulat. Ang pagpapawalang bisa ay hindi epektibo para sa pagsisiwalat ng pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan na naganap na. Naiintindihan ko na hindi maaaring gawing kundisyon ng UnitedHealthcare Community Plan of California ang pagkakaloob ng paggamot, pagbabayad, pagpapatala sa planong pangkalusugan o pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagkakaloob ng awtorisasyon. May bisa ang awtorisasyong ito simula sa _____. Hindi ito mapapaso hanggang maabisuhan ko ang UnitedHealthcare Community Plan of California ng nakasulat.

Miyembro o Personal na Kinatawan / Relasyon sa Miyembro

Petsa

Saksi

Petsa

Member Services
UnitedHealthcare Community Plan of California
4365 Executive Drive, Suite 500 San Diego, CA 92121
1-866-270-5785, TTY 711

Form ng Hinaing at Apela

Pangalan ng Miyembro _____ ID # _____

Address _____

Numero ng Telepono: (Bahay) _____ (Trabaho) _____

Pakipili ng isa sa mga sumusunod:

- HINAING – Hindi ka ba nasisiyahan sa bagay maliban sa pasya sa benepisyo o bayad sa paghabol na ginawa namin?
- HINAING – Hindi ka ba nasisiyahan sa pasya sa benepisyo o bayad sa paghabol na ginawa namin?

Pakisalarawan ang inaalala mo nang detalyado gamit ang mga pangalan, petsa, at mga lugar ng serbisyo, oras sa araw at mga isyu na naganap. Kung angkop, pakisaad ding kung bakit dapat pag-isipan ng UnitedHealthcare Community Plan of California ang pagbabayad sa mga hiniling na serbisyong hindi karaniwang nasasaklawan. Pakimail ang nakumpletong form na ito sa address na nakalista sa ibaba.

Pangalan, Address ang numero ng Telepono ng Awtorisado mong Kinatawan, kung mayroon man:

(Lagda)

(Petsa)

**Member Services
UnitedHealthcare Community Plan of California
Grievance and Appeals
P.O. Box 31364
Salt Lake City, UT 84131-0364**

Ang California Department of Managed Health Care ay may pananagutan sa pamamahala ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay may karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, kailangan mo munang tawagan sa telepono ang iyong planong pangkalusugan sa **1-866-270-5785, TTY 711** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago ang pagtawag sa departamento. Ang paggamit nitong pamamaraan ng karaingan ay hindi humahadlang sa anumang potensyal na legal na karapatan o mga remedyo na maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emergency, isang karaingan na hindi kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi nalulutas sa loob ng higit 30 araw, maaari mong tawagan ang departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapatdapat para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal (IMR). Kung karapat-dapat ka sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pagpapasyang ginawa ng isang planong pangkalusugan kaugnay ng medikal na pangangailangan sa isang iminumungkahing serbisyo o panggagamot, pagpapasya ukol sa saklaw para sa mga panggagamot na pang-eksperimento o pansiyasat ang kalikasan, at alitan sa pagbabayad para sa mga medikal na serbisyong pang-emergency o agaran. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (1-888-HMO-2219) at TDD line (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita.

Ang Internet website ng departamento <http://www.hmohelp.ca.gov> ay may mga form para sa reklamo, IMR na mga form sa aplikasyon, at mga tagubilin na makukuhang online.

Narito Kami Para sa Iyo.

Tandaan, lagi kaming handang sagutin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon ka. Tumawag lang sa Member Services sa **1-866-270-5785, TTY 711** Lunes hanggang Biyernes 7:00 a.m. – 7:00 p.m. Maaari mo ring kaming bisitahin online anumang oras sa **myuhc.com/CommunityPlan**.